Ilan ba sa inyo ang makapagbabalik-tanaw sa unang araw ninyo sa Malcolm Hall, pawisan pang tumatakbo nang di mahuli sa klase ninyo sa College of Law, walang ibang hangad kundi ang maging sandata laban sa katiwalian, laban sa mapang-abuso at laban sa mga kalaban ng katarungan?

Ngayon, marami na po sa inyo’y abogado na. Kaliwa’t kanan na ang mga okasyong kailangan ninyong daluhan. Sa ibabaw ng inyong mesa, sampung dangkal na marahil ang mga papeles na dapat ninyong pirmahan. Santambak na ang mga karaniwan at pang-araw-araw ninyong tungkulin sa law firms, sa



korte, sa iba't ibang pampubliko at pribadong opisina. Marami na sa inyo ang abala sa paninigurong sila ay bihis-abogado, gupit-abogado, amoy-abogado, galaw-abogado, pormang-abogado. Ang panawagan ko lang po, maalala sana natin palagi kung paano maging abogado.

Tiwala ko pong kaisa ko kayo sa aking paninindigan: Wala sa laki ng sahod, o gara ng damit o sasakyan ang pagiging abogado. Ang abogado ay kakampi ng katarungan. Ang abogado ay kakampi ng mga api sa lipunan. Ang abogado ay sumumpang pagsilbihan ang bayan.

Marahil, sa isang sulok nitong silid, may mga bumubulong na napaka-idealistic ng sinasabi ko. Sa katunayan, simple lang ang nais kong ipaabot na mensahe. Maging daan sana ang reunion na ito upang manumbalik, hindi lang ang saya, ang pait, ang mga alaala nang kayo'y nagsusunog pa ng kilay upang mairaos ang abogasya. Higit sa anuman, ang nais ko sana ay magbalik-tanaw din kayo sa tunay na adhika ninyo noong kayo ay inaaruga pa ng UP. Sa gitna ng inyong salu-salo, manumbalik din sana ang mithiin ninyong maging tapat na mga bantayog ng walang-pinapanigang hustisya at tagapaghatid ng katarungan para sa lahat. Huwag po sana ninyong bibiguin ang inyong mga kababayan. Huwag sana ninyong bibiguin ang inyong bansa. Huwag sana ninyong bibiguin ang inyong propesyon. Huwag sana ninyong bibiguin ang inyong mga sarili.

Nagtagumpay na kayo sa larangang inyong kinabibilangan. Umaasa akong mas makapag-aambag pa kayo, lalo na sa pagtataguyod natin ng tunay na



demokrasya. Makakamit lamang ito kung naipagkakaloob ang hustisya para sa ating mamamayan. Maaabot lamang natin ito kung higit na napagtutuunan ng pansin ang kapakanan ng taumbayan. Huwag nating bigyan ng puwang sa ating burukrasya ang mga indibidwal na ginagamit lamang ang kanilang katalinuhan para sirain ang pundasyong itinatag ng marami sa inyong mga alumni. Naniniwala ako na ang UP Law ay hindi nagkulang sa kaniyang responsibilidad sa bayan.

Hindi ho tulad nung isang eskwela na akin pong narinig sa kanyang mga estudyante: ang una raw pong kurso na kanilang dinaanan ang tawag “Introduction to Law.” Sabi po ng lecturer, “there are two kinds of lawyers: the one who knows the law and the other who knows the judge.”—“Introduction to Law,” ganoon kaagad ang ipinakita.

Hindi natin makalilimutan ang matalas at matapang na opinyong ligal na isinagawa ng UP Law center noong taong 2005 na nagsiwalat sa maanomalyang Northrail Project na nagkakahalaga ng limang-daang milyong dolyar na humigit-kumulang ay katumbas sa dalawampu’t dalawang bilyong piso na kung nagkataon ay pinapasan na natin ngayon. Salamat po kay Senator Drilon, salamat po sa UP Law Center nang naharang po ang proyektong iyan.

Kabilang din ang UP Law sa mga nagbigay ng boses para ipagtanggol ang karapatang-pantao laban sa mga mapang-aping proklamasyon ng nakaraang administrasyon.

Upang lalong mapaigting ng UP ang kanilang pagbabantay sa bayan, tayo



ay naglaan ng isang daang milyong piso para sa Faculty Development Fund nito para sa susunod na taon. At malamang po, hindi na po tatanggap ng umento si Dean Leonen. Umaasa tayo na ang UP Law ay patuloy na magiging kaakibat ng administrasyong ito sa paglaban sa mga tiwali at baluktot, patungo sa tuwid na landas.

Hindi laging madali ang pagtahak sa tuwid na landas. Pareho po ang pananaw natin ukol dito: hindi dapat magsinungaling, hindi dapat mangopya, at hindi ho dapat magnakaw o gumamit ng mga pagsusuring walang pahintulot o wastong pagkilala sa may-akda nito. Hindi rin dapat sinisindak o tinatakot ng mga nakatataas ang mga taong nais lamang na ipahayag nang malaya ang kanilang opinyon at ilantad ang katotohanan. Ang mga patakaran na nariyan na noon pang panahon ni Mahoma ay hindi dapat ginagamit para pagtakpan ang kasalanan ng mga naligaw sa baluktot na daan. Kaisa ako ng buong UP Law, lalo na ang tatlumpu't pitong miyembro nito, sa kanilang adhikain na ituwid ang baluktot na daan. Wala po akong inaaway. Nagsasabi lang po ng totoo. Malapit na po ang Pasko, bawal makipag-away.

Inaasahan po ng taumbayan na maging totoo at pantay ang katarungan para sa lahat. Nagsusumikap po tayo na ibalik ang tiwala ng taumbayan sa mga institusyon, kaya nga po makikiusap tayo sa Korte Suprema upang maging bukas sa posibilidad ng pagbo-broadcast ng paglilitis sa Maguindanao Massacre.

Dalawa lamang po ang punto natin dito. Una, hindi naman po yata

makatarungan na ilulubog pa natin sa kahirapan ang mga pamilya ng biktima, dahil sa paggastos ng pamasaha upang masubaybayan ang paglilitis. Ikalawa po, at higit sa lahat, nais po nating ilahad sa buong bayan na walang itatago at walang kikilingan ang hustisya sa kasong ito.



Batid po nating masalimuot ang daan tungo sa pagbabago. At aaminin ko pong hindi ko ito kakayaning mag-isa. Kailangan ko ang tulong ng mga gaya ninyong may kakayahang maitaguyod ang katarungan sa lipunan. Nakasalalay sa pagkakaisa natin ang tagumpay ng mandato nating makamit ang pagbabago. Walang dapat maiwan sa kaunlarang atin nang nararanasan at patuloy na pangangalagaan.

Naitakda na po natin ang direksyong ating tatahakin. Matagal-tagal din po tayong kinumutan ng kadiliman. Ang kagandahan nito, sa sobrang dilim ng kahapon, kitang-kita na natin ngayon ang bawat kislap ng liwanag. Ito po ang patuloy na nagbibigay sa atin ng pag-asa. Nasa panibagong yugto na tayo kung saan pinananatili nating nag-aalab ang liwanag na gagabay sa atin tungo sa makatarungan at tunay na kasaganahan.

Muli, binabati ko po kayo sa tagumpay ng pagtitipong ito. Maraming salamat at mabuhay po ang Unibersidad ng Pilipinas!



TALUMPATI NI

KAGALANG-GALANG BENIGNO S. AQUINO III

PANGULO NG PILIPINAS

SA IKA-25 ANIBERSARYO NG

PHILIPPINE DAILY INQUIRER AT SA

PAGLULUNSDAD NG COFFEE TABLE BOOK NA

“FROM NINOY TO NOYNOY:

25 YEARS OF THE PHILIPPINE DAILY INQUIRER”

[Inihayag sa Rizal Ballroom, Makati Shangri-La noong ika-1 ng Disyembre, 2010]

Vice President Jejomar Binay; Ms. Marixi Prieto, Chair of the Philippine Daily Inquirer; Ms. Sandy Prieto-Romualdez, President; Ms. Letty Jimenez-Magsanoc, Editor-in-Chief; former Chief Justice Artemio Panganiban; Excellencies of the Diplomatic Corps; Mr. Manny Pangilinan; Mr. Ramon Ang; Mr. Andrew Tan; Don Jaime Zobel de Ayala; Mr. Tony Tan Caktiong; Mr. Lance Gokongwei; Atty. Gozon; Tessie Sy and a lot of others that I didn't see, I apologize; honored guests; mga minamahal kong kababayan:

Magandang gabi po sa inyong lahat.



Isang karangalan po ang maging bahagi sa silver anniversary ng Philippine Daily Inquirer (PDI). Maging hudyat sana ang inyong ikadalawampu't limang taon, hindi lamang sa pagbuhos ng mas marami pang biyaya at tagumpay para sa PDI, kundi maging ang patuloy ninyong pagpapatibay sa patas at walang-kinikilingang pamamahayag.

Nagpapasalamat din po ako sa lahat ng taong nasa likod ng inilulunsad nating coffee table book, "From Ninoy to Noynoy: 25 years of the Philippine Daily Inquirer." Dahil sa napapanahong paglilimbag ng librong ito, naniniwala ako sa kakayahan nitong ipamulat sa mga Pilipino, lalo na sa mga kabataan—na sektor po namin ni Vice President—ang mga pinagdaanan ng ating bayan sa nakalipas na dalawampu't limang taon. Mula sa mga orihinal na litrato noong Martial Law, hanggang sa mga matatapang na editoryal na nagtulak sa People Power Revolution, nanindigan kayo sa tapat na pamamahayag. Mula sa mga balita sa nagbabantang pagputok ng Pinatubo, hanggang sa mga artikulong bumabandila sa husay nila Manny Pacquiao at Efren Peñaflorida, naihatid ninyo ang lahat ng ito nang buo sa publiko. Samakatuwid, bawat pahina ng aklat na ito ay magsisilbing inspirasyon upang manatiling buhay sa alaala natin ang mga madilim, gayundin ang mga maliwanag na bahagi ng ating kasaysayan. Ang mga karanasan at aral nito ang magtutulak sa atin upang higit pang bantayan at patuloy na ipaglaban ang tunay na



demokrasya.

Kasama ko rin po ang sambayanang Pilipino na sumasaludo sa tagapagtatag ng Philippine Daily Inquirer, si Ginang Eugenia Duran Apostol. Sa halip na mamuhay nang tahimik at mapayapa at komportable, mas pinili niyang labanan ang diktadurya. Kahit pa batid niyang may kapahamakang nagbabanta, walang-alinlangan niyang inilunsad ang Philippine Daily Inquirer. Di naglaon, ang munting bulong ng inyong “mosquito press” ay lumakas at dumagundong sa bawat sulok ng bansa, upang malaman ng mga tao na may mali sa gobyerno, at kailangan ang nagkakaisang pagkilos upang makamit ang pagbabago. Masigasig ninyong sinundan ang kampanya ng aking ina noong siya ay tumakbo sa pagka-pangulo noong 1986, ang pagbubuklod ng mga tao sa People Power Revolution, at ang tuluyang pagbagsak ng rehimeng Marcos.

Napakalaki ng utang na loob ng sambayanan sa inyong walang-takot na pagbubunyag sa katotohanan. Dahil sa inyong tulong, naibalik at naging buhay na buhay ang demokrasyang marapat lamang na matamasa ng mga Pilipino.

Pagkalipas ng dalawampu’t limang taon, hindi nawala ang dedikasyon ng PDI na manguna sa pagharap sa mga bago at dumaraming hamon sa larangan ng pamamahayag. Iba na ang panlasa ng mga mambabasa. Marami na tayong kababayan na naghahangad ng mas mabilis, mas maikli, at mas siksik na paraan ng pagbabalita. Imbes na bumili ng

diyaryo sa kanto, marami na ang mas pinipiling makatanggap ng mga newsfeeds sa Internet. At hindi nagpapahuli ang PDI dito. Anumang oras ay bukas ang Inquirer.net para sa mga mahilig mag-Internet, at kung tipo pa rin ng iba ay ang makinig kesa magbasa, andiyan naman ang Radyo Inquirer. Patunay lang po ito na lumipas man ang maraming taon, isa lamang po ang hindi kailanman magbabago sa PDI: ang pagiging tapat nito sa bansa at sa katotohanan.

Pero nakakabahala po, tila hindi lubusang makamit ng mga Pilipino ang tunay na tagumpay. Matapos ang EDSA I, hindi tumigil ang pagtatangka ng mga gahaman at mapang-abuso na ikulong muli sa selda ng kurapsyon at katiwalian ang ipinaglalaban nating kalayaan. Patunay ang nakalipas na mga taon na may mga opisyal sa pamahalaan na pilit ibinabalik ang kadilimang dati nang naghari. Tulad noong Martial Law, naging laganap muli ang panggigipit at pagpapakulong sa mga mamamahayag na ang tanging kasalanan lamang ay ang paghahatid ng katotohanan sa kanilang mga kababayan. Ang masama, nang hindi na po sila nakuntento sa pagpatay sa balita, nagsimulang makaranas ang media ng kakaibang uri ng blackout: pinaslang na rin nila ang mismong tagapaghatid ng balita.

Sino ba naman ang makalilimot sa kasuklam-suklam na Maguindanao massacre? Nagimbal ang buong mundo sa karumal-dumal na pagkitil sa buhay ng limampu't walong katao, tatlumpu't dalawa dito ay miyembro



ng media. Ipinamulat nito sa atin na hindi pa rin pala natin lubusang nakakamit ang demokrasya; na hindi pa rin pala tuluyang malaya ang media.

Responsibilidad nating ibalik ang tiwala ng taumbayan sa gobyerno, kaya po tayo humihingi ng pang-unawa sa Korte Suprema na payagan ang pagbo-broadcast ng paglilitis sa Maguindanao Massacre. Ginagawa po natin ito, hindi para pangunahan sila. Simple lamang po ang hangad natin: kung gusto natin ng pantay na karapatan, ilahad natin sa buong bayan na wala tayong itinatago at ang tanging iiral sa kasong ito ay katarungan lamang. Nagawa na po ito sa maraming paglilitis. Bakit naman hindi ito puwede ngayon, hindi po ba?

Doble-kayod na din po ang Philippine National Police sa paninigurong ligtas ang mga mamamahayag. May inilabas na po silang Handbook on Personal Security Measures for Media Practitioners, at pangungunahan din nila ang mga seminar para higit na maipaliwanag ang saklaw ng kanilang programa na bantayan ang mga miyembro ng media. Naglabas na rin po sila ng mga posters at reward money na nagkakahalaga ng hindi bababa sa 18.4 million pesos upang matugis ang mga sangkot sa pagpaslang sa mga peryodista sa bansa. Maliban sa pinag-aaralan naming pagtatatag ng isang Special Presidential Team na tututok sa mabilis na pag-usad ng mga kaso kaugnay ng mga extra-judicial killings, dinagdagan natin ang pondo ng witness protection program sa 2011

budget. Nakasalalay ang tagumpay ng isang kaso sa kakayahan nating pangalagaan ang mga saksi. Noong 2009, 25 percent lamang po ang conviction rate na nakamit ng ating justice system. Subalit sa mga kaso kung saan may mga saksing sumailalim sa witness protection program, 95 percent ang conviction rate. Kaya naman po ang dating 84 million pesos ay ginawa na nating 141 million pesos upang mas mapangalagaan natin ang mga nais humarap na maging saksi, at higit nating mapatibay ang pagpataw ng katarungan sa lipunan. Hangarin natin na kung sinumang may ginawang masama sa tao at lipunan ay makatatanggap ng kaukulang parusa. Matapat natin itong isinusulong upang matiyak nating ligtas ang mga mamamahayag at para magawa nila ang kanilang tungkulin na maghatid ng tunay, responsible at walang-pinapanigang pagbabalita.

Malinaw ang ipinarating ng aking amang si Ninoy tungkol sa halaga ng media sa isang malayang lipunan. Ayon po sa kanya, “A free media is indispensable if a democracy is to function efficiently, if it is to be real. The people, who are sovereign, must be adequately informed all the time.”

There is no doubt that media plays an active role in guarding our freedoms and making the powerful accountable. At a time when our institutions were weak, the media put truth to power for the well-being of our citizenry. But as much as we would like to believe otherwise, the



media does not operate in a vacuum. It is not immune from the pressures heaped on any institution with power and influence. Journalists and media men alike have been our guardians against corruption, but they must also be vigilant in condemning those from their own ranks who try to exert a corrupt influence on the government.

I am saying this not due to my personal wishes, but because the media's currency is credibility. It would be a disservice to our journalists and broadcasters, and especially to our countrymen, if it were to be terminally afflicted with the disease of corruption and deceit. Every journalist must focus his or her efforts to ensure that there is a trustworthy, transparent relationship between the government, the media, and, most importantly, the Filipino people.

This is the only thing that freedom asks of us: that we become responsible in exercising it and nurturing it. I invite you to work with us. We need your help to encourage media to maintain the highest level of professionalism, integrity, and truth-telling. Together, it is vital for us to raise the level of public discourse so that important issues are distinguished from vulgar personalities and trivial stories. For some time now, the Inquirer has featured positive stories, particularly in its Sunday Inquirer edition; but beyond the positive, there should also be thorough reporting. A newspaper of record after all, has to feature the complete record.



Like many other media organizations, the Inquirer has ignited its fair share of controversies. Like the crusading papers before Martial Law, you have borne the brunt of official displeasure because of your scoops and exposés. You have also marked the moments that have transformed this nation.

With the rest of the nation, you mourned the passing of my mother, but also made her frown several times in her lifetime. Such is the cycle of life and the news.

You chronicled the clamor for me to seek the presidency, yet after reading your paper, I sometimes feel that I'm losing even more of my hair. But, and may I emphasize: that is how it should be. You are not here to praise me. You are here to be fair to me, to the Filipino people, and to be true to yourself and to your vocation.

And this is precisely the meaning of democracy. This is the path the Filipino people have committed to, and we all have a role to play in defending it.

Kapag lumipas na po ang anim na taon, at natapos na ang aking termino, isa lang po ang magiging personal na sukatan ko sa tagumpay ng aking administrayon. Kapag nakita ko pong ang pamahalaan, ang media at ang pinagsisilbihan nilang taumbayan ay nagkakaisang binabantayan ang demokrasya, patungo sa isang mas maunlad na bansa, puwede ko na po sigurong ipagmalaki sa mga magulang ko na naging mabuting anak ako



sa kanila. Nanilbihan akong matapat, at higit sa lahat, naging mabuti akong Pilipino.

Muli, maraming salamat sa Philippine Daily Inquirer sa inyong patuloy na pagiging ehemplo ng responsable at matapang na pagbabalita. Maraming salamat lalo na sa inyong Lifestyle editors na hindi makatiis na magreport sa love life ko: at least totoo at hindi eksaherado ang inilalabas ninyo.

Maraming, maraming salamat po, at mapayapang gabi po para sa ating lahat.



**SPEECH OF
HIS EXCELLENCY BENIGNO S. AQUINO III
PRESIDENT OF THE PHILIPPINES
AT THE 62ND ANNIVERSARY
OF THE UNIVERSAL DECLARATION
ON HUMAN RIGHTS**

[Delivered at Heroes Hall, Malacañan Palace on December 10, 2010]

History tells us that the most advanced societies are those that have had a healthy respect for human rights. From the ancient Greeks to Europe's Renaissance, progress was built on creativity, openness, and respect for the individual. This is what we are commemorating today: the milestone achieved in 1948 that established a covenant to protect human rights.

I would like to greet all who join us in celebration today. It has been 62 years since the Universal Declaration on Human Rights was proclaimed in Paris, and from Paris, it has advanced toward true universality—having been translated into 375 languages and dialects, and reaching countries all over the world, including our beloved Philippines.




Today's commemoration should focus our attention on the poor and the powerless. It is they who are the most likely to be deprived of the rights we celebrate today. This declaration has redefined for them and for the societies in which they live, our human dignity as a non-negotiable birthright for all and not just a few.

The challenges we have had to overcome in the cause of human rights have not been easy. I grew up in an era where human rights were often violated. My father, together with many others, was a victim. Our family and their families were victims too, and so many of our countrymen who were alive at the time share the same story. We know more than anyone that the blatant disregard of liberties will only bring us further into the dark.

This is why I am here to reaffirm to all of you today that our country stands in solidarity with you. The Philippines, as a signatory to most of the major international human rights treaties and instruments, must live up to its commitments. In contrast to the dark era that once engulfed us, we are now making certain that our commitments to these treaties do not remain paper promises because for the first time in nearly a decade, we have a government that is indeed serious about human rights.

As you probably know, the Armed Forces of the Philippines has established a Human Rights Office, which serves as the main platform for addressing all human rights and international humanitarian law issues involving the Armed Forces. The recent designation of General Domingo

Tutaan as head of this office has further strengthened its capabilities. The AFP is also set to publish a handbook that will orient the troops on human rights and international humanitarian law. 

Furthermore, the Philippine National Police has crafted the Human Rights Desk Operations Manual. This provides information and operational procedures to police personnel manning the PNP Human Rights Desks. Handbooks have also been prepared for regional police offices and media organizations as useful guides in light of the risks they face in the conduct of their duties.

We are also working overtime to prevent new cases of human rights violations and to continue to resolve previous cases.

For example, of the 39 work-related murders of media men reported by the Philippine National Police, 85 percent have had charges filed in their respective cases. In particular, there have been significant developments in the two journalist-related cases that have occurred during our term.

In the case of Miguel Belen, a murder charge is already pending against the two suspects before the Regional Trial Court of Iriga City. On the other hand, the case of Jose Daguio has already been set for initial hearing.

Today, Justice Secretary Leila de Lima will sign a department order creating the DOJ Task Force, which will review all reported and unresolved cases of extrajudicial killings and enforced disappearances. Through the reviews, they will recommend measures for the effective and expeditious



investigation and prosecution of the cases. Moreover, this task force has been mandated to speed up the resolution of cases with sufficient evidence and the necessary re-investigation to re-open cold files.

And there is the case of the Morong 43.

The medical workers were arrested in the waning days of the Arroyo administration on the suspicion that they were aiding NPA insurgents. These are valid concerns. Nevertheless, we recognize that their right to due process was denied them. As a government that is committed to the rule of law and the rights of man, this cannot stand. Therefore, I have ordered the DOJ to withdraw the informations filed before the court. This will, in effect, subject to court approval, free those among them who have no other standing warrants in other courts.

The people have clamored for a government that is trustworthy and transparent in its actions, and we are taking significant steps towards fulfilling that promise to them. Violators of human rights will be held accountable for their actions, and the state will protect, with unflagging commitment, the rights of all its citizens.

Let this be a concrete example of how our administration is working in the broad light of day to build a country where the law protects us equally. The culture of silence, injustice, and impunity that once reigned is now a thing of the past.

And before I end, may I just reiterate something I learned from my

father: Human rights have to be universal, have to be for everyone. When one's rights are violated, you set the groundwork for violating everybody's rights—so all includes our security forces, our peasantry, those below the poverty line, those who have more in this life.



Thank you and good day.



**TALUMPATI NI
KAGALANG-GALANG BENIGNO S. AQUINO III
PANGULO NG PILIPINAS
SA IKA-65 NA ANIBERSARYO NG
PARTIDO LIBERAL**

[Inihayag sa Club Filipino, San Juan noong ika-19 ng Enero 2011]

Magandang umaga po sa ating lahat.

Marami tayong hindi inasahang pangyayari nitong mga huling taon, ngunit siguro nga ay itinadhana ang kasalukuyan nating kinatatayuan ngayon, dahil ito rin naman ang ipinaglaban natin nang pagkatagal-tagal. Nagbunga po ang lahat ng ating sakripisyo, kasama pa ang sakripisyo ng mga nauna sa atin.

Sasariwain ko lang po sandali: Dito rin mismo sa Club Filipino, halos isa't kalahating taon na ang nakalilipas—ang pangulo ng ating partido, si Mar Roxas, ay nagbigay-daan at pinili ang pagkakaisa kaysa pagkakawatak-watak.

Dito rin ako tumugon sa panawagan ng taumbayan, nang idineklara ko ang aking kandidatura.



Kung mamarapatin nating gunitain, dito rin sa gusaling ito nanumpa ang aking ina bilang Pangulo, matapos makamtan ang tagumpay ng taumbayan sa EDSA.

Naging matayog ang bandila ng Liberal sa pinakamadidilim na kabanata ng ating kasaysayan. At ngayon, sa wakas, Liberal na ang nagtitimon ng ating bangka ng bayan.

Ang ibig pong sabihin nito, nagbunga na po ang mga ipinaglaban ng ating henerasyon ng Liberal. At nasa lugar po tayo upang pagbungahin pa ang ating mga ipinaglalaban para sa susunod na henerasyon ng Pilipino.

Gaya po ng paulit-ulit kong sinasabi, puwede na muling mangarap. At lumalapag po sa ating mga balikat, bilang namumunong partido, ang tungkuling itulay sa realidad ang mga pangarap ng taumbayan. Hindi po madali ang tungkuling ito—tingnan nga po ninyo, iilang buwan pa lang ako sa puwesto ay numipis na nang ganito ang buhok sa bumbunan ko. Baka nga pagbaba ko sa puwesto, lima't kalahating taon mula ngayon, pati kilay ko ay nalagas na.

Ito po ang hamon sa atin. Paano kaya tayo tutugon? Kaya po ba nating pangatawanan ang tungkuling kaakibat ng tiwalang ibinigay sa atin ng taumbayan? Kaya ba nating isakatuparan ang mga pagbabagong kaytagal nang ipinapangako ng nasa gobyerno, ngunit hindi matupad-tupad?

Sigurado po akong kaya natin ito, lalung-lalo na sa pamumuno ng ating mga opisyal. Ang Liberal, hindi napapako sa pangako. Ang Liberal,




kapakanan ng bayan ang inuuna. Ang Liberal, hindi malilibis sa tuwid na landas ng tapat at malinis na panunungkulan.

Integridad po ang puhunan natin para sa pagbabago. Sa liwanag ng tapat na pamamahala, magbabalik ang tiwala: tiwala ng taumbayan at ng buong mundo. Sa pagbalik ng ating pambansang dangal, papasok ang kapital, aangat ang ekonomiya, at lahat mananalo. Sa ipinupunla nating tapat at marangal na kilos sa ngayon, ang mga susunod na henerasyon naman ang aani ng mas magandang bukas.

Ngayon pa nga lamang po, nagpapakitang-gilas na tayo sa ating itinalagang tungkulin. Coca-cola, Pfizer, Hewlett-Packard—ilan lang po iyan sa mga kumpanyang nagpanata ng kalakal dito sa ating bayan. 2.4 billion dollars, direktang katumbas ng apatnapu't tatlong libong trabaho sa iba't ibang industriya. Sa Estados Unidos lamang po iyan, hindi pa kasama ang nakapanatang 2.86 billion dollars mula sa Japan na posible pang madagdagan ng 2.6 billion dollars. Lahat ng ito ay magbubunga rin ng kabuhayan at trabaho para sa ating mga mamamayan.

Kabi-kabila ang mga groundbreaking ceremony na dinadaluhan natin: Nestle, Hanjin, IBM; mula Subic hanggang Cebu; mula barko hanggang gusali. Bawat isa dito ay magdadala ng kabuhayan sa ating mga kababayan.

Wala pa po diyan ang multiplier effect ng mga ito na tinatayang magbibigay ng aabot sa dalawandaang libong trabaho sa Pilipino. Magsisimula na pong pumatak ang mga trabahong ito sa pagkumpleto ng mga papeles nila—isang

prosesong dati ay inaabot ng siyam-siyam, pero isinaayos na po natin sa tulong ng gabinete upang maibaba sa isang taon. 

Kasabay po ng paglalatag natin ng reporma ay ang pagpapalit din ng buong diwa ng pamumuno. Halimbawa nga po itong isyu ng pagtaas ng toll at pasahe sa MRT at LRT, na napakaraming bumabatikos. Akala siguro nila nasa lumang panahon pa tayo. Ang hindi po nakikita ng ilan sa ating mga kasama sa pamahalaan, ginagawa po natin ito para sa kapakanan ng taumbayan. Di po ba't mapupunta rin naman sa taumbayan ang sarili nilang pera: direktso po ito sa mas magandang serbisyo, mas maayos na mga daanan, at mas maluwag na mga kalsada.

Kaya nga po tayo nahaharap sa ganitong dilema ay dahil artipisyal na pinababa ang presyo ng pamasaha at toll. Minana po natin ngayon ang mga problemang nag-ugat dahil sa maling pasya ng kahapon.

Nasa gobyerno po tayo para gumawa ng mahihirap na desisyon na magbubunga ng mas maayos na serbisyo, at hindi para magpapogi lamang. Iyan po ang ipinanata natin noong kampanya, at iyan ang patuloy nating tinutupad: Tibay ng loob upang magpatupad ng nararapat na reporma. Integridad, na magbubunga ng pagbabago, na magbubunga ng mas mabuting buhay para sa ating mga kababayan.

Lahat po ito—ang pag-akit sa mga investor, ang pagpapakita ng tibay ng loob sa harap ng mahihirap na desisyon—ay nasa ilalim ng mas malawak na agenda natin para sa makatarungan at pantay-pantay na lipunan. Sa



administrasyong Liberal, walang laglagan, walang maiiwan, mahirap o mayaman, nasa poder o karaniwang mamamayan.

Iyan po ang batayan nating prinsipyo, kaya nga't nagbuhos tayo ng pondo sa mga sektor na magbibigay ng salbabida sa mga mahihirap nating kababayan. Pagkakataon ko na pong magpasalamat sa ating mga kapartido sa kongreso, na nagpasa ng budget sa taong ito; budget na nagbibigay ng sapat na halaga sa edukasyon, kalusugan, at programang iibsan ang kahirapan, tulad ng conditional cash transfers.

Kahapon lamang po ay tinipon natin ang gabinete upang pag-usapan ang ating legislative agenda. Gaya po ng ating panata at ng inaasahan ng taumbayan, nakasandal po ang ating legislative agenda sa plataporma natin—ang kontratang susukli sa tiwalang kaloob ng Pilipino. Alam ko pong patuloy kong maaasahan ang pagkakaisa at karangalan ng ating partido upang isulong ang legislative agenda ng ating administrasyon.

Patuloy na suporta rin ang alam kong ibibigay sa akin ng ating mga kapartido sa lokal na pamahalaan. Pambansa po ang diwa ng integridad, katapatan, at katarungang panlipunan, ngunit malaking bahagi ng pagpapatupad ang nakasalalay sa lokal na pamahalaan. Tapat na paggastos, wastong pamamalakad ng mga programa, at pagpuksa sa mga elementong sumasakal sa mamamayan; siguro naman po ay makatarungan lamang umasa, bilang kapartido, na patuloy tayong maglilingkod sa ilalim ng bandila ng pagbabago—bandilang Partido rin natin ang nagtindig.



Iyan po ang ibig sabihin ng pagka-Liberal, mula pa ng panahon ng mga nagtaguyod nito, hanggang sa henerasyon ng aking ama, hanggang sa araw ng aking panunumpa, hanggang sa ngayong taumbayan na mismo ang nagpakita ng pakikiisa sa ating agenda. Iyan po ang kinakatawan ng lideratong inihalal natin ngayon.

Kasabay po ng karangalang dala ng ating kasaysayan ay ang karangalan ding dala ng pagkakataong sa wakas ay maipatupad na ang mga batayang prinsipyo ng ating partido. Apatnapu't limang taon na po mula nang huling may Liberal na naging pangulo ng bansa; animnapu't limang taon naman mula nang itindig ang partido mula sa abo ng digmaan. Matagal-tagal din po tayong lumaban sa kadiliman.

Gunitain din po natin: ang aking ama, dating Secretary-General ng ating Partido, ay pauwi na sana upang buuin at pagtibayan ang mga Liberal laban sa kadiliman, nang siya ay pinaslang. Sadya po yatang itinakda na ang anak—ang ating henerasyon—ang magtutuloy ng sinimulan ng kanyang ninuno.

Ngayon po ay may panibagong liwanag nang tumatanglaw sa ating bayan. Mga bisig po natin ang nag-aangat ng liwanag na iyon: bisig ng Liberal na tinakot, ngunit hindi natinag; sinaktan, ngunit hindi sumuko; tinukso, ngunit hindi ipinagkanulo ang tiwala ng taumbayan.

Kinakausap ko po kayo ngayon, hindi lamang bilang pangulo ng bansang minamahal nating lahat, ngunit mas lalo na, bilang isang kapartido.



Nililinaw lang po natin iyan, dahil baka may nakikinig sa labas at sa kanilang mga telebisyon, baka may magbasa po nito sa diyaryo na hindi pa batid hanggang ngayon: Ako, si Noynoy Aquino, ay isang Liberal. Karangalan ko pong mapabilang sa inyong hanay.

Maraming salamat at magandang umaga.



**TALUMPATI NI
KAGALANG-GALANG BENIGNO S. AQUINO III
PANGULO NG PILIPINAS
SA FLAG RAISING CEREMONY
NOONG UMAGA NG IKA-25 NA ANIBERSARYO
NG EDSA REVOLUTION**

[Inihayag sa People Power Monument, EDSA noong ika-25 ng Pebrero 2011]

Nang idineklara ni Ginoong Marcos ang Martial Law noong Setyembre 23, 1972, hindi naman lahat ng Pilipino ay nagimbal sa ideyang ito. Sa katunayan, may mga sumang-ayon pa dito dahil sa tingin nila, ito ang tatapos sa lumalaganap na kaguluhan daw noon.

Alam naman po natin kung ano talaga ang nangyari. Sa halip na maging maunlad, naging kaliwa't kanan ang nangyaring patayan. Lumobo sa dalawampu't limang libo ang mga namundok at sumali sa iba't ibang mga kilusan. Nagsiksikan sa mga kulungan ang oposisyon na hinabol ng militar at kapulisan. Ang dapat na sumasaklolo para sa kaligtasan, naging sila pa ang kinatatakutan.



Bahagi ng mandato ng mga pulis at sundalo na sundin ang anumang utos ng kanila pong “boss”. Kapag may ipinadakip si boss, “sir yes sir” agad. Kapag may ipinasarang estasyon ng telebisyon o radyo si boss, hindi mo pa napipihit ang lipatan ng channel, wala na ang pinapakinggan mong balita. Miski Voltes V nga po ay pinatulan pa. Namayani ang ganitong madilim na sistema sa loob ng labing-apat na taon. Nangyari ito dahil nakalimutan na sa anumang sistema, ang taumbayan ang dapat na kinalalagyan ng kapangyarihan. Ang Pilipino ang nararapat na boss at hindi si Ginoong Marcos.

Ngunit hindi po manhid ang atin pong mga sundalo at kapulisan. Nagsimula silang magtanong: Ginagawa ko ba ito para protektahan ang taumbayan? Ang mga utos ba sa amin ay may mabuting naidudulot? Nakita nila na ang lipunang nilalapastangan ng diktadurya ay lipunang saklaw din sila at ang kanilang mga mahal sa buhay.

Mas lalo namang hindi manhid ang taumbayan. Ang mga dating tagasunod ni Ginoong Marcos ay unti-unting namulat sa katotohanang hindi ang kinabukasan nila ang itinataguyod niya kundi ang makasariling interes lamang ng kanyang pamilya. Unti-unti, napansin ng mga Pilipinong habang nababawasan ang pagkain nila sa mesa, parami naman nang parami ang mga sapatos sa kabinet ni Ginang Imelda. Nang naging sukdulan na ang kamay na bakal, iisa ang naging tanong ng mga sundalo, ng mga pulis, ng mga madre, ng mga estudyante, at ng buong sambayanan: Hahayaan ko

bang manaig ang ganitong sistema? Iisa rin ang naging tugon nila: Hindi.



People Power ang naging tugon ng milyun-milyong Pilipino. Nanindigan ang mga sundalo sa kanilang prinsipyo: Taumbayan ang boss ko, hindi ang nagpapakasasa sa puwesto. Nagsalubong sa EDSA ang nagkakaisang mithiin ng mga sundalo at sibilyan; dagdag pa rito, pareho nilang kinilala na hindi mareresolba sa dahas ang mga problema ng bayan. Kaya naman ang dating takot at pagdududa sa pagitan ng ordinaryong Pilipino, sundalo, at pulis ay bumuo ng higit na matibay na pagtitiwala at pag-asa. Ito ang pambihirang pamana ng mga Pilipino sa mundo: isang mapayapang rebolusyon.

Ang pagtitipon natin ngayon ay patunay na buhay ang pamanang ito sa bawat isa sa atin. Naniniwala tayong sa halip na magkawatak-watak, maaari tayong magkaisa; sa halip na magnakaw, maaari tayong maging tapat sa katungkulan; at sa halip na matakot, maaari tayong magtiwala sa ating pamahalaan. Ang tanong ngayon: Paano natin mapapanatili ang ganitong matiwasay at nagkakaisang samahan? Ang sagot: responsableng pamamahala, at tamang paggugol sa pera ng taumbayan.

Sa kasamaang palad po, ayaw man pong aminin ng ilan, hindi nangyari sa nakalipas na dekada ang dalawang bagay na ito. May mga naging taksil sa kanilang katungkulan. May mga nanlimas sa kaban ng bayan.

Kaya naman todo-kayod ang inyong pamahalaan sa pagpapatupad ng reporma upang matugunan ang pangangailangan ng taumbayan, saklaw na ang kasundaluhan. Nagbubunga na po ang mga repormang



ito. Ang halimbawa po nito ang pagpapatayo ng hindi bababa nga po sa dalawampung libong housing units para sa atin pong mga sundalo at pulis sa sobrang abot-kayang halaga nitong taon na ito. Kung dati ang sundalo ay nagbabayad ng aabot sa limang libong piso kada buwan para sa upa, ngayon dalawandaang piso na lang ang ibabayad ninyo, para sa bahay na kayo mismo ang magiging may-ari. Ang matitipid po ninyo, mapupunta sa inyong hapag-kainan, sa edukasyon ng inyong mga anak, at sa iba pang mga bagay na karapatan naman ninyo bilang malayang Pilipino.

Hindi natin ito hinugot sa kung saang pondo. Walang hokus-pokus po dito. Dahil sa tamang pamamalakad at sa masinop na paglalaan ng pera, nakatipid tayo at nakabuo tayo ng pabahay para sa atin pong mga kawal at kapulisan. Kung walang nanlilimas sa kaban ng bayan, aasenso ang mga Pilipino. At nagawa po natin ito sa loob lamang ng walong buwan sa puwesto.

Iyan din siguro ang diwa ng demokrasya. Tumitibay ito kung ang taumbayan ay nagsisimulang maniwala sa kanilang gobyerno; kung lalo silang nakikilahok, kaysa itakwil ang sistema. Halimbawa, ‘yun pong dalawampu’t limang libong sumali sa kilusan noong panahon ng Batas Militar, problemang minana ng aking ina, bumaba po ito sa anim na libo bago matapos ang kanyang termino. Hindi po kumplikado ang batayang prinsipyong ito. Ang nangyari lang, nagtaguyod ang pamahalaan ng isang sistemang mas ginusto ng taong salihan, kaysa buwagin.

Ngayon, sa pagtahak natin sa iisang direksyon, ganyang klase ng sistema ang itinataguyod natin. Kapag may isinampa kang kaso, may aasahan ka dapat na katarungan. Kapag nagtapos kang mag-aral, may aasahan ka dapat na trabaho. Ito dapat ang bunga ng demokrasya. Ito ang hamon sa atin ng EDSA.



Ngayong umaga, ipakita nating buhay ang People Power at hindi ito nagtapos sa apat na araw noong Pebrero 1986. Sa tuwid na pamamahala, at sa pagsugpo natin sa kurapsyon, palayain natin ang bayan natin mula sa kahirapan. Mga minamahal kong kababayan, ang mas maliwanag na bukas ay ginagawa na natin sa ngayon. Sama-sama natin itong isakatuparan.

Magandang umaga po. Maraming salamat sa inyong lahat.



**TALUMPATI NI
KAGALANG-GALANG BENIGNO S. AQUINO III
PANGULO NG PILIPINAS
SA PAGTATAPOS NG
PHILIPPINE MILITARY ACADEMY
“LAON-ALAB” CLASS 2011**

*[Inihayag sa Fort General H. del Pilar, Baguio City noong
ika-6 ng Marso 2011]*

Ang araw pong ito ay isa na namang tagumpay ng ating bansa. Sa pagtatapos ng isandaan siyamnapu't anim na kadete ngayong umaga, muli na na namang pinatunayan ng Philippine Military Academy ang kanilang pambihirang kakayahan na magpanday ng mga tapat at matatapang na tagapagtanggol ng bayan. Nais ko ring bigyang-pugay ang mga magulang na gumabay sa mga magsisipagtapos ngayong araw. Dahil sa inyong pagsusumikap na magpamana ng mas magandang kinabukasan sa inyong pamilya, hindi lamang ang inyong mga anak ang binibigyan ninyo ng matiwasay na buhay; maging ang bansa ay binibiyayaan ninyo ng pag-asa.



Alam kong hindi biro ang mga pinagdaanan ninyong pagsasanay bago makapagtapos. Daan-daang mga pagsusulit ang kinailangan ninyong ipasa. Libu-libong mga pisikal na pagsubok ang matagumpay ninyong nilampasan. Sinubok ang hangganan ng inyong lakas, dunong, at pagtitimpi upang kayo ay hubugin, at maging karapat-dapat na bahagi ng sagradong tradisyon ng Philippine Military Academy. At ngayong handa na kayong lumabas sa bakuran ng Fort del Pilar, dapat kayong mamulat sa katotohanang may mga hadlang na ngayon lamang ninyo makakaharap; kurapsyon, kawalang-hustisya, at kahirapan. Reresponde kayo sa mga liblib at mahihirap na lugar, at kayo lamang ang magsisilbing mukha ng pamahalaan. Aasahan kayo ng mga mamamayan, hindi lamang para iligtas sila mula sa kapahamakan, kundi upang isalba sila mula sa kahirapan. May mga makikilala rin kayong mga nagbabalatkayong mga politiko, sisilawin kayo gamit ang limpak-limpak na pera, at aalukin kayo ng kapangyarihan, upang akitin kayong tumaliwas at lumiko palayo sa tuwid na daan. Sasabak kayo sa giyera kung saan ang armas lamang ninyo ay ang inyong konsensya. Hindi na ito pagsusulit. Tapos na ang mga pagsasanay. Sa tunay na mundo, hindi pataasan ng grado ang laban. Hindi nakasalalay sa ranggo o sa dami ng medalya at parangal ang inyong karera. Sa labas ng kampong ito, at sa mata ng ordinaryong Pilipino—katapatan, malasakit sa kapwa, at katapangan: ito ang magiging sukatan ng inyong kadakilaan.

Buo ang aking pagtitiwala sa lahat ng kasapi ng Class of 2011 “Lakas



Tipon, Alagad ng Bayan” o LAON-ALAB, na hindi kailanman magmamaliw ang ningas sa inyong puso, at hindi kailanman mabubuwag ang tatag ng inyong integridad. Ang Presidential Saber na iginawad natin sa class valedictorian na si Cadet First Class Angelo Edward B. Parras ay sagisag na dahil sibilyan ang inyong Commander-in-Chief, ang pinagmumulan ng inyong kapangyarihan ay galing sa inyong tunay na Boss, ang taumbayan. At makakaasa kayong mananatiling pursigido ang inyong pamahalaan na isulong ang mga repormang nagtataguyod sa interes lamang ng sambayanan.

Dati, namayani ang sistema kung saan tila nahihikayat ang kaliwa’t kanan na pagnanakaw dahil wala naman pong nangyayari. Tila naging uso ang pagbubulag-bulagan, ang pagbibingi-bingihan, at ang pananahimik. Kaya naman ang mga dapat na hinahabol ng batas, labas-pasok sa ating bansa, nagbabakasyon ang misis sa kung saan. Ang mga dapat na nagpapatupad ng batas, pinapairal ang katamaran, at nagpapalaki lamang ng tiyan. Hindi ito mangyayari sa ating administrasyon. Ngayon, itatama natin ang mali, at itutuwid natin ang mga baluktot na patakaran. Pananagutin natin ang mga magnanakaw, sampu ng kanilang mga kakuntsaba. Wala tayong kukunsintihin; wala tayong sasantuhin. May mandato tayong dapat nating isakatuparan. May hustisya tayong hindi natin hahayaang yurakan ng kapalpakan ninuman. Alam kong sa kabila ng mga isyung kasangkot ang ilan sa inyong hanay, mananaig pa rin ang inyong katapatan sa bandila at taumbayan. Huwag ninyong hayaang dungisan ng iilang tao lamang ang kapita-pitagang institusyon na ito.



Ano nga ba ang bunga ng ating mga reporma? Ano nga ba ang idinudulot ng isang responsableng sistema? Dahil po seryoso ang krusada natin laban sa kurapsyon, dahil masinop tayo sa paggugol ng kaban ng bayan, nagawa natin sa loob lamang ng walong buwan ang hindi nagawa sa halos sampung taon. Nabanggit ko na po kamakailan ang hindi bababa sa dalawampung libong murang pabahay na handog natin sa kawani ng Armed Forces of the Philippines at ng Philippine National Police nitong taon pong ito. At maganda na rin po nandito si Vice President Jejomar Binay, dahil siya po ay malaking bagay sa paggawa ng mga bahay na iyan.

Alam rin nating kahit gaanong kaganda ang itinuturong teorya at taktika, kung wala namang armas, at bagsak ang moral ng mga kawal, wala rin po itong kwenta. Kaya naman habang itinataguyod ninyo ang seguridad at buong tapang na nilalabanan ang karahasan at kriminalidad, sinusuklian namin ito ng pagtutok sa inyong mga pangangailangan. Ang mga botas at armas na inyong gagamitin sa pakikipaglaban, at ang sapat na sahod at benepisyong inyong matatanggap ay patunay na buo pa rin ang tiwala ng administrasyon sa kasundaluhan at kapulisan, at saludo po kami sa malasakit ninyo sa bayan.

Bilang mga susunod na pinuno ng ating bayan, nakaatang sa inyong mga balikat ang katuparan ng pangarap ng marami nating kababayan. Kaya naman itatalaga na natin bilang bagong AFP Chief si General Eduardo Oban, mula sa PMA Class of '79. At si General David naman po ay hindi




natin pakakawalan sa serbisyong publiko.

Wala akong duda sa kakayahan niyang ipagpatuloy ang mga repormang sinimulan ni General Ricardo David, at lalo pang paigtingin ang mga programang pangkapayapaan ng Sandatahang Lakas. Nawa’y magsilbi siyang inspirasyon sa class LAON-ALAB upang mas mabilis nating makamit ang mga hinahangad natin sa atin pong bayan.

Alalahanin ninyo ang araw na ito. Palagi ninyong tanungin kung bakit magkakaharap tayo ngayon. Nandito kayo hindi para magpayaman. Kaharap ko kayo ngayon dahil pinili ninyong magmalasakit sa bayan. Kaya naman umaasa akong kapag may nagbagsak ng isang trak na salapi sa inyong harapan, kaya ninyo itong tanggihan dahil mas namamayani pa rin ang prinsipyong ipinunla sa inyo ng PMA: katapangan sa anumang laban, integridad sa kabila ng tukso, at katapatan sa bandila. May obligasyon tayong lahat na dapat gampanan; may panata tayong sinumpaang. Isabuhay natin ang mga ito nang may dangal, at pagkalooban natin ng mapayapa at ginintuang kinabukasan ang susunod na salinlahi.

At bago po ako magtapos: Ako naman po ay galing rin po sa isang batch na may “1” sa dulo, kaya lang nga ho ‘81. Napansin ko, tatlong dekada na pala ang pagitan natin. Pag-alis po ninyo sa institusyon na ito, sa susunod na mga araw parati po kayong mangangailangang gumawa ng desisyon. Siguro ho talagang napakatalino ng nagtalaga ng pangalang Fort del Pilar, ito pong campus niyo. Labas-pasok kayo dito nakatingin po si Gregorio del Pilar sa

inyo; at kayo po tinitingala natin. Ang kadakilaan ni Gregorio del Pilar— namili siyang magmahal sa bayan keysa alagaan ang kanyang pansariling interes.

Kaya naman po sa mga darating na araw, ‘pag kayo po ay nagdududa, itatanong na lang ninyo sa sarili ninyo, kayo ba’y tagasunod ni Gregorio del Pilar, tinitingala ng taumbayan o kayo ho ba’y gagaya doon sa mga puro amnesia na lang ho ang napala?

Ulitin ko lang po, hindi ho kayo pupurihin o lalaitin dahil lang sa pakana ng iba. Lahat po iyan ay nagmumula sa atin pong ginawa.

Congratulations po sa nagtapos, lalo na sa kanilang mga magulang, sa kanilang mga guro. ‘Yun pong talumpati ng ating class valedictorian, sana po isabuhay natin araw-araw.

Magandang umaga po. Maraming salamat sa lahat.



**TOAST OF
HIS EXCELLENCY BENIGNO S. AQUINO III
PRESIDENT OF THE PHILIPPINES
AT THE STATE BANQUET HOSTED BY
INDONESIAN PRESIDENT SUSILO BAMBANG
YUDHOYONO**

[Delivered at the Istana Negara, Jakarta, Indonesia on March 8, 2011]

Allow me to thank Your Excellency, President Susilo Bambang Yudhoyono and the government and people of Indonesia, for your warm welcome. This visit has been extremely productive, as demonstrated by the agreements we have reached.

Beyond that, however, may I share a personal epiphany I have reached in this visit, which goes far beyond treaties and agreements? Allow me to share a few observations:

On the way to Universitas Pelita Harapan, in the gigantic billboard you have put up for me and my delegation, I saw the words, “Selamat datang,” which I learned meant “Welcome.” Now in my language, those two words are extremely familiar—selamat sounds so close to salamat, which is “thank you”



in Tagalog; and datang, which hews very close to the Kapampangan word for “arrival.” Taken together, those two words signify gratitude for an arrival. I would like to say now that I am even more impressed, and very grateful for your warmth and hospitality you have bestowed upon us.

I learned your word for love is *chinta*. This doesn’t mean I practiced it this afternoon. Again, this sounds very close to my native word for love, which is *sinta*. One letter of difference. I hope this remark does not invite comments on my bachelorhood, as it does back home.

I also learned that your word for “address” is *alamat*, which means in our Tagalog tongue, “myth” or “legend.” It means also “point of origin,” where roots sprout from and where history begins. And during the performance earlier—again, we have a similar word if not identical word for child, which is *anak*, for which all of our efforts seem to be so geared at.

Thus is my epiphany. Though we may be separate as nations, our commonalities bind us. Though our flags may proudly wave emblazoned with different colors, the same wind holds them high and proud above any difference or challenge that may separate us.

This is our path toward the future. We must constantly seek and cultivate common ground; we must always kindle the fire of tolerance and consensus as we hurdle the many issues that confront our nations and the region.

We are brothers and sisters born of the same ancestors, and may our children, our common *anak*, enjoy the future that our forefathers envisioned.



Your Excellency, Ladies and Gentlemen; may I propose a toast:

To the health of my good friend and role model, President Susilo Bambang Yudhoyono;

To the people of Indonesia and your shared passion with the Filipino—a passion for aspiration and actualization .

To the very spirit of oneness between the peoples of the Philippines and Indonesia, and the constant reaffirmation that we live in one region, exist in one world, and fight for one tomorrow.

In Tagalog we say, “Mabuhay po kayo;” and now may I also add: Long live Indonesia and its people.



**SPEECH OF
HIS EXCELLENCY BENIGNO S. AQUINO III
PRESIDENT OF THE PHILIPPINES
AT THE SINGAPORE BUSINESS FORUM**

[Delivered at the Shangri-La, Singapore on March 11, 2011]

The first question any government asks itself is “What would we like to achieve?” Vision is a prerequisite for good leadership, and I think that despite the many different paths toward its fulfillment, every nation aspires for one thing: the betterment of the lives of its people.

Yesterday I met with your business leaders inside the Fullerton, and learned that it was once a post office building. But rather than let it fall into disrepair and neglect, you have transformed it into one of your country’s prime hotels.

Seeing what was done with the Fullerton inspired me; it made me realize what my job entails. I see myself as a sort of building administrator, tasked to look after a building in a state of disrepair. I lead a nation that has for so long been neglected. My job is to fix the things that need fixing, so that



the building—my nation—may perform to its fullest capacity, and my people may live better lives.

The challenge is to find the things that need to be fixed; the need to redesign, retrofit, and enhance the building while the occupants continue to use it, while at the same time making their occupancy more comfortable while reconstruction is ongoing.

Simply put, this means making sure that no one goes hungry; that the welfare of the people is treated as a priority; that each citizen is granted the opportunity to fulfill his potential and no one gets left behind.

This is not an impossible feat. Your nation has shown the world that good leadership translates into progress. We intend to join your ranks among developed nations; the next question, then, is how?

Growth rates are a clear indication of how far into the path of progress a nation is. My nation has been held back in this path due to wrong governance. I am committed to addressing the challenges that have hampered our growth for quite some time now.

To extend my metaphor, redesigning the building of state means redesigning the culture of governance. I was elected President based on a platform of alleviating poverty by curbing corruption; and I intend to abide by this principle.

Reforms have been set: In the military, where faulty procurement practices have robbed our soldiers of decent equipment and dignified living

standards; in the judiciary, where Lady Justice's scales have tipped toward the privileged few; and all across the bureaucracy, where a lack of integrity and competence has been the norm, rather than the exception.



We are likewise addressing the challenges rooted upon a lack of infrastructure that will make the Philippines a more attractive investment destination. In other words, this means retrofitting efforts to existing challenges in order to come up with solutions.

My administration is pursuing its thrust of greater cooperation between the public and private spheres, and by the end of this month, we expect to bid out five Public-Private Partnership projects as testament to our willingness to engage and empower the private sector.

There is renewed optimism and enthusiasm among our people and the government. For instance: Our Department of Public Works and Highways has committed to concreting all national roads by the end of my term, while saving at least ten percent of each year's budget. We are also in the process of expanding handling capacities of a number of airports in the country in order to accommodate what we expect to be an influx of tourists and business travelers in the country. This will include increasing the capacity of the airports in Cebu, Bohol, and Palawan. To go back to my original analogy, this means enhancing what we already have in order to make the steps we are taking more potent.

There is likewise the challenge of using the meager resources at our




disposal so that we can meet our goal of a progressive Philippines sooner rather than later. Your own water reclamation facilities serve as an inspiration to us in this regard. You were faced with a seemingly unsolvable problem: how to provide water for all your needs, with so little work with. Other people might have cursed their luck or given up. But you persevered, and committed to a vision, nurtured an economy that can fund the necessary structure, you refused to be victims of circumstance. And you overcame. Thank you for setting an example for us.

The inefficient use of resources has added on to the leakages due to corruption, and this has robbed our people of services and opportunities. In the past eight months, we passed a national budget on time for the first time in the past 11 years. Our Department of Budget and Management generated more than P250 million in funds by terminating more than ten agencies and programs that were no longer delivering intended outcomes.

Already our efforts are bearing fruit. The Philippine growth rate of 7.3 percent is its highest in the last 30 years. Continued growth in my country will be fuelled by investments that are already coming in from both domestic and foreign sources. In particular, the business process outsourcing and electronics industries in my country promise to take us further on the path to progress. Recently I was pleased to be informed that we already have the fourth largest shipbuilding industry.

Other initiatives to improve the business environment in the

Philippines are also underway. As I have mentioned, many investors have already expressed interest in our tourism industry. 

In response to this, we are addressing the restrictions on foreign carriers that have been extant for decades. We are finalizing the details of an executive order that will liberalize the entry of foreign carriers in a way that will not decimate our local carriers, for we need these local carriers to address the needs of our overseas workers in case of emergencies such as those happening in the Middle East today. Under this order, we will allow foreign carriers to fly into key destinations in the Philippines.

Beyond that, we are also addressing technical and regulatory issues that have been allowed to worsen in the previous decade. This led to the banning of Philippine aviation into Europe and the downgrading of Philippine carriers to category 2 under US FAA regulations. The Civil Aviation Authority of the Philippines (CAAP) has been given a year to resolve these issues so that Philippine carriers can resume flights to European destinations and that we will be removed from Category 2 under FAA regulations.

Once these bottlenecks have been resolved, we will embark on an aggressive marketing campaign that will brand and sell the Philippines as a key tourist destination in the outside world.

My administration is also keen ensuring that progress is felt by all, and not just by those atop the economic ladder. We are committed to ensuring that economic gains redound to the majority of our people—in other words, with



the redesigning, retrofitting, and enhancement, we remain committed to the welfare of our occupants of the building that is our state.

We strengthened an existing conditional cash transfer program by more than doubling its budget, from P10 billion pesos to P21.2 billion pesos. We have allocated P8.89 billion for 2011, an almost 60% increase compared to the 2010 budget of P5.6 billion for education. This will pave the way for the construction of 11,926 additional classrooms—which will ultimately pave the way for a better-educated workforce that can power industry.

In the past decade, hope has been hard to come by in my country. Even after the overwhelming mandate handed to me in the last elections, there still exist a few naysayers and cynics. For too long a time, my people have been deprived of hope. They birthed, fuelled, and supported my campaign, resulting in a mandate, and a renewed sense of hope and commitment.

And now, no one doubts the simple truth that we are addressing the core obstacles toward national advancement. We may face many challenges, but my country now has a government with a strong mandate and an even stronger commitment to address these challenges. We are here, and are ready to reclaim our rightful place in the community of nations.

The Fullerton stands tall and proud as a beacon of what can be done. You have proven this, and we invite to be part of our own reconstruction. Your government has already signified its willingness to help a brother nation reach the same heights that you have reached; I invite the Singaporean business

community to take part in this wonderful opportunity as the Philippines rises to the sky. Partnering with us holds both tangible and intangible rewards; it means also a commitment to lifting the lives of a people who only recently had learned how to dream again.



I am grateful for the support of the Singaporean government and its private sector in our quest to make it known to the region and to the world that the Philippines is finally on the path toward progress.

Thank you and good day.



TALUMPATI NI

KAGALANG-GALANG BENIGNO S. AQUINO III

PANGULO NG PILIPINAS

**SA KANYANG PAGDALO SA MISA PARA SA MGA
MAGTATAPOS SA MGA PAARALANG LOYOLA,
PAMANTASANG ATENEO DE MANILA**

*[Inihayag sa High School Covered Courts ng Ateneo de Manila noong ika-25
ng Marso 2011]*

Maraming salamat po. Maupo ho tayong lahat. Maraming salamat po.

Okay na rin ho, noong kapanahunan kong magtatapos sa kolehiyo noong panahon hong iyon hindi malaya ang karapatang bumiyahе. Binigyan ako ng tinatawag na exit visa. Kaya five days to go before graduation, I had to leave. I never experienced my graduation in a college. Nakabawi na ho ako sa araw na ito.

Father Ben Nebres; Dr. John Paul Vergara; Mr. Edward Go; Father Jojo Magadia, I'd like to assure everybody my batch was in between Father Ben's and Father Jojo's batches; Secretary Butch Abad, who came way ahead of me; other Ateneo officials—may I just pay special attention also to Father

Joey Cruz and Father Arevalo, who have been sources of constant succor and support throughout the decades; Batch 2011 graduates and of course your parents; fellow workers in government, honored guests, mga minamahal ko pong kababayan:

Magandang umaga po sa inyong lahat.

Matagal na rin akong hindi nauwi dito sa Ateneo. Noong kapanahunan ko nga po, dahil sa Citizens Military Training, sapilitang pinatatabas ang mga buhok namin. Eksakto po sana ang pagbabalik ko, kasi ngayon, kusa nang nauubos ang buhok ko. Pero hindi na nga ho pala required ang CMT ngayon—volunteer na. Marami na talagang nagbago. Hindi ho kasama itong covered courts; pareho pa rin ho yata.

Balita ko po’y nagretiro na ang aking mga guro tulad ni Ginang Escasa. Guro ko po siya sa Filipino noon na kung makaporma po ay parang araw-araw papunta sa Graduation Ball. Kahit walang aircon ang mga classroom namin noon, ang damit po niya’y talagang gown. Pero kailangan ko namang masabi ang isang katotohanan. Sa dami ng humahanga sa pananagalog ko, kay Ginang Escasa ako dapat magpasalamat. Sabi niya, kung magtatagalog ka, diretsuhin mo na. Huwag ‘yung hinahaluan pa ng Ingles, like kung ano ang manner of speaking ng marami sa youth right now.

Ang problema lang po, sa sobrang galing ni Ginang Escasa, lahat ho ng diksyunaryo sa National Bookstore na English-Filipino, binili namin, at wala ho silang binatbat sa galing at dunong nga ni Ginang Escasa. So



doon ho, nag-umpisa na rin kami kung paano ba maghanda sa mga Mission Impossible.

Naaalala ko rin po ang isa ko pang propesora, si Ms. Advincula; propesor ko sa Political Science. Unang araw pa lang ng klase, graded recitation na agad. Hinanapan kami ng libro ng Constitution, at pinalabas ang mga walang dala. Siyempre, bilang responsableng estudyante, buong-galang at katapatan naman po akong lumabas ng kuwarto. Kala namin briefing, ang nangyari po, cut kaagad.

Tinuruan niya kami ng Saligang Batas sa panahon kung kailan binababoy ito ng diktadurya. Sabi niya, mali ang umiiral noon. Pero pagdating ng panahon, kayo ang mamamahala. Kailangang klaro sa inyo kung ano ang tama at kung ano ang mali, at ito ang itinuro niya po sa amin. Kaya pagdating ko po sa Kongreso, may kumpiyansa akong makipagdebate sa mga abogado tungkol sa Saligang Batas. Matibay kasi ang pundasyong ipinamana sa akin ni Binibining Advincula.

Wala na nga po sina Ginang Escasa at Ms. Advincula, pero bitbit ko sa labas ng Ateneo ang mga aral na nanggaling po sa kanila—dahil ang tunay na diwa ng edukasyon, hindi maikakahon sa isang akademya. Dala natin ito sa kalakhang lipunan. At nagbabago man po ang mga gusali o nawawala ang mga propesor, may mga prinsipyo at paniniwala na nagtatak ng ating pagka-Atenista, at hindi kailanman dapat itong maglaho.

Ang tanong po sa bawat graduate ng Ateneo: Sinikap mo bang maging

Man-for-Others?



Panahon pa lang ni Rizal, iyan na ang punto ng pagka-Atenista. Puwede naman niyang piliin na huwag na lang makialam, at magpaibig ng mas marami pang kababaihan. Pero malinaw sa kasaysayan ang landas na kanya pong binagtas, ‘di po ba?

Marami ring Atenista ang nanindigan noong Batas Militar. Mismong ang aking Budget Secretary na si Butch Abad, dinakip noong Martial Law. Nakiusap kay Marcos si Fr. Jose Cruz na dating Pangulo ng Ateneo, kaya naman imbes na sa kulungan, dito na lang po sa campus ikinulong si Butch Abad; kasama niya ang asawang si Congresswoman ngayon, Dina Abad, na founding Dean ng Ateneo School of Government. At para kuntento na po si Ginoong Marcos, pati na po ‘yung sanggol nila noong panahon na iyon na si Julia Abad—noong ipinanganak, dalawang taon ang buhay niyang nakakulong na rin po. Siya po’y naging Atenista rin at ngayon po’y pinuno naman ng Presidential Management Staff. Idagdag na rin natin ang kapatid ni Julia na si Luis, na kasamang nagmartsa nitong huling dekada ng kadiliman, at ngayon ay Chief of Staff ng ating Department of Finance sa edad na beinte-tres. Halos magka-edad po kami.

Nasa dugo na yata ng mga Abad ang maging overachiever. Pero imbis na magpayaman, pinili nilang maglingkod sa bayan. Pinili nilang maging tunay at ganap na Atenista.

Ganoong paninindigan din ang hinanap sa ating lahat nitong huling



dekada ng kadiliman. Maraming Pilipino ang nagdalawang-isip kung magpapaka-Man-for-Others ba sila laban sa katiwalian. Alam ho ninyo, ibinalita nga ho sa akin, noong isang taon, nagkaroon ng mock elections bago iyong national elections, at dito raw po sa pinaggalingan ko, ang nanalo sa mock elections galing sa La Salle.

Pero okay lang po sa akin iyan. Mas marami namang mga Atenista ang nangampanya sa akin kaya ako po ang Pangulo ngayon. Thank you sa inyo.

Kaya nga po malala ang namana nating mga problema sa kasalukuyan. Sa halip na dugtungan na lamang ang tamang naiwan, kailangan ko po munang iwasto ang mga iniwang mali. Halimbawa na lang sa atin pong power sector, may desisyon noong 2004, dahil malapit sa eleksyon, na huwag pataasin ang presyo ng kuryente. Dinagdag sa utang ng NAPOCOR: 200 billion pesos, in one year alone, para lang magpapogi. At hindi lang akin ang utang na ito. Paalala ko lang ho sa inyo: Utang nating lahat ito. Ang todo pong pagkakautang ng ating power sector under PSALM [Power Sector Assets and Liabilities Management Corp.] ay umaabot na po ng one trillion pesos.

Talaga naman pong may mga bagay na mahirap gawin, pero dapat gawin, kaysa mag-iwan ka pa ng problema sa mga susunod sa iyo. At malinaw sa akin, inihalal tayo hindi para gawin ang madali, kundi para gawin ang tama.

Kaya nga natin ginawa itong mahirap na hakbang para ma-impeach ang Ombudsman. Sino ba naman ang naghahanap ng kaaway? Mas madali naman talagang manahimik at sumabay na lang sa agos. Pero

paanong mananahimik sa harap ng kasuklam-suklam na pagkukunsinti at pakikisawsaw sa katiwalian?



Saan ka ba naman nakakita na pumapayag sa plea bargaining agreement, kung saan isasauli lang ang kulang pa sa kalahati ng diumano’y ninakaw, makakalaya na ang salarin? Kaya nga naghain tayo ng motion to intervene through the OSG [Office of the Solicitor General], para mapigil ang di-makatarungang plea bargain na ito. Sa halip na tulungan tayo, tinutulan pa ang intervention motion ng Ombudsman. Sabi po nila kamakailan sa Senado, kung alam lang nila ang ebidensya, hindi sila nagplea bargain. Ngayon alam na nila, hinaharang pa mag-intervene ang OSG para mapigilan ‘yang plea bargain na iyan.

Hindi naman palaging mahirap gawin ang tama. Kung naaalala ninyo, noong Ondoy, bago tayo ilagay sa puwesto, kabi-kabila ang pangangailangan na hindi natugunan. Ilang buwan pa lang tayo sa puwesto, dumating ang isa pang super typhoon na ang ngalan ay Juan. May narinig po ba kayong nangailangan? May nagsabi bang pinabayaan sila? Wala naman pong nadagdag na kagamitan. Ginawa lang po nating puspusan ang paghahanda, itinutok ang pondo kung saan kailangan, at nagtalaga ng mga tunay na propesyunal bilang pinuno ng NDRRMC at PAGASA. Ngayon po, miski ‘yung mga ayaw lumikas, nakaya nang balikan ng ating mga ahente ng estado para tulungang makalikas tuwing may sakuna. Binabalikan pa ng mga nasa katungkulan kaysa minsanan lang puntahan.



Sa ganitong mga paraan natin sinisikap na ibalik ang tiwala ng taumbayan. At galing sa tiwala ninyo ang panibagong kumpiyansa ng mga negosyante sa atin pong ekonomiya. Sa dami ng mga nagtatayo ng BPO dito, nalagpasan na natin ang India na dating number one sa larangan ng call centers. Kung dati walang mahanap na trabaho—may bagong problema tayo ngayon—ngayon ang problema natin kung paanong pupunuan ang mga nag-aabang na posisyon dito po sa BPO. Nitong taon lang pong ‘to, eighty to one hundred thousand jobs are set to be created. ‘Di po ba’t mas magandang problema ang tinatanaw natin ngayon?

Ngayong papasok na si Fr. Jett Villarín bilang Pangulo ng ating Pamantasan, nakakasiguro akong anuman ang iiwan kong mensahe ngayon ay ibabalita pa sa mga susunod na Atenista. Tiyak na lalalim ang pakikilahok ng Ateneo sa paghubog ng bayan. Kahapon po, ako’y nasa Cagayan de Oro. Inimbitahan ako ni Fr. Jett sa Xavier. “Kung may oras ka, dumaan ka muna dito.”

Sabi ko, “Pasensya ka na, lima ang lakad dito. Masikip ang schedule.”

Sabi niya sa akin, “Nauunawaan kita. Talagang mahirap iyang napasukan mo. Siguro direktso ka na sa langit.”

Napaisip ako—bakit kaya? Dahil ito na raw po ang purgatoryo ko.

Bilang isang Atenista na wala pa naman masyadong maipagmamalaki, hindi naman siguro mamasamain ang kaunting payo na kaya ko pong ibigay sa inyo. Huwag po kayong mag-alala, hindi ito tungkol sa love life. Huwag

na natin iyang pag-usapan. It's not only complicated, it's also private.



Narinig na po ninyo ito: Madalas tayong maharap sa sangandaan. At sa sangandaang ito, ang pinakamahalaga kong payo: Huwag kayong matakot na gawin ang tama.

Ang tanong ko sa Atenista, hanggang saan ang pagiging Man-for-Others mo? Gaano kalayo ang down from the hill? Halfway down the hill lang ba? Kung kayo na ang nasa tuktok ng mga korporasyon, ituturing ba ninyo ang mga nasa ilalim bilang kapwa-tao, o bilang mga kasangkapang dagdag gastos lamang? Kung wala nang nakatingin, kung wala nang nagdidikta, at kung hindi na kasama sa computation ng QPI, gagawin mo pa rin ba ang tama?

Alam po ninyo ang dapat isagot dito; ilang taon din ninyong pinagmunihan ito. Mali ang maging ugat ng paghihirap ng kapwa. Mali na tumunganga habang may nakikitang nagdurusa. Mali na balewalain ang kapwa-Pilipino. Anumang kilos natin, gaano man kaliit, ay tiyak na nakakaapekto sa kanila.

Bilang Atenista, bilang Pilipino, bilang taong nagpapakatao, obligasyon nating gawin ang tama. Kung may nagdurusa, ibukas ang puso sa kapwa. Kung may naghihirap, maging bukal ng ginhawa. Kung may nangyayaring mali, huwag magpatumpik-tumpik na magbigay ng One Big Fight laban dito. Pakiusap ko lamang po sa inyong mga magtatapos, huwag ninyong tipirin ang inyong mga pangarap. Damay-damay ang Pilipino sa problema, at damay-damay din tayo sa solusyon at ginhawa.



Si Secretary Mario Montejo ng DOST, hindi po natakot mangarap. Ang pangarap niya, tuluyang mawala ang dengue sa Pilipinas. Kabi-kabila ang nagsasabing hindi maaalis ang dengue, imposibleng magawa iyan. Masyadong mahal, wala tayong pondo. Ang ginawa niya, pinag-aralan niya ang problema, at ang simpleng tugon: Lata na may itim na kahoy na may lamang solution na papatay sa itlog ng lamok na inakit ng itim na kahoy. Barya, integridad, at pangarap lang po ang puhunan ng aparatong ito. At kahit hindi natin mapuksa nang buo ang dengue, wala akong duda na pagbaba ko ng puwesto, kakaunti ang magdurusa dahil dito. At dahil ito sa isang pangarap ni Secretary Mario Montejo.

Kayo naman po’y nakita ninyo sa TV, ‘pag nagkaroon ng dengue, lalabas kaliwa’t kanang mayor, governor, tangan iyong pang-fumigate, awa ng Diyos, itinulak lang sa kabilang barangay iyon pong lamok.

Sa araw na ito, bilang mga graduate, tapos na ang panahon ng “get that ball.” Sabi nga ng tatay ko, na minsan ding pumasok sa pamantasang ito, “the ball is now in your hands.” Tumawid na kayo mula sa mga nag-aabang, tungo sa mga pumapasan ng tungkulin.

Tungkulin ng bawat henerasyon na ipagpatuloy ang magandang nasimulan ng nauna sa kanila. Kaming mga nauna sa inyo ay nagsusumikap na huwag nang ipasa ang mga problemang namana namin. Umaasa ako na kayo naman ay magsisikap ding huwag nang mag-iwan pa ng mga problema sa mga susunod na salinlahi.



Limang taon at tatlong buwan na lang po ang natitira sa trabaho kong ito. Pagkatapos nito, magpapahaba na akong muli ng aking buhok. Simple lang naman po ang pangarap ko sa buhay: Kapag tinawag na ako ng Poong Maykapal, at sinabi Niyang finished or not finished, pass your papers, maipagmamalaki kong naiwan ko ang mundong ito nang mas maayos kaysa sa aking dinatnan. Iyan din po ang panawagan ko sa bawat isa sa atin.

Kasama ninyo ako, sampu ng buong sambayanan, sa pagtugon sa panawagang ito. Atenista, samahan mo kami. Hinihintay ka na sa babaan ng burol. ‘Ika nga ni Padre Ferriols, “Lundagin mo beybe!”

Binabati ko po ang Batch 2011—‘di ho nalalayo sa batch ko; mayroon din pong ‘1’ sa dulo ng batch namin; ang mga magulang na talaga namang pong nagsakripisyo para mapagtapos kayo; at ang mga guro at administrador na naghulma sa bagong henerasyon ng Atenista.

Magandang umaga po sa inyong lahat. Humayo tayo, at sabi raw sa Philosophy: mag-Meron.



TALUMPATI NI

KAGALANG-GALANG BENIGNO S. AQUINO III PANGULO NG PILIPINAS SA PAGLULUNSAK NG NATIONAL GREENING PROGRAM

*[Inihayag sa Department of Environment and Natural Resources Social Hall,
Visayas Avenue, Quezon City noong ika-13 ng Mayo, 2011]*

Isang makakalikasang araw sa inyong lahat.

Sabi po sa isang awitin noong bata pa si Secretary Alcala: Ang magtanim ay ‘di biro. Sang-ayon po ako rito: Hindi biro ang magbungkal ng matigas na lupa, hindi biro ang yumuko at mangawit sa pagtanim ng punla, hindi biro ang mabilad sa ilalim ng tirik na araw. Ngunit alam din po natin ang tutubong biyaya kapalit ng sipag at pagsusumikap natin; seryosong bagay ang pagtanim dahil anumang may kaugnayan sa Inang Kalikasan ay isang seryosong usapin.

Ang nakakalungkot po, sa panahon ngayon, nakatanim ang atensyon ng maraming Pilipino sa ibang klase ng pagsasaka. Kung may mga kabataang pamilyar sa salitang planting, plowing, at harvesting, hindi ito

nangangahulugang marunong silang magpunla, kundi dahil sa nakababad lang sila sa paglalaro ng online game na Farmville.



Kaya naman ngayong araw, patutunayan nating seryoso tayo, hindi lamang sa mismong pagtatanim, kundi sa kapit-bisig nating paninindigan na pangalagaan ang ating Inang Kalikasan. Sa paglulunsad natin sa National Greening Program, nagpupunla tayo ng mga butil ng pag-asa para sa kalikasan, na siya namang tiyak na aanihin ng mga susunod na Pilipino.

Gaano po ba kahalaga ang programang ito? Nitong huling linggo lamang po, sinalanta ng napakalakas na bagyo ang Bicol. Labis ang naging pagbabaha at kabi-kabila ang mga landslide. Ang ilang mga bahay, gumuho at tinabunan ng putik. Maraming pananim ang nasalanta, at may mga kababayan tayong binawian ng buhay. Sa mga pangyayaring ito, masasabi nating malaking salik sa landslide at pagbabaha ang kakulangan natin ng puno. Kung tutuusin, hindi po ito bagong problema. Ilang dekada na po tayong putol nang putol ng puno; at paulit-ulit din nating binubuno ang resulta ng ating kapabayaang at pagmamalabis sa kapaligiran.

Kaya naman panahon na upang mamuhunan para sa kinabukasan. Panahon na upang magpunla ng isang programa na may layuning pangalagaan at pagyamanin ang ating mga kagubatan. Ang programang ito ay nasa ilalim ng Executive Order Number 26 na pinirmahan natin nito lamang Pebrero 24, 2011. Sa pagtatanim na ito, inaasahan natin na mabawasan ang polusyon at banta ng greenhouse gases; mapangalagaan ang mga kagubatan



na bumubuhay sa ating mga watershed na ating pinagkukunan ng malinis na tubig; maparami ang mga mangrove na nagsisilbing tahanan ng iba-ibang halaman at hayop; at magkaroon ng tiyak at pangmatagalang pagkukunan ng pagkain at tanim na troso.

Isa't kalahating bilyong buto ang ating ipupunla sa loob ng anim na taon sa isa't kalahating milyong hektarya ng lupain sa buong bansa. Limampung porsiyento ng mga butong ito ay magiging mga puno para sa mga kagubatan. Ito ay para sa sustainable management at sa pangmatagalang proteksyon ng ating kagubatan. Sa ganitong paraan natin maaagapan ang mga landslide, baha, at pagkasira ng mga pananim.

Ang natitirang kalahating porsiyento ng mga butong itatanim ay nakalaan naman para sa production zones kung saan ang mga halaman at puno ang panggagalingan ng mga produktong tulad ng kape, cacao, at mga prutas. Sa pagpapalakas natin sa crop industry ng atin pong bansa, mapapataas natin ang suplay ng pagkain.

Sa pamamaraang ito, hindi natin napapabayaan ang kalikasan; hindi rin natin napapabayaan ang pangangailangan ng ating mga mamamayan.

Ano po ba ang mga hakbang na gagawin? Buong-sikap po nating itataguyod ang pangangalaga sa kalikasan sa pamamagitan ng malawakang social mobilization o ang paghimok sa lahat ng Pilipino, lalo na ang kabataan sa kolehiyo at hayskul, at mga kawani ng gobyerno na magtanim ng sampung halaman kada taon. Sa gabay ng DENR, ang sistematikong

pagkakaisa ng mga ahensya ng pamahalaan at ng mamamayan ay magiging susi sa tagumpay ng National Greening Program. Tagumpay ito ng ating mga kapatid na katutubo, ng mga pamilyang umaasa sa kalikasan, at ng susunod na salinlahi ng mga Pilipino.



Kinikilala rin po natin sa araw na ito ang anim na Pilipino na ginampanan ang kanilang tungkulin para sa kalikasan hanggang sa huling sandali ng kanilang mga buhay. Sila po ang pinarangalan natin ng Environmental Heroes Award ngayon. Bilang pagkilala sa kanilang kadakilaan, nakatanggap ng tulong pinansyal, suportang pangkabuhayan, at scholarships mula sa pamahalaan ang mga naulila nilang pamilya. Maging mabuting halimbawa nawa ang kanilang dedikasyon at propesyunalismo sa lahat ng Pilipino.

Mas malinaw pa po sa sikat ng araw ang pinupunto ng National Greening Program: Nagtatanim tayo ng binhi upang mamunga ng mas maginhawa at mas masaganang kinabukasan para sa mga Pilipino. Tulad ng isang tunay na halaman, diligan natin, alagaan, at bantayan ang proyektong ito upang masilayan natin ang ganap nitong pamumunga at pamumulaklak. Tinatawag ko kayo: Magtulong-tulong tayo sa katuparan ng adhikaing ito. Nasa tamang panahon na tayo upang ganap itong mapagtagumpayan. Kung noon, nakakalbo nang nakakalbo ang tiwala ng mamamayan sa gobyerno, ngayon po, sa liwanag ng tunay at tapat na pamamahala, pinatutubo at pinalalago na natin ang kumpiyansa ng taumbayan sa pamahalaan. Abot-kamay na po nating mga Pilipino ang pagbabago at pagasa; simulan natin



ang pagpapayaman sa mga ito sa paisa-isang punla.

Bago po ako magtapos: Ako po ay umaasa, pagbaba ko po sa puwesto sa 2016, kung ang ating kalikasan ay talagang napuno na natin ulit, napalitan ang nakakalbong kagubatan na naging talagang masaganang kagubatan na buhay na buhay, siguro may kapalit po iyon—ako na lang po ang makakalbo.

Maraming salamat po at magandang araw sa inyong lahat.



**TALUMPATI NI
KAGALANG-GALANG BENIGNO S. AQUINO III
PANGULO NG PILIPINAS
SA PAGDIRIWANG NG IKA-150 ANIBERSARYO
NG KAPANGANAKAN NI JOSE RIZAL**

[Inihayag sa Calamba, Laguna noong ika-19 ng Hunyo 2011]

Nagsimula ang kuwento ni Rizal hindi sa kanyang kapanganakan, kundi sa mga pangarap ng kanyang mga magulang na bigyan ng maginhawang buhay ang kanilang pamilya. Bago pa man italaga sa kanila ang apelyidong Rizal, tumungo ang mag-asawang Mercado rito sa Calamba upang itaguyod ang kanilang tahanan at sakahin ang lupaing ipinaupa sa kanila ng mga Dominikano.

Gawa na rin ng pagsusumikap, naabot ng mga Mercado-Rizal ang kanilang mga mithiin. Isinilang po si Jose Protacio Rizal sa isang bahay na bato, na bibihira noong mga panahong iyon. ‘Di tulad ng marami sa ilalim ng rehimeng Kastila, lumaki siyang nakakakain ng masasarap na pagkain, nakatira sa isang tahananang hindi natatangay ng bagyo ang mga pader at



bubong, at nakapag-aaral sa mga tanyag na paaralan.

Ngunit ang kanilang marangyang pamumuhay ay hindi po nagtagal. Labing-isang taong gulang si Rizal nang dakpin ang kanyang ina, palakarin ng limampung kilometro patungong Sta. Cruz, at itapon sa bilangguan. Wala po siyang naging sala, napag-initan lang ng isang alkaldeng sinasabing alipores ng mga prayle. Hindi pa rito natapos ang kalbaryo ng kanilang pamilya. Di nagtagal, nagsimula na rin ang pagsamsam ng mga prayle sa mga lupain at ilang ari-arian ng mga Mercado-Rizal.

At kung sa may kayang pamilya, nagagawa ng mga nasa katungkulan ang ganitong kalupitan, paano pa kaya ang mga Pilipinong sa kubo lamang nakatira? O ang mga pamilyang ni hindi makapag-paaral ng kanilang mga anak? Silang mga nakuntento na sa bansag na Indio; silang yumuyukod sa pagdaan ng prayle o guwardiya sibil; silang mga kayumangging nakayapak na kinukutya ng mga de-kalesang Kastila.

Marahil, ang ganitong mga sitwasyon ng kawalang-katarungan ang unang gumising sa malay at damdamin ni Jose Rizal: May mali sa lipunang kanyang kinabibilangan; may ilang nasanay na sa baluktot na utos at panlalamang ng mga nasa kapangyarihan; at may mga Pilipinong tila manhid at bulag na sa kanilang pagiging alipin at sunud-sunuran.

Humarap din sa sangandaan si Jose Rizal: sa isang banda, maaari niyang huwag pansinin ang mga nangyayari sa kaniyang paligid. Puwede niyang gamitin ang mga pinag-aralan niya sa iba't ibang pamantasan sa

Maynila at sa ibang bansa para magpayaman at maghanap ng magandang mapapangasawa. Maaari siyang magpatangay na lamang sa agos ng baluktot na sistema, at kahit pa alam niyang mali, ay makipagplastikan na lang sa mga prayle tuwing may handaan.

At sa sunud-sunod na pagharap niya sa sangandaan—mula sa pagkabinatang pinagkaitan ng ilang karangalan, hanggang sa pagkabayaniing tinawag na mag-alay ng buhay para sa bayan—hindi naligaw si Rizal mula sa tuwid na daan.

Nasanay tayo na ang ipinagdiriwang ay ang araw na barilin si Rizal sa Bagumbayan. Marahil, pinakatanyag nang sagisag ng kanyang pagkabayani ang pagharap niya sa balang babaon sa kanyang dibdib. Maaari siyang naglupasay o lumuhod, ngunit hanggang sa huling sandali ng kanyang buhay, buong-tapang siyang nagpamalas ng paninindigan.

Sa harap ng sinasagisag ng kanyang pagkabitay, madaling matabunan ang marami pang ibang pagpapasyang ginawa ni Rizal na nagsilbing punla ng atin pong kalayaan.

Kung sa loob ng isang silid na puno ng Insulares ay itrato kang mababang uri dahil sa kulay ng iyong balat, ilan po kaya sa atin ang makatagal upang magtapos ng medisina? Kung sa harap ng taglamig ay napilitan tayong pagkasyahin ang isang latang biskuwit mula almusal hanggang hapunan, mapili pa kaya nating magtapos ng nobelang magsisilbing mitsa ng himagsikan? Kung pagmalupitan ang iyong mahal sa buhay, magawa mo



kayang tumugon sa paraang mapakikinabangan ng buong bayan?

Pang-araw-araw na sangandaan po itong kinaharap ni Rizal, at di nalalayo rito ang mga sangandaang kinakaharap ng marami rin sa atin. Maaaring may ilang bagay na sa unang tingin ay simple at walang agarang epekto sa malawakang sakop ng lipunan, ngunit paglaon ay mag-iiwan ng bakas at magdudulot ng malaking ginhawa sa kapwa. Mga simple at pang-araw-araw na desisyon gaya ng: gagamit ba ako ng overpass, o mag-jaywalking lang? Magbabayad ba ako ng tamang buwis, o ilulusot ko ang puwedeng ilusot? Kung may makita akong mali, magwawalang-kibo ba ako, o gagawa ng paraan para itama ito?

Hindi po lahat ay pinapalad na tawagin upang magbuwis ng buhay para sa bayan. Subalit para sa nakararami, nasusukat ang pagkabayani sa araw-araw nating pagharap sa maliliit na sangandaan: Ang pagsunod sa batas, ang paggalang sa kapwa, ang paggawa ng tama sa sinumpaan nating mga tungkulin, at ang manindigan sa atin pong prinsipyo.

Marahil po, matapos ang isa't kalahating siglo, mababaon lamang sa mga libro ang mga ginagawa ng inyo pong gobyerno. Ang pagpapasabay ng ARMM elections sa pambansang halalan; ang pagbabantay sa mga monopolya; ang pagbubuhos ng pondo sa edukasyon, kalusugan, at conditional cash transfer program—lahat po ito, sakaling mabasa o maikuwento natin sa ating mga apo, ay marahil tatapatan lamang nila ng hikab at kubit ng balikat. Hindi po mauukit sa ginto ang lahat ng ating mga Executive Order, ang mga batas

na pinagpuyatan ng ating lehislatura, at maging ang pinakamalalalim na desisyon ng hudikatura.



Tinatanggap ko po ito, at ilang ulit ko na pong idiniin na hindi palakpakan o pagpupugay ang nagtutulak sa aking bumangon araw-araw upang maglingkod sa akin pong mga Boss. Nagtatrabaho tayo para sa bata sa lansangan na kayang maghibla ng isang kuwintas ng sampaguita, ngunit ni hindi pa nakakatapak sa loob ng eskuwela. Nagtatrabaho tayo dahil sa isang malayong baryo, sa isang maliit na isla ng Pilipinas, maaaring may sanggol na magiging tulad ni Rizal: tapat ang puso, walang-kapantay ang talino, walang-hanggan ang malasakit sa kapwa, at may wagas na pag-ibig sa bayan. Nagtatrabaho po tayo upang wala nang Pilipino ang kailanganin pang magbuwis ng buhay para sa kapakanan ng mga susunod sa kanya.

Noong ika-19 ng Hunyo ng 1861, isang sanggol ang isinilang dito sa bayan ng Calamba. Wala pong kakaiba sa kanya: marahil kasinlaki lang ng isang nakakuyom na kamao ang kanyang ulo, at ni hindi kayang humawak ng panulat ang kanyang maliliit na kamay na paglaon ay lilikha ng dalawang dakilang obra.

Nabanggit ko na rin lang po, hinihikayat ko po kayong bisitahin ang mga orihinal na manuskrito ng mga nobelang *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo* sa National Library. Bukas po iyan ngayong kaarawan ni Rizal, at kung hindi kayo makadaan ngayon, puwede pa rin po ninyo itong bisitahin bukas. Kaya nga po natin idineklarang holiday ang bukas: para



habang ginugunita natin si Rizal, mas makikilala rin natin ang mga gawa niya.

Malinaw po: Hindi ipinanganak na superhero si Jose Rizal. Walang prediksiyon sa kaniyang kadakilaan; walang nakapagsabing ang anak ng mag-asawang Mercado ay magiging pambansang bayani ng lahing Pilipino. Isa't kalahating siglo ang nakalipas, ginugunita pa rin natin ang kanyang kapanganakan, at tinitingala ang kanyang kadakilaan.

Kinikilala natin si Jose Rizal dahil sa harap ng mga sangandaan ng ating masalimuot na kasaysayan, may isang Pilipinong muli't muli ay piniling gawin ang tama—ang unahin ang kapakanan ng kaniyang kapwa, ang itaguyod ang pagkakaisa para sa kalayaan ng atin pong bansa—kahit pa ang kapalit nito ay ang sarili niyang buhay.

Matagal na pong nakahanay si Rizal sa iba pang mga dakila ng kasaysayan. Ngunit sinabi po niya, sa bibig ng tauhang si Elias sa kanyang Noli Me Tangere:

“Mamamatay akong di man nakita ang maningning na pagbubukang-liwayway sa aking inang bayan! Kayong makakikita, batiin ninyo siya—at huwag kakalimutan ang mga nalugmok sa dilim ng gabi!”

Wala po akong dudang binabati na natin ang bukung-liwayway ngayon, nang hindi nakakalimot sa mga nalugmok sa dilim, at sumusumpa: Sa bawat pagsubok, kapakanan ng Pilipino ang isasapuso namin; sa bawat sangandaan, tuwid na landas ang aming tatahakin.

Tandaan lang po natin sana: Kung ang mga dinadakila natin tulad ni Jose Rizal ay namili ng pansarili, nasaan na kaya tayo ngayon? Nandito tayo dahil may mga nanindigan para sa atin. Maging kaaya-aya naman po ang gawin natin, para talaga naman pong sulit ang kanilang isinakripisyo sa atin.



Maraming salamat po. Mabuhay si Jose Rizal. Mabuhay ang Pilipinas na kanyang minithi at ipinaglaban.



TALUMPATI NI

KAGALANG-GALANG BENIGNO S. AQUINO III

PANGULO NG PILIPINAS

SA PAGLAGDA NG BATAS UPANG ISABAY

ANG ELEKSYON NG AUTONOMOUS REGION

IN MUSLIM MINDANAO (ARMM)

SA PAMBANSA AT LOKAL NA ELEKSYON NG 2013

[Inihayag sa Malacañan Palace noong ika-30 ng Hunyo 2011]

Tinatawag pong the Land of Promise ang Mindanao dahil sa lawak ng potensyal nitong umasenso. Nasa inyo ang mayamang agrikultura, yamang dagat at mineral, langis at natural gas. Subalit sa nagdaang mga dekada, tila napabayaang ang rehiyong ito at naiwang nakapako ang tangan niyang mga pangako. At tila kabaligtaran pa ang naihayag na imahen nito sa publiko. Nakakalungkot isipin na dahil sa mga pangyayari sa ARMM, naging karugtong ng pangalan nito ang mga rebeldeng grupong kinatatakutan ng mga dayuhan; ang karahasang dulot ng Maguindanao Massacre, at ang walang patumanggang pandaraya tuwing halalan.



Sa araw pong ito, isinasakatuparan natin ang isang repormang magtatanglaw ng pagbabago at pag-asa sa ARMM. Nilagdaan natin ngayon ang batas na magpapaliban sa eleksyon sa rehiyon at magsasabay sa lokal at pambansang halalan.

May ilan pong nagtatanong: bakit ba kailangang ipagpaliban ang eleksyon? Ang iba, nagrereklamong hindi raw ito maka-demokrasya; na ipinagkakait nito sa kanila ang kalayaan na makapili ng kanilang mga pinuno.

Ang ibabalik ko namang tanong sa kanila: sa dinatnan nating kalakaran, tinatamasa ba ng ARMM ang tunay na demokrasya?

Kung ang makikita po natin tuwing eleksyon ay ganito: mga botanteng dinidiktahan kung sino ang isusulat sa balota, may demokrasya kaya ba? Mga estudyanteng napipilitang upuan ang mga balota upang protektahan ang mga boto habang pinapaligiran ng mga armadong tauhan ng mga politiko, may demokrasya ba? Mga gurong akap-akap ang mga balot box, nangangatog dahil sa pagbabanta sa kanilang mga buhay, may demokrasya ba?

Balikan din po natin ang ilang tagpo noong 2007 elections. Nang inihayag ang resulta ng halalan sa Maguindanao, ang lumabas: 12-0. Lahat po ng pambatong senador ni Ginang Arroyo, panalo. Papaano po kaya nangyari ito? Sa isip ko, ganoon na lang kaya kalaki ang fans club ng koponang Arroyo sa ARMM?



Hindi naman po siguro posible na kapag ibang partido ang ibinoto mo, biglang nawawalan ng tinta ang gamit mong pluma. O baka naman ang kanilang mga balota, tinangay lamang ng hangin. Hanggang ngayon po, isang napakalaking palaisipan pa rin ang mga ganitong tagpo.

Alam ko pong hindi lingid sa kaalaman ninyo ang mga pangyayaring tulad ng mga ito. At lalo pa po tayong napapailing sa iba pang suliraning natuklasan natin sa ARMM.

Isa pa rin ang ARMM sa pinakamahirap na rehiyon sa bansa. Ang naitala pong insidente ng kahirapan sa mga pamilya sa ARMM noong 2009 ay nasa 38.1 percent, at lahat po ng probinsya sa rehiyon ay nasa ilalim ng national poverty incidence, na 20.9 percent. Ang Maguindanao ang may pinakamalubhang insidente ng kahirapan sa rehiyon na may naitalang 44.6 percent sa taon ding iyon.

Nakapagtataka naman po yatang umabot pa rin sa sitwasyong ito ang ARMM, sa kabila ng pondong inilalaan taun-taon para sa kapakanan ng rehiyon. Nakakalungkot nga po dahil tila naging manhid na ang mga taga-ARMM sa garapal na kalakaran ng ilang mga pinuno rito. Ang ibang nahalal sa puwesto, naglalakihang mga mansyon ang inuuwian, samantalang ang mga kababayan nila, maalikabok at lubak-lubak pa rin ang kalsadang dinadaan. Kapag may mga proyektong pinagkagastusan, direktso lamang ito sa bulsa ng kung kanino; kapag may procurement na inilabas, walang public bidding; kapag gumastos, walang liquidation, at kapag sumahod

ang ibang mga lokal na opisyal, halos hindi na magkasya sa calculator ang kanilang suweldo.



Kakaiba nga ho talaga ang ARMM: mayroon na pong “ghost school,” ay kailangan po ng “ghost teacher.”

Ang mga ganitong datos at palakad ang nagtulak sa atin upang umaksyon agad. Ngayong tayo na po ang nasa panunungkulan, hindi na po natin maaatim ang muling paghahari ng ganitong mga insidente at paghihirap ng ating mamamayan. Gaya ng sabi ng aking ama noon: ang unang kalayaan na dapat nating makamit ay ang kalayaan mula sa kagutuman.

Malinaw pong nakapiit sa katiwalian ang rehiyong ito. Pinosasan ang kalayaan ng mga taga-ARMM; hindi nabibigyan ng puwang ang tunay na boses ng mamamayan. Upang mahinto ang mga iregularidad sa pamamahala sa ARMM, isinulong natin ang pagpapaliban ng ARMM elections para isabay na natin ito sa lokal at pambansang halalan. Maraming salamat po sa ating mga kaalyado sa Kongreso at Senado, sa pamumuno po ni Senate President Juan Ponce Enrile at House Speaker Sonny Belmonte, at sa mga nanguna’t sumuporta sa pagsusulong ng batas na ito. Dahil sa pakikiisa at pagkakaisa ng lehislatura at ehekutibo, pinagtibay na natin ngayon ang repormang magtatanglaw na tunay na demokrasya sa mga taga-ARMM.

Mahalaga pong sa bawat programa, kapag tinanong tayo kung ano ang nais nating mangyari, hindi tayo uutal-utal. Malinaw ang ating hangarin para sa ARMM: Upang marinig ang tunay na saloobin ng taumbayan,



tutuldukan na natin ang paghahari-harian ng mga politikal na angkan na pasimuno ng dayaan sa eleksyon, at bubuwagin natin ang kanilang mga private army. Bukod pa rito, isasakatuparan din ng DILG ang isang roadmap para sa mga reporma sa rehiyon—tungo sa tunay na kaunlaran at kapayapaan sa ARMM. Kaakibat po ng repormang elektoral na ating isinusulong dito, lilinisin natin ang voters' list, sa pamamagitan ng muling pagpapatala ng mga botante, at pagiging moderno ng eleksyon. Patitibayin din natin ang pakikiisa ng civil society groups, na magkakaloob ng mga voter's education, at magsisilbi ring mga watchdog sa halalan.

Ngayong tayo na ang nanunungkulan, hindi natin hahayaang makalusot ang anumang katiwalian. At kung may makalusot man sa kanila, di tayo mapapagod na habulin at panagutin sila. Sa pagpapaganap ng batas na nilagdaan natin ngayon, mas mapapaigting natin ang mabuting pamamahala at mas magiging bukas at malinaw ang ating patutunguhan. Babantayan ng DILG ang operasyon ng ARMM para tiyakin na nasusunod ang batas. Ipinahinto na rin po natin ang pagkakaloob ng cash advances ng ibang mga opisyal para sa procurement ng mga gamit, supplies, at mga ipamamahaging serbisyo para sa mga mamamayan. Sisiguraduhin nating dadaan sa public bidding ang mga procurement at magiging malinaw ang pagkakaloob nito sa mga intended beneficiaries para sa maayos na dokumentasyon. Bahagi ito ng ating mga hakbang upang isiwalat ang mga tinatagong transaksyon at pag-shortcut sa burukrasya.



May mga pagkakataon pong kailangan munang kalkalin at ayusin muna ang nakagawian nang sistema bago ito maipatupad nang maayos. Ang pinirmahan nga po nating batas ay isang malaking hakbang sa pagsasakongkreto sa katuparan ng pangarap natin sa ARMM. Ang gusto natin—wala nang estudyante ang papasok sa paaralan nang may tuyong lalamunan dahil sa kawalan ng malinis na tubig na maiinom; wala nang guro ang napipilitang maghigpit ng sinturon dahil sa kakaramput na sweldo at sa puro pangakong benepisyo; at wala na ring amang wala nang ibang makitang paraan kundi kumapit na lang sa patalim para lang may maihain sa kanyang pamilya.

Ang mga mithiin pong ito, maisasakatuparan kaya natin sa loob ng isa't kalahating taon? Maaaring hindi po. Ngunit umaasa tayo na kapag naranasan ng ARMM ang maayos at tapat na pamamalakad, sila na mismo ang tuloy na magpapatulak at magtutulak na ipagpatuloy ang nasimulan na nating pagbabago. Ito na po marahil ang pinakamagandang pagkakataon natin upang tuldukan ang matagal nang problema ng rehiyon. Muli, maraming salamat sa ating mga mambabatas at sa mga lider ng ARMM na sinuportahan ang batas na ito sa kanilang pakikiisa at pagiging kabalikat sa pagtutuwid sa baluktot na sistema.

Tiwala po akong ang pagpapaliban at pagsasabay ng halalan sa ARMM sa lokal at pambansang halalan ay susi upang maisagawa ang mga kinakailangang reporma sa rehiyon, at magsisimula lamang ito kapag hindi



na nabubusalan ang karapatang bumoto ang mga taga-ARMM, at may naihalal silang tapat, may malasakit, at maasahang pinuno. Dito lamang maibabalik ang Mindanao na nakilala bilang the Land of Promise—isang rehiyong hindi tambakan ng mga pangakong napapako lamang, ngunit isang rehiyong pugad ng kasaganahan, tangan ang kaniyang pinaka-potensyal, at natataglawan na ng liwanag ng pag-asa. Talaga naman pong kaysarap sabihing: Puwede na po muli tayong mangarap. Magkapit-kamay tayo sa pagtahak sa tuwid na daan tungo sa katuparan ng mga pangarap na ito.

Maraming, maraming salamat.



**TALUMPATI NI
KAGALANG-GALANG BENIGNO S. AQUINO III
PANGULO NG PILIPINAS
SA ANIBERSAYO NG KANYANG
PANUNUMPA BILANG PANGULO**

[Inihayag sa PhilSports Arena, Pasig City noong ika-30 ng Hunyo 2011]

Mga minamahal ko pong kababayan,

Isang taon na rin nga po pala ang lumipas. Naaalala pa po kaya ng lahat ang pinagdaananan na po natin? Dati, kapag nakarinig ka ng wang-wang sa kalsada, wala ka nang magawa, hindi ho ba, kundi tumabi. Ang pinakamatayog mong pangarap ay makakuha ng VISA para makapagtrabaho sa ibang bansa. Matutulog ka nang mahimbing sana, ngunit gigisingin ka ng bahang halos umabot na sa iyong higaan, dahil wala man lang babalang ipinaabot sa iyo ang PAGASA. Ilan po ba sa atin ang sumuko na at nagsabing wala na sigurong makakamit na hustisya ang limampu't pitong Pilipinong minasaker sa Maguindanao?

Naalala po ba ninyo ang panahon kung kailan kapag may maririnig



kang masamang balita, ‘di mo man lang makuhang umiling dahil alam mong may mas masahol pang parating? Noon, sabay-sabay ang mga Pilipinong nagbuntong-hininga: tiisin na lang natin, tatal patapos na rin naman ito. ‘Di po ba’t nabigla tayong lahat nang umangat ang ekonomiya bago mag-eleksyon noong isang taon—iyon po pala, kaya umangat, nakaantabay na, hindi lang tayo kundi ang buong mundo, sa pagbaba ng administrasyong Arroyo, at sa napipintong pagtatapos ng kalbaryo ng Pilipino? ‘Di po ba’t parang kahapon lang nang iabot ninyo sa akin ang naghihingalong liwanag ng pag-asa, at tinawag ninyo ako upang ipaglaban ang atin pong daang matuwid?

Sa panahon pong tinawag ako ng taumbayan, ni isang karatula o polyeto ay wala pa po akong naiimprenta, dahil alam naman po niyo, wala po talaga akong kabalak-balak tumakbo. Hindi ko po inambisyon na sagupain ang dambuhalang problema na ipapamana ni Ginang Arroyo—mga problemang pilit kong hinadlangan noong nasa Kamara de Representantes tayo, at sa Senado pa lang ako. At nakita ko na rin naman, sa karanasan ng pumanaw kong ina, kung gaano kabigat ang tungkulin maging isang Pangulo, lalo pa kung mamanahin niya ay sistemang nilapastangan. Tinanong ko ang aking sarili: kakayanin ko kayang kumpunihin ang lahat ng ito?

Malalim ang pagmumuning dinaanan ko bago tumugon sa inyong panawagan. Ngunit nang abutan po ako ng garapong puno ng barya

para lamang makatulong sa kampanya; nang salubungin ako ng madlang ‘di man lamang makabili ng payong na panangga sa init ng araw; nang sinabi ninyo sa aking hindi ako nag-iisa—hindi ko po itong masikmurang tanggihan. Hindi ko po kinayang sabihin na, “pasensya na kayo, naduduwag po ako, at gusto ko pa sanang humaba ang buhay ko.” Ang sinabi ko po noon: Pilipino, kasama mo ako. Itutuwid natin ang baluktot, tatanggalin natin ang tiwali, at itatama natin ang mali.

Narito po tayo ngayon, isang taon matapos markahan ang wakas ng pamahalaang bulag at bingi sa hinaing ng kanyang mamamayan. Ipinasa po sa atin ang isang tahanang lumulundo ang kisame at bitak-bitak ang mga pader. Kinahoy na nga po ang mga muwebles, ipinangutang pa ang pamalit. Ang masaklap niyan, alam kong mamanahin natin ang mga utang na iyon, sampu ng lahat ng dumi na ikinalat nila.

Ang pinangangambahan nating pangit na daratnan, mas sukdulan at kasuklam-suklam pa pala ang tunay na kalagayan. Halimbawa: mula taong 1972 hanggang taong 2000, umabot sa 12.9 billion pesos ang utang ng NFA. Nang dumating si Ginang Arroyo, sa loob lamang po ng isang taon, o 2001, naiangat niya ang utang na iyan sa labing walong bilyong piso. Ulitin ko lang po: Mula labindalawa, isang taon na lumipas, naging labing walong bilyong piso ang pagkakautang ng NFA. Hindi pa po siya nakuntento; pagbaba niya sa puwesto, ‘yung dating twelve billion na minana niya, nasa 177 billion pesos na po ang utang na ipinamana sa



ating lahat. Isanlibong porsyento at mahigit pa ang itinaas ng utang ng NFA: record-breaking po talaga ang ginawa nilang pagbabaon sa atin sa utang, hindi ho ba?

Ganitong uri ng administrasyon ang humihikayat sa ating kilalanin ang kanilang mga nagawa, at tumuntong sa kanilang mga balikat. Ganitong uri ng administrasyon ang nagsasabing wala daw pagbabago, at sa malalim na bangin lamang tayo dadalhin ng tuwid na daan. Magpapaloko pa po ba tayo sa pagpupumilit nilang padudahin tayo, para sa pagkalito natin, magkaroon ng puwang na bumalik ang lumang sistema?

Hindi na po ako magsasayang ng panahon para makipagbangayan sa kanila. Nagpapasalamat na lamang po ako sa pag-amin ni Ginang Arroyo na ‘di umano’y kabaliktaran raw niya ako. Sa wakas, magkasundo rin po kami. Talagang magkabaliktad po kami.

Dahil hindi na nga po ako sasagot, hahayaan ko na lamang tumugon ang dalawampu’t isang libo at walong daang pamilya ng sundalo at kapulisan na maaari na ngayong magkaroon ng disenteng tahanan bago matapos ang taong ito.

Dalawang linggo po, o halos dalawang linggo, inaasahan ko na tutuparin ng NHA na 4,000 doon sa unang dalawampu’t isang libong iyan ang ipagkakaloob na natin sa mga nararapat na kawani po ng gobyerno na bibilang sa hanay ng kapulisan at kasundaluhan—at umpisa

pa lang ho iyan.



Hahayaan ko na lang tumugon ang mga maralitang kababayan nating nakarehistro na sa Conditional Cash Transfer program. Apat na araw mula ngayon, sasaksihan ko po mismo ang paglagda ng ikalawang milyong benepisyaryo ng CCT. Uulitin ko lang po, two million na po ang na-i-enroll natin sa CCT pagdating ng July 4.

Hahayaan ko na lang din pong tumugon ang halos 240,000 magsasaka na nakikinabang na ngayon sa mahigit 2,000 kilometrong farm-to-market roads na nailatag natin sa loob lamang ng isang taon.

Sila nga po ang tanungin natin? ‘Di ba’t malinaw ang pagbabago? Noon pong isang taon, barko-barkong toneladang bigas ang inaangkat, at katakut-takot din ang gastusin sa mga bodegang pinagtatambakan nito. 1.3 million metric tons lang po ang kailangan natin pampuno sa kakulangan ng ating ani, pero umangkat sila ng dalawang milyong metriko tonelada. Ngayon po, halos kalahati na lang ang inaangkat nating 660,000 metriko tonelada.

Hindi po tayo nag-magic para dumami ang bigas na inaani natin dito: itinutok lang po natin ang pondo ng irigasyon sa kung saan ito pinakamura at mabisa; pinalawak ang paggamit ng maiging klase ng binhi; at pinalawig din ang upland rice farming. Lahat po ito, nagdulot ng dagdag na labinlimang porsyento sa ating inani noong huling taon, at ng pinakamataas na ani sa kasaysayan ng dry season cropping. Pasensya



na po kayo, bihira lang ako magtayo ng sariling bangko: 1.3 million tons kulang natin taon-taon. Itong unang taon natin, ang aangkatin 800,000—para may konting reserve—pero 600,000 tons na lang ang kakailanganin natin. Palagay ko po, sa 2013, talagang pupurihin ko kaliwa’t kanan si Secretary Alcala ‘pag totoo nga po na self-sufficient na tayo sa rice sa 2013.

Noon pong isang taon, ilan po ba sa atin ang nangahas mangarap na ang bigas na ating isasaing, dito rin sa Pilipinas itanim, aanihin, at bibilhin. Mukha pong matutupad nga: nasabi ko nang ipinangako ni Secretary Proceso Alcala, dinidiin ko po para maalala natin lahat kung sino ang nangako, na bago matapos ang 2013, hindi na natin kailangan pang mag-angkat ng bigas mula sa ibang bansa.

Mantakin po ninyo: dahil sa tamang paggugol at pagtapal sa mga sugat sa sistema na tinatagasan ng pera ng bayan, nakalikom tayo ng dagdag na pondo upang magpatupad ng mga programang higit pa sa napaglaanang pondo sa ating General Appropriations Act. Nagawa natin ito nang walang itinataas na buwis. Labindalawang bilyong piso na po ang tumutustos sa ating mga pangangailangan: mula sa Pantawid Pasada sa mga pampublikong sasakyan na tinamaan ng pagtaas ng presyo ng langis; hanggang sa pampasahod ng 10,000 nurse na nakadestino sa mga maralitang lalawigan; mula sa pambili ng mga modernong barko na magtatanod sa ating mga baybayin; hanggang sa marami pang ibang

mga programa at proyektong totoong napapakinabangan ng kabuuan ng atin pong bansa.



Isipin na lang po ninyo kung hinayaan lang natin ang walang-saysay na paglustay sa kaban ng bayan. Baka po naglalakad na lang ang mga tsuper natin. Baka po ang mga nakaratay sa mga lalawigan ay nananatili pang ngumunguya ng dahon para lunasan ang kanilang mga karamdaman. At baka po patuloy na ngang miski mga isda ay hindi man lang masindak sa ating Hukbong Pandagat.

Pabahay, bigas, seguridad, pasahod, kalsada, pantawid pasada, at salbabida para sa mga kababayan nating nilulunod ng kahirapan: iyan po ang pagbabagong inaani natin ngayon. Alam naman po ninyo, hindi naman po natin nahukay ang kayamanan ni Yamashita para maipatupad ang mga ito. Hinabol lang po natin ang mga tiwali sa gobyerno, itinama natin ang paggugol ng pera, at itinuwid natin ang mga baluktot sa sistema.

Tingnan nga lang po natin ang ginawa nila sa Philippine National Construction Corporation: ni hindi nga po nila magawang mag-remit ng disenteng kita sa taumbayan, may kapal ng mukha pa silang umentuhan ang kanilang mga sarili. Limang pahina po ang memo na ipinasa sa akin ng bagong mga opisyal ng PNCC, na nagdedetalye ng mga katiwalian ng kanilang naungkat at isinasaayos: mula sa mga walang katuturang posisyon na pinasasahuran ng kalahating milyon kada buwan, hanggang sa mga cellphone plan na wala namang silbi sa kanilang katungkulan;



mula sa mga kagamitang ibinebenta nang palugi para lamang diumanong kumapal ang kanilang bulsa, hanggang sa mga inimbento nilang fixed allowance na hindi bababa sa siyento mil kada buwan; lahat po iyan ay itinigil natin. Kaya naman ang dating monthly expense na 22 million pesos, naibaba na natin sa 11 million pesos.

Isa pa pong halimbawa itong kalokohang natuklasan natin sa PCSO. May pera sila para mag-over-budget sa patalastas na nagbabalandra ng mukha ng kung sino-sinong politiko sa telebisyon, pero wala silang pera para magbayad ng tatlong bilyong pisong utang sa mga ospital ng gobyerno. Dahil sa utang na di mabayaran—dahil sa katiwalian—ang mismong ospital na pinopondohan ng gobyerno, ayaw nang tanggapin ang garantiya ng kapwa nila sangay ng gobyerno. Isipin po ninyo iyon, itinayo, ‘di ba, Philippine Charity Sweepstakes Office—iba ho ang ginugulan ng charity.

‘Di po ba’t sasakit din ang batok ninyo sa kalakarang ito? Pagsisiwalat sa kalokohan, sa halip na pakikisawsaw sa katiwalian: ito po ang pagbabagong sinasabi natin.

Alam ko rin pong marami sa atin ang nag-aapurang anihin na ang mga bunga ng naipunla nating reporma. ‘Di ko naman po masisi ang taumbayan na, dumaan sa isang dekada ng katiwalian, at ayaw nang maniwalang posibleng magkaroon ng gobyernong handang tumahak sa tuwid na daan. May ilan pong nahihirapang mapagtanto na kailangan



nating magtulongan, magsaluhan, at mag-ambagan para maabot ang ating mga mithiin. Alam ko po ang pinanggagalingan ninyo: Ako man po ay nangangarap na bukas makalawa ay magising tayong may solusyon na sa bawat problemang minana natin. Ngunit alam ko pong mulat din kayo na wala ring maitutulong ang mabilisan, ngunit walang bisang solusyon. Kailangan ang maingat na paglalatag ng reporma, ang pagsigurong epektibo ang ating mga programa, at ang pangmatagalang mga tugon na hindi na magpapamana ng problema sa susunod na salinlahi.

Simple lang naman po, hindi ba? Nakita naman natin kung paano tayo nagdusa noong nakaraan, at nakita rin natin ang sitwasyong gusto nating makamit sa kinabukasan. ‘Di po ba’t ngayon, buong-loob na nating pinupunan ang puwang sa pagitan ng mga katagang “sana” at ng “kaya,” at nakikilahok na rin ang bayan upang ang ating mga mithiin ay maabot na nating lahat sa wakas? ‘Di po ba’t ngayon, nasaang panig man tayo ng usapan, ang nagbubuklod pa rin sa atin ay malasakit para sa bayan? Ngayon po, bawat kibot natin, nasusundan na. Nagtataka ako: kung may isyu at magtikom ka ng labi, di maubos ang batikos sa akin. Kapag naman naghahayag ka ng kuro-kuro, pakialamero ang bansag sa akin. Kulang na lang po, kung minsan iniisip ko, hatiin ko ang aking katawan at maging manananggal na lang po ako para mapagbiyan ang lahat ng bumabatikos sa akin. Pero iyon po kasi, tanda lamang talaga na mayroong mga tao, ayaw nilang gumanda ang atin pong inang bansa.



Sinabi ko po sa inyo noong araw: kung walang corrupt, walang mahirap. Katumbas ng tamang pamamahala ang direktang benepisyo sa taumbayan, lalo na sa mga kapos po sa buhay: bawat tableta ng gamot na pinopondohan ng gobyerno para sa ating maralitang kababayan, bawat pulgada ng kalsada, bawat pagkakataong makahanap ng disenteng pagkakakitaan—lahat po iyan ay bunga ng integridad at malasakit ng inyo pong pamahalaan na nakikipagtulungan sa sambayanan. Maliwanag po ang patutunguhan natin, at diretso tayong tutungo po doon. Ang serbisyong nakalaan para sa inyo ay dumarating sa inyo: hindi napupunta sa bulsa ng mga naghahari-hariang kung tingnan, ampaw naman pala.

Malayo na po ang narating natin sa loob lamang ng isang taon. Isipin na lang po ninyo kung gaano pa katayog ang mga maaabot natin sa susunod na limang taon. Saksi ang Pilipino at ang buong mundo: Nagbubunga na ang pagbagsas natin sa tuwid na landas. Ngayon pa ba tayo aatras?

Sinisikap pa rin pong buwagin ng mga tiwali ang pananalig na nagtulak sa aking tumugon sa inyong panawagan, at nagbunsod sa ating tagumpay noong nakaraang halalan. Inaasahan po natin ito, at alam kong nasa likod ko rin po kayo sa pakikipagsagupa natin sa mga mapang-api. Sinabi ko po dati: kayo ang aking lakas, ang lakas na bukal ng mga tagumpay na inaani na natin ngayon, at ng tuluyan at napipinto nating

pagpitas sa katuparan ng atin pong mga pinapangarap.



Hindi kailanman magbabago po ito. Kayo pa rin ang boss ko.

Iyong unang taon po ay puwede na rin ‘yung nagawa natin. Pero ‘yung susunod na taon, inaasahan kong lahat ng kawani ng gobyerno, sampu ng sambayanan, ay lalong magtutulongan—dahil gusto ko pong tumulin nang tumulin, ang pagbabago nating ninanasa na marating ay lalong maging katuparan na.

Magandang hapon po sa inyong lahat. Maraming salamat po.



TALUMPATI NI

KAGALANG-GALANG BENIGNO S. AQUINO III PANGULO NG PILIPINAS SA PAGLAGDA NG OATH OF COMMITMENT NG IKALAWANG MILYONG BENEPISYARYO NG PANTAWID PAMILYANG PILIPINO PROGRAM

[Inihayag sa Heroes Hall, Malacañan Palace noong ika-4 ng Hulyo 2011]

Nasaksihan po natin ang paglagda nina Secretary Dinky Soliman at ni Tatah sa kanyang oath of commitment. Si Secretary Dinky, na ‘di-matawaran ang katapatan, at kaytagal nang naglilingkod po sa gobyerno—at si Tatah, na sa edad na 28, sorry, Tatah, nabanggit natin ang edad mo ngayon, ay may lima nang anak. Labintatlong taong gulang na po ang panganay ni Tatah; ang ibig sabihin, 15 taong gulang pa lang po si Tatah, nagluwal na siya ng sanggol, at 13 taon na po niyang pinipilit pagkasyahin ang anumang kapiranggog na kita nila ng kanyang asawa para matustusan ang kanilang pang-araw-araw na gastusin. Ilang beses po kaya niyang narinig, at ng marami pa hong ibang pamilya, ang uha ng kanyang anak na maysakit, ngunit napilitang magpatahan gamit ang

kanta, dahil walang pambili ng gamot? Ilang beses kaya siyang hiningan ng pambili ng lapis o papel, at wala siyang maisagot kundi, “Pasensya na muna, anak”?



At ilan taon na po bang nagkikibit-balikat ang gobyerno, na kulang na lang ay magsabi nang, “hindi ko naman kakilala ‘yan, ‘di ko na kargo ‘yan.”

Ang kuwento po ni Tatah ay kuwento rin ng marami pang pamilyang Pilipino—pamilya na ang mga miyembro ay itinutulog na lang ang pagkalam ng sikmura; dinadaan sa dasal ang karamdaman, apuyin man ng lagnat; at napapabuntong-hininga na lamang kung napipilitang patigilin sa pag-aaral ang kanilang mga anak. Hindi po nalalayo sa sitwasyon ni Tatah ang ina ng mga paslit na nakikipagpatintero sa mga motorista para sumabit sa dyip at mag-abot ng sobre, o sa gitna ng ulan ay may tangan na basahan at nagpupunas ng salamin ng magagarang sasakyan.

Sa harap ng mga mukhang ito—mga mukhang kayhirap tingnan dahil nagbubunsod ng pananagutan—tayo po ba’y magkikibit-balikat na lang din, gaya ng nakasanayan na ng karamihan sa kanilang pamahalaan?

Narito po ako para sabihing hindi. Dahil naniniwala po tayong ang pagmamaang-maangan at pagbubulag-bulagan ay ang mismong sanhi ng paghihirap ng ating mga kababayan. Dahil naniniwala tayong ang kamanhiran ay ang pinakamalaking salot sa lipunan. Dahil hindi ko po




kayang maatim na habang sunod-sunod ang pag-upgrade sa ating credit rating, habang dumarami ang estadistikang nagsasabing umaangat tayo, mayroon pa ring mga Tatah na hindi man lang makakapagpa-check-up bago dumating ang kabuwanan.

Malasakit, pananagutan, pagkakapantay-pantay: iyan po ang pilosopiya sa likod ng ating Pantawid Pamilyang Pilipino Program. Babaguhin po natin ang kuwento ni Tatah. Sa pangunguna po ni Secretary Dinky, hinanap ng Department of Social Welfare and Development ang mga karapat-dapat na benepisyaryo ng ating Conditional Cash Transfer Program. Isa na po ngayon ang pamilya ni Tatah sa mahigit dalawang milyong pamilyang Pilipino na nairehistro na sa 4Ps na mabibigyan ng suportang pinansyal para makaahon sa kahirapan.

Ang pamilya po ni Tatah ang naitalang ikalawang milyong pamilyang benepisyaryo ng CCT, at sa Setyembre ay magsisimula na siyang makatanggap ng cash grants mula sa programa. Mantakin po ninyo, kung napako lang tayo sa isang milyong benepisyaryo ng CCT tulad noong 2009, hindi sana umabot si Tatah sa listahan. Kung nagpatalo po tayo sa mga kontra, saan po kukuha ng lakas na mangarap ang mga katulad po ni Tatah?

Uulitin ko lang po: hindi tayo nagpapalimos sa programang ito. Hindi ito tulad ng game show kung saan depende sa mood ng host, basta-basta na lang tayo magpapakawala ng pera, lalo na po ngayon: pera po

ng bayan ito. Hindi tayo namimigay ng pera: namumuhunan tayo sa kinabukasan ng Pilipino. 

Kapalit ng tulong mula sa kaban ng bayan, kailangan ni Tatah magpacheck-up kung buntis; kailangan niyang papasukin sa paaralan ang mga anak; kailangan niyang pabakunahan ang kanyang sanggol. Sa madaling sabi, ipinupunla natin ang perang ito—22 bilyong piso parang dalawampu't tatlong bilyong piso na po ito, sa taong ito, na patataasin pa sa susunod na taon para makasakop ng mas maraming benepisyaryo—upang sa paglaon ay magbunga ng isang bayang malusog, may pinag-aralan, at may kakayahang umasenso. At hangga't marami pa rin ang hindi makapag-aral ang mga anak, hangga't hindi naaagnas ang linyang naghahati sa mga kasarian sa lipunan, hangga't hindi napapababa ang bilang ng mga sanggol na hindi nasisilayan ang buhay sa labas ng sinapupunan, hangga't marami pa rin ang mga inang namamatay sa panganganak, hindi tayo titigil sa pagsagip sa mga kagaya po ni Ginang Tatah.

Hindi po natin pinapa-jackpot ang mga benepisyaryo nito, sa halip, pinakikintal natin sa kanila ang halaga ng disiplina at pagkakaisa ng mamamayan at pamahalaan—disiplinang gamitin ang pera sa wastong paraan, at buhayin ang diwa ng bayanihan kung saan inaalalayan natin ang nangangailangan.


Binibigyan kayo ng CCT ng tiket para makasama sa pag-arangkada



ng ating ekonomiya, na sa bawat numerong indikasyon ng pag-unlad, katumbas ito ng maraming bilang ng trabaho, ng makapagtatapos ng pag-aaral, at makapagpapagamot sa ospital.

Salamat po sa mga benepisyaryo natin na tinutupad ang ating kasunduan sa CCT. Patunay po kayo na sa maayos na pamamalakad, hindi kailangang manindak o mag-under-the-table para lang pumanig sa atin ang nais nating resulta. Pero hindi po tayo magiging kampante, sapagkat sa tala ng DSWD, siyam sa bawat sampung benepisyaryo ng CCT ang nakakatupad sa mga kondisyon ng programa. Ibig sabihin, may isa pa rin sa kanila, binigyan mo na nga ng salbabida, ayaw pa ring magpasalba. At kapag nagpatuloy ito, hindi lang pondo ang nasasayang, kundi pati ang pagkakataon na naibigay sana sa ibang potensyal na benepisyaryo. Kaya naman ngayong araw, bahagi ng pagdiriwang natin ang pagtibayin pa ang ating kasunduan—sa pamamagitan ng panunumpa natin sa isa’t isa na hindi tayo lalabag sa patakaran at hindi tayo manlalamang.

Patuloy naman pong tutumbasan ng ating gobyerno ang inyong katapatan. Patuloy pang pinapatatag ng DSWD ang mga programang tunay na nagseserbisyo sa mga Pilipino. Pinagsama na nga po ng DSWD ang CCT, ang Kapit-Bisig Laban sa Kahirapan-Comprehensive and Integrated Delivery of Social Services, o mas kilalang KALAHY-CIDSS, at ang Self-Employment Assistance-Kaunlaran o SEA-K Program, mas madali ho ito sa abbreviation talaga, upang bigyan ng kakayahan ang

mga maralita nating kababayan na makibahagi sa solusyon sa kanilang mga problema. 

Kaakibat ang pagsuporta ng ating administrasyon, nakikipag-ugnayan na rin ang DSWD sa iba pang ahensya para sa maayos na implementasyon ng CCT. Nariyan po ang Department of Health para siguruhin ang basic obstetric care, post, and prenatal, at ang pagkakaroon ng sapat na midwives sa mga lugar na sakop ng CCT. Dahil naman sa nakakaalarmang datos na apatnapung porsyento ng ating mga kababayan ang hindi man lang nakakakita ng health professional, tumugon tayo sa pamamagitan ng RN Heals Program at Doctors to the Barrios Program. Mahigit walumpung doktor na po ang naglilingkod sa mga pook na sa loob ng mahabang panahon ay umaasa lamang sa bisa ng hilot, pagtatapal ng pinakuluang dahon, at pag-nguya ng mga halamang gamot. Sa tulong naman po ng DepEd, tutugunan natin ang mga kakulangan sa classrooms at teachers.

Ang ibig pong sabihin ng lahat ng ito: hindi tayo nagkakakawag lamang upang malunod din lamang paglaon. Nakalatag ang plano; magkakatugma ang kilos ng bawat sangay ng gobyerno; nakatuon ang lahat ng ito sa pampang ng tunay at pangmatagalang pag-unlad.

Tinawag tayo ng taumbayan, hindi para magpayaman sa katungkulan. At sa isang taon nga po natin sa panunungkulan, napagtanto natin: puwedeng manungkulan nang hindi nasisilaw sa suhol at kapangyarihan,



na puwedeng maglingkod sa pamahalaan at maging tunay na instrumento sa pag-asenso ng mga Pilipino. Manalig kayo, sa mga reporma natin sa CCT, hindi na kukunsintihin pa ang sistemang pinipili ang benepisyaryong makatutulong sa pagkapanalo ng isang kandidato; hindi na ito ang programang iniaabot ang pondo sa mga pamilyang malapit sa politiko.

Marami pong baluktot sa sistemang ating dinatnan na kailangan nating idiretso. Hindi po natin ito basta-basta maaapura, kundi, may maiiwan pa rin tayong bitak sa sistema. Samahan po ninyo ako sa pag-aruga sa ating mga kababayang nangangailangan ng suporta. Hindi sapat na alamin lang natin ang problema, hindi tama na ambunan lang ng awa ang naghihirap, at ang palimusan lang ang mga paslit sa lansangan. Kailangan natin ng mga aksyon na magdudulot ng pangmatagalang solusyon. Titiyakin nating hindi tayo mapipigilan ng iilan sa hangarin nating marating ang Pilipinas na malayong-malayo sa kalagayang dinatnan natin. Sa pinagsama-sama nating lakas at tiwala sa isa't isa, wala pong makahahadlang sa ating bayanihan para sa ganap na kaunlaran.

Bago po ako magtapos: Alam po ninyo, noong araw po nang mayroong mga ibang palaisipan, “ay pakialam ko sa nga kanila—hindi ko sila kaano-ano, hindi ko sila kamag-anak,” sa akin pong palagay ay talagang napakamali nito. Sa akin pong pananaw, hanggang mayroong naiiwang Pilipino, wala pong Pilipinong kayang umangat. Dahil talaga naman pong imbes na magtulung-tulungan tayong makaraos sa ating kahirapan ay

talagang ‘pag may naiwanan po ay talagang dalahin ang lahat.



Kaya importante po, mga kasama, dito po ay nabigyan tayong lahat ng pagkakataon—ako po, para maglingkod sa inyo, kayo po may pagkakataon para maiangat ang sarili ninyo. Oportunidad ang ibinigay sa ating lahat. Kailangan po bang ibigay rin natin itong oportunidad na ito sa iba pa nating mga kapatid?

Sa pagtatapos po: Sa mga iba pong naiinip, hihingi lang ako ng kaunting paumanhin. Alam po ninyo, mayroon po tayong 4.6 million families na gustong tulungan: 4.6 million po na tao na lang, mabigat po iyon—heto po pamilya, so times five po iyan. Sa informal settler sector po, tinatayang hindi bababa sa 1.4 milyong pamilya ang walang tiyak na tirahan. Iyong pondo po para doon lang sa NCR, iyong kailangan nating malikom para may tirahan—wala pa hong trabaho, tirahan pa lang—kalahati pong trillion. Over 500 billion pesos. Ang minana ko naman po ay deficit, 325 billion na utang na dagdag, o kakulangan. So, dito po, masaya na po akong nakadagdag na tayo: mula 1 million, 1.3 million ang idadagdag nitong taong ito. Next year may 700,000 at least na maidadagdag natin sa programang ito.

Kaya pakiusap ko lang hong matindi: nabigyan tayo ng pagkakataon—samantalahin natin ang pagkakataon, para naman po ‘yung susunod na nakapila ay talagang madali nating makumbinsi na ang ibang sektor ng lipunan, kailangan naman natin silang mapagbigyan ng pagkakataon.



Kung pupuwede ho, asahan ko po kayo. Uulitin ko lang ho, doon sa ibang larangan ng buhay ko puwede pong mabigo. Dito po huwag sana tayong mabibigo.

Magandang hapon po. Maraming salamat sa inyong lahat.



**TALUMPATI NI
KAGALANG-GALANG BENIGNO S. AQUINO III
PANGULO NG PILIPINAS
SA SERBISYONG NEKROLOHIKAL BILANG
PAGGUNITA KAY DRA. FE DEL MUNDO,
PAMBANSANG SIYENTISTA**

*[Inihayag sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya, Lungsod ng Taguig,
noong ika-11 ng Agosto 2011]*

Magandang umaga po. Maupo ho tayong lahat.

Secretary Mario Montejo; Secretary Ike Ona; Mrs. Liza Bengzon, family members of Dr. Fe del Mundo; Dr. Mercedes Conception, National Scientists and Academicians; Officials and Employees of the Department of Science and Technology; ladies and gentlemen; mga minamahal ko pong kababayan:

Magandang umaga po sa inyong lahat.

Maraming titulo at parangal ang maaaring ikabit sa pangalang Fe del Mundo. Sa kanyang pambihirang talino at katangi-tanging dedikasyon, tinahak niya ang landas ng pagiging pediatrician, scientist, guro,



mananaliksik, at tagapagtaguyod ng pampublikong kalusugan. Subalit sa kabila ng kanyang mga naging tagumpay, nakilala natin siya bilang isang simpleng Pilipina. Higit sa lahat, isa siyang dakilang Pilipino.

Hindi nagbulag-bulagan si Fe del Mundo sa nasaksihan niyang realidad sa kalagayang pangkalusugan ng bansa noong siya ay estudyante pa lamang ng medisina. Nang mabigyan ng pagkakataong makasama sa panggagamot sa mga probinsya, namulat siya sa kakulangan sa atensyong medikal ng mga bata—na marami sa kanila ang maagang binabawian ng buhay dahil sa mga sakit na hindi agad natutugunan ng kaukulang lunas. Ang karanasan niyang ito ang nagbigay sa kaniya ng inspirasyon at determinasyon upang magpakadalubhasa sa medisina, partikular na sa pediatrics.

Nakapasok siya sa pediatrics sa Harvard Medical School noong 1936, hindi lamang bilang unang Pilipino, hindi lamang bilang unang Asyano, kundi bilang kauna-unahan ding babaeng estudyante sa noo’y panlalaki pang paaralan sa Amerika. Hinigitan niya ang pagtingin ng lipunan sa kanyang kasarian at pinagmulang bansa. Ipinakita nito ang kakayahan nating makipagsabayan sa mundo sa larangan ng medisina. Nagpakadalubhasa man sa ibang bansa, pinili pa rin niyang bumalik at maglingkod sa sariling bayan. Upang maihatid ang serbisyong pangkalusugan sa ating mga kababayan sa liblib na lugar, lumikha siya ng isang incubator na gawa sa kawayan para magamit sa mga pamayanang walang elektrisidad.

Ikinalulugod po nating hirangin si Fe del Mundo na mapabilang sa Order



of the Golden Heart, Rank of Grand Collar, bilang pagkilala at pagtingala sa katangi-tangi niyang kontribusyon at serbisyo para iangat ang katayuan ng mga naisasantabi nating kababayan sa lipunan. Mula sa mga batang tumatahan dahil nalunasan ang karamdaman, hanggang sa mga magulang na napapawi ang pag-aalala dahil nagamot ang sakit ng kanilang sanggol; mula sa mga doktor o nars na piniling paglingkuran ang kapwa Pilipino sa kabila ng oportunidad sa ibang bansa, hanggang sa mga ipinapatayong libreng pagamutan para sa mahihirap nating kababayan; maaalala natin ang kabayanihan ni Fe del Mundo. Narating man niya ang tuktok ng propesyon, hindi niya nakaligtaang ipaabot ang serbisyo niya sa komunidad, at isubsob ang sarili sa pagsasaliksik upang masugpo at malunasan ang maraming uri ng sakit.

Pinatunayan niyang hindi kailangang magkatungkulan sa gobyerno, o maging matagumpay na negosyante upang makaambag sa pag-unlad ng bansa. Hindi niya hinangad na magpakayaman at kumapit sa kapangyarihan; tanging ang kapakanan at kalusugan ng mga bata at pamilyang Pilipino ang kanyang tinutukan.

Sa ating Pambansang Sayantist, salamat sa iyong dedikasyon na paghusayin ang kaalaman sa agham para paglingkuran ang mga nangangailangan. Salamat sa pagiging inspirasyon ng mga Pilipino na lalong magsumikap at magbayanihan, at sa pagpapatunay na hindi hadlang ang edad o kasarian para maglingkod sa bayan.



Sa pagdadalamhati ng bansa sa pagpanaw ni Fe del Mundo, lalo naman pong tumitingkad ang legasiyang ipinamana niya sa larangan ng medisina at pakikipagkapwa-tao. Sa paglisan ng isang Fe del Mundo, maging hudyat sana ito sa pagsilang ng isanlibo pang Fe del Mundo na handang gamitin ang dunong at talino para sa pag-ahon ng mga Pilipino at hindi alintana ang mga sakripisyo sa serbisyo-publiko. Sa ganitong diwa ng pagkalinga at pag-aruga sa kapakanan ng kapwa, lagi't laging mabibigyang-buhay at hindi maglalaho ang pamana ng ating Grand Dame of Philippine Pediatrics and Medicine—ang Pilipinang naging misyon ang wagas na pagbubukas-palad sa kapwa—na itinuring na sariling anak ang mga nangangailangang sanggol at bata, at ‘di-kailanman pinagkaitan ng tunay na serbisyo ang sambayanang Pilipino.

Hindi ko ho maaangkin na ako po’y nakipagdaupang-palad kay Dr. Fe del Mundo, pero tiyak pong ang aking buhay—buhay po natin lahat—ay sadyang napaganda dahil nagkaroon tayo ng isang Dr. Fe del Mundo.

Ulit, maraming, maraming salamat po, Dr. Fe del Mundo.



**ADDRESS OF
HIS EXCELLENCY BENIGNO S. AQUINO III
PRESIDENT OF THE PHILIPPINES
UPON HIS ACCEPTANCE OF A DOCTOR OF
LAWS (HONORIS CAUSA) DEGREE
FROM FORDHAM UNIVERSITY**

*[Delivered at Fordham University, Rose Hill Campus, Bronx, New York
on September 19, 2011]*

Mr. John Tognino; Father Joseph McShane; Reverend Father O'Hare; Doctor Nancy Busch; Doctor Henry Schwalbenberg, sorry I just came from China; Father Patrick Solomon; Father William Cohen; Father Tomas Murphy; Mr. Stephen Freedman; Mr. Joel Reidenberg; members of the official and accompanying delegations; faculty, students, administrative staff of Fordham University; members of the Filipino community present; honored guests; mga minamahal ko pong mga kakabayan:




Good morning to each and every one.

In 1946, the year the independent Republic of the Philippines was born, Fr. Robert I. Gannon rechristened these 19 steps above Edwards Parade, the Terrace of the Presidents. Into these steps have been carved the names of the heads of state upon whom your university has bestowed honorary doctorates. These names include seven of my predecessors, including that of my mother.

I am struck by the symbolism of Fordham's tradition of literally carving in stone, the names of leaders upon whom you have conferred honorary doctorates. Memorialized in this manner for all time, these names serve as proof positive, or proof negative, of this university's considered judgment in bestowing this honor. Hopefully, I will be in the first category. It serves as a permanent reminder that the verdict of history on those who have been accorded this distinction will neither be deferred, nor ignored.

Now, as it is my turn to accept an honorary doctorate from you, I would like to speak of what brought me to this place. As President of the Philippines, I am here to represent a people who were not given, but rather, who gave themselves, a fresh start.

In the days of my father's imprisonment, an American official made a cruel remark that went around the world as follows—and please pardon my language—“The problem with the Philippines is that it

has 40 million cowards and one SOB.” That official never had to live in a regime where one man was not only despotic judge, jury, and executioner, but also had the bayonets to impose his whims and his will. 

In a regime where the law is nothing more than the will of one man, it is, perhaps, understandable that people tend to bow to unlimited authority out of a desire for self-preservation. The will of the dictator was founded, after all, on fear, and there were many who found it advantageous to be instruments of the apparatus of intimidation and corruption.

It is true there were those who resisted from the start. It is just as true that as time passed, the number who resisted grew, challenged by the examples of conscientious resistance to the dictatorship. The laws of man—or, as we tragically experienced during Martial Law, the laws of one man—ultimately cannot prevail against the power of an unfettered conscience. To obey your conscience is to make yourself immune to the temptations of power and to inoculate yourself against fear. By asserting the primacy of conscience, you can discover - or rediscover - the antidote to dictatorship: you discover that you are not alone.

When my father was murdered, “Ninoy, you are not alone,” precisely became the rallying cry of my countrymen. Within three years, Filipinos from all walks of life defied truncheons and tanks armed only with a conscientious objection to dictatorship, and literally, a death-defying



desire to uphold the principle that our social contract cannot tolerate anyone being above the law.

United, our people made a stand in the main avenue of Metro Manila, called EDSA, just as their countrymen did throughout the Philippines, forcing the dictator, his family, and his retainers, to flee like the thieves they were, into the night.

Twice, in 1965 and 1969, under democratic circumstances, Ferdinand Marcos had taken the oath every one of his predecessors since 1935 had taken: to preserve and defend the constitution, execute its laws, do justice to every man, and consecrate himself to the service of the nation. We now know how he conspired to do the opposite: manufacturing consent for a “new” constitution in 1973, and adding insult to injury by repeating that oath twice more, in 1981 after a sham election, and in 1986 after attempting to rob the people of the mandate they conferred on my mother.

The difference was, that in 1981, most oppositionists had decided to boycott Marcos’ simulated election, while in 1986 Filipinos took the dictatorship head on and contested the Snap Election. In this manner, democracy was restored by the ways of democracy. And when the dictatorship inevitably proved itself incapable of winning even a rigged election, my mother took the same oath as her predecessors - but upon the basis of the will of the people while pointedly ignoring the so-called Constitution of Marcos. A little over a year after that, Filipinos

overwhelmingly ratified a new Constitution, which has endured for a quarter century as a bulwark against the return of tyranny.



The maintenance of democracy has not been easy. But it has been a task to which my countrymen have rededicated themselves time and again, regardless of the desire of some of our leaders, to return to the days of impunity and plunder. While far from perfect in its implementation, our basic law has endured because of our people's proving time and again, that the vow they made—"Never again!"—after the dictator fled, would neither be taken back nor taken away. It is that determination not to surrender to apathy, and not to allow ourselves to become atomized prisoners of despair and intimidation, that led me to where I am now.

Every one of the students here knows Lord Acton's observation that power tends to corrupt and absolute power corrupts absolutely. My predecessor, facing questions on her legitimacy, focused on keeping herself in power to the exclusion of all other considerations. In both cases, those who had grown fat on the corrupt status quo funded and supported efforts to subvert our democracy; and in both cases, despite it all, the Filipino renewed their social contract with each other and stood firm in their democratic ideals.

I will give you a simple demonstration of the task that is before us, as we renew our institutions to strengthen the principle of a nation of laws and not merely the whims of men. The sight of officials, with sirens



blaring and armed escorts bristling with guns, had grown to epidemic proportions prior to my taking office. Public servants had literally become masters of the streets.

My first act as chief executive was to dispense with the use of sirens and to prohibit their use for other officials except for those entitled by law, and to furthermore prove my seriousness by leading by example to symbolize a change in the mindset of officials from behaving as masters to being authentic public servants. I am happy to say that this decision has been accompanied by a fierce insistence on the part of my countrymen not to tolerate any violations of this policy.

It is in small things that big things are accomplished: where the population not only abides by the law, but insists on its implementation. There you have a people truly secure in their freedoms. We have gone far beyond this first step in the first year of my administration: we have put forward legislation to strengthen our witness protection program and accord whistleblowers protection. We have raised the salaries of the judiciary and of the prosecutors of the state. We have committed to the upholding of human rights by the military and the police. We have filed cases against tax evaders and we have scrutinized the finances and operations of government to curb waste and to bring the resources of the state directly to our people.

At the heart of all these is not my will, or the hard work of my

cabinet, but the resolve of my countrymen. If we are our brother's keeper, then government is too important a task to leave strictly in the hands of officials. Throughout the Philippines, volunteer organizations, and civic associations, non-governmental organizations have taken to working with government to scrutinize, suggest, and partner with local and national agencies to cut red tape, make policies relevant, and achieve inclusive growth—where all citizens have the opportunity to achieve their fullest potential.



After a decade of political turbulence, the Philippines has entered into an era of renewed stability and confidence. The Filipino people have truly discovered that power is theirs: that the People Power that faced down tanks and artillery, truncheons and teargas, can be their dynamo for progress and the lasting mortar for a government that applies its laws fairly. While I am the instrument of the people's will, I too, have my own ambition: and that is, that with this rediscovered appreciation of their strength and their renewed optimism and vigor, the Filipino people, by the end of my term, will have grown so accustomed to genuine public service and so intolerant of corruption that whether a saint or a sinner succeeds me, no one will be able to roll back the tide of progress and good governance.

In this very campus, a little over a quarter century ago, my mother told our countrymen, all 6,000 strong, gathered here: “Make us proud of




you, show the rest of the world that we are a wonderful race and that we are a people to be respected and admired.”

To my countrymen, and those of good will to all Filipinos, it is with great pride that I say: Indeed, you have made us proud. You make me proud for you have remained true to yourselves. Whether at home or abroad, the Filipino stands for something. By holding fast to democracy, by working mightily for reform, it can well and truly be said, there is no corner of the world where a Filipino cannot hold their head high.

It is said of Filipinos that their hospitality and generosity knows no bounds. And it is with that sense of paying it forward that I am here in the United States, to share the lessons—hard earned, but in the earning, so much more cherished and uncompromising—that we have learned in keeping government open and transparent. We have had our periods of darkness, but now we are living in the light.

Let no one doubt that where the citizenry is unafraid to take its leaders to task and participates in nation building, there you have a nation of empowered citizens cognizant of why government exists: and that is to alleviate the suffering of our countrymen. By means of being empowered, our fellow citizens will not only identify the problems we face, but will commit to being part of the solution, and by so doing, seize the better future we all deserve.

And for that, and for the honors you have bestowed upon my mother

and our people in whose name I accept this degree, I would like to thank  you and we would like to be able to say, one day, that all of this recognition really became a reality for our people.

Thank you, and good day.



**SPEECH OF
HIS EXCELLENCY BENIGNO S. AQUINO III
PRESIDENT OF THE PHILIPPINES
DURING THE IBM CENTENNIAL FORUM**

[Delivered at the Lincoln Center, New York City on September 21, 2011]

It is an honor to be here at the IBM on its centennial, and to speak before such distinguished people about what I view as the future of leadership in the 21st century.

On a more personal note—not too many people know this—my elder sister Pinky was a former employee of IBM. She in fact met her husband Manolo while part of the IBM family.

This goes to show that I am here this morning not only as President of a country that is grateful for your investments, I am here as a friend of the company—a friend to innovation, and a friend to harnessing the positive energies borne of risk-taking and the recognition of opportunities.

Who would have imagined that a business that initially made scales, clocks, and tabulating machines would one day be at the head of the pack in information

technology, with a globally integrated enterprise employing more than 400,000 people? As the world evolved, so did IBM; when the world sought new answers to new concerns, IBM responded.



In the same way that IBM had to evolve successfully to thrive in a changing environment, political leadership that fails to evolve in response to the changing times produces a disconnect between the leaders and their publics. It is this type of leadership that finds itself under siege today.

In North Africa and in the Middle East, people are rising up and replacing their leaders. In parts of Europe, people are flocking to the streets to protest against cuts in social spending, and even here in America, grass root movements have sprouted, clamoring to be heard.

History, as we know, is replete with similar cautionary tales. But while in the past, it took years for a people's dissatisfaction to achieve a critical mass; today, in the span of months, days, hours, and even minutes, a people can liberate themselves from fear and trepidation to find common cause. In my country, it took fourteen years since Martial Law was declared for individual resistance to coalesce and culminate in the People Power EDSA Revolution of 1986. The public space had to be reclaimed inch by inch: first by word of mouth, then by shoddily mimeographed pamphlets, and finally through the airwaves. Today, the internet is in itself a gigantic public space; technology has allowed for so much instantaneous communication, and creating a consensus and forging a commitment to concerted action for change can take place at broadband speed.



Technology has also genuinely globalized empathy and solidarity. However much anyone tries to withhold the truth, and no matter how anyone fails to alleviate the plight of a fellow man suffering, no barricade, no border, no propaganda can resist the assembly and mobilization of peoples. We have seen this unfold in the Arab Spring, when the people of Tunisia standing up for their freedoms informed and inspired neighboring countries in the region.

The many voices that can now speak, the speed by which they can make themselves heard, and the wide reach of new media has only put the complexities of human society at the forefront. In the face of such complexity, and with the demand for diversity, the rigid confines of ideology can no longer suffice. Grand narratives such as communism and capitalism have been eroded by the demands for a government that is both inclusive and accountable.

Deng Xiaoping saw the first glimmers of this, and expressed it in his famous maxim, “It does not matter whether the cat is black or white; what matters is that it catches mice.”

He meant, I believe, that the ideological paradigms of political leadership common in the last century cannot account for the complexities in today’s societies, and governments need to be nimble and adaptable enough in order to respond to challenges as they arise. The challenge is to approach different situations with a certain pragmatic idealism.

In my country, for example, government does not allow itself to be hampered by ideological labels. We are borrowing best practices from what we’ve seen.



Some of my policies have been referred to as socialist, while others may be called neo-conservative. This is not to say that my policies have no strategic purpose in mind; it means, in fact, the opposite. It means the only compass that I refer to is my people.

Labels are not important to me; what is important are practical solutions that will address the needs of my people. For example, we are trying to create an environment where businesses can thrive at a leveled playing field, with clear and consistent rules so that they will not be afraid to come in and invest. My government considers free market principles as a solid basis for economic growth. At the same time, however, we recognize that this growth is not always even; the danger of untrammelled capitalism is that it can condemn the poor to being permanently poor. Growth must be inclusive; progress must be equitable.

This is why my administration has put in place strategic interventions to ensure that any gains reaped from a growing economy are channeled directly to the people. Nearly a third of our national budget for the following year has been allotted to social services. Entirely through savings acquired by more prudently spending public funds, we have deployed 10,000 nurses to rural areas that historically have not had access to medical professionals. We are for the second consecutive year significantly increasing the budget of our conditional cash transfer program, which invests in our people by providing cash incentives for keeping children in school, immunizing infants from diseases, and undergoing check-ups for pregnant women.




What has given us the momentum to pursue these policies and reforms? It was nothing less than the forging of a national consensus by means of a credible election. And this consensus is maintained by a commitment to transparency—an openness that informs our people of the workings of their government and breeds an informed citizenry that vigorously participates in and elevates public discourse.

This is what my mother meant when she said we must institutionalize People Power: to make it not a last resort to topple tyranny and oppression, but instead embed it within our institutions so that the people may freely and constantly make their voices heard. To make the policies of government reflect the people's collective will.

In this era of knowledge and information, it has become more and more evident that a people will always find a way to be heard. When they feel that their government has become unresponsive, when it no longer mirrors their dreams and aspirations, when it has failed to treat them with the dignity they deserve, a people will find ways to reach out to one another and unite under a singular purpose. As they have found a way to stop tanks, so will they find a way to elude firewalls.

The path of leadership today and the foreseeable future, then, is not in stifling voices; it is in allowing them to flourish, and concentrating our energies toward the forging of a consensus from a diverse orchestra of opinion. From electoral reform to pouring funds into social services, from liberalizing aviation to supporting

legislation meant to inform my people as regards responsible parenthood, I feel that I have had, in little more than a year as President, more than my share of battles in the court of public opinion. 

But I believe that dissent rests in the marrow of every democracy; my people know all too much the value of being able to say “no” and “enough” in the face of dictatorship. Dissent, after all, is what speaks truth to power.

But an even greater truth is this: A society that respects all voices avoids having any individual voice try to drown out the others. And where all can speak and be heard with dignity and good will, there you can find a conversation that leads to a consensus.

What, then, is the future of leadership? What makes a leader? The leader is one who exercises self-control; one who promotes discourse, discourages demagoguery, and seeks consensus. One who holds fast to essential truths without forcing the world to conform to his preconceived notions; one who, in other words, recognizes that legitimacy is built on accountability, and accountability is built not on promises but through results. Ultimately, a leader is one who trusts his people to decide for themselves, and allows them to shape their own future.

Thank you.



**STATEMENT OF
HIS EXCELLENCY BENIGNO S. AQUINO III
PRESIDENT OF THE PHILIPPINES
ON THE AFTERMATH OF THE ARMED
ENCOUNTER IN BASILAN ON OCTOBER 18, 2011**

[Delivered at the President's Hall, Malacañan Palace, on October 24, 2011]

On the 18th of October, the Armed Forces began operations to pursue lawless elements in Al-Barka, Basilan. It resulted in the neutralization of nine criminals; unfortunately, 19 of our own soldiers were also killed.

Our soldiers were in pursuit of criminal elements with valid warrants of arrest—among them the fugitive Ibrahim Malat Sulayman, a leader of the Abu Sayyaf bandit group and a notorious criminal wanted for nine counts of murder. They are criminals whose actions stand outside of the peace process and what it signifies.

There have been calls to wage an “all-out war” against the MILF. While it is tempting for government to join the chorus in calling for blood, we believe that such a course of action is not appropriate at this point. We

are not interested in knee-jerk reactions that will jeopardize our efforts to address the roots of conflict in the region. Anong klaseng pag-iisip ang nagsasabing awayin ang lahat, sabay-sabay, miski ang nananahimik, sa lahat ng sulok ng Pilipinas, para lang masabing may ginagawa ka?



We recognize that these calls, or at least some of them, for all-out war may come from those who do not have a full awareness of all the factors at play. However, my decisions cannot be borne out of ignorance. They have to be based on available facts. It is so easy, out of frustration, to close the door on negotiations at this time. If we go down this path, more innocent civilians will be put in harm's way. The difficult peace process cannot be enhanced by shedding more blood and generating more ill will. We have to exhaust all possibilities for attaining peace through dialogue.

We will not pursue all-out war; we will instead pursue all-out justice.

All-out war is indiscriminate and borne out of anger. All-out justice is sober and fair; it is based on the rule of law, and leads to lasting peace.

In line with this, I have instructed intensified operations against all these criminal elements. The mailed fist of the State will be brought to bear upon them so that justice may be served. There is no question that the state will find them; the only remaining question is when. There will be sacrifices in addressing this decades-old problem. We expect everyone to understand this, and are confident of the cooperation of our citizenry.

This is not a purely military or police effort. Our local government



and community leaders must assist in our efforts to achieve a holistic solution to the problems of the region.

In conducting their operations, our armed services have always been, and always will be, mindful of the safety of the civilians. Rest assured that the government will do everything it can to maximize the safety of the people and attend to their needs.

The men who sacrificed their lives in service of our people have the deepest respect of their commander-in-chief, and the utmost gratitude of the State. Siblings of one of the deceased, through their mother, indicated their desire to enlist in the military, in the midst of their loss. As I stood over their remains, I made a personal pledge to do all that I can so that, in the future, such sacrifices will no longer be necessary.

Let me remind everyone that there are those who will try to use this incident to gain political leverage and further agitate the public. Rash decisions fueled by a thirst for vengeance can only serve to dishonor the memory of the 19 brave souls who died last week, and the many others lost in our efforts to win the peace.

I urge our people to keep their eye on our long-term goals. May naalala po ba tayong magandang desisyong nagawa habang mainit ang atin pong ulo? Buhay po ang nakasalalay dito.

Maipapangako po namin sa inyo na sa darating na mga linggo, isa-isang mananagot ang mga kriminal na ito, habang tuloy-tuloy naman ang

pag-aaruga natin at pagbibigay serbisyo sa mga mamamayang maaaring maapektuhan ng situwasyong ito.





TALUMPATI NI

KAGALANG-GALANG BENIGNO S. AQUINO III PANGULO NG PILIPINAS SA PAGPAPAILAW SA CHRISTMAS TREE NG OFFICE OF THE PRESIDENT

[Inihayag noong ika-1 ng Disyembre 2011 sa Malacanan Palace]

Executive Secretary Jojo Ochoa; Secretary Gazmin; Secretary Llamas; Secretary Deles; mga kapwa kong kawani sa gobyerno; at ‘yung mga bisita: pasensya na po kayo, akala ko kakanta muna sila—siguro naman hindi ho inaasahan na ako po ang kakanta? Kakalampas lang po ng ulan, at mukhang sobra na po iyong na sa Pasig River ngayon.

Magpapasko na po, at sa kabila ng lahat ng ginagawa natin—alam ko pong busy tayong lahat sa kani-kaniya nating mga trabaho—ay hindi natin nalilimot ang pagdating ni Hesukristo; hindi natin pinalalagpas ang maliliit na pagkakataon upang magdiwang at magsama-sama.

Alam naman po nating lahat ang isinasagisag ng mga tradisyon natin tuwing kapaskuhan. Ang mga parol na nagsulputan na sa mga pasilyo at bintana ng mga tahanan ay kumakatawan sa bituwing gumabay sa Tatlong



Hari tungo sa sabsaban, kung saan sila nagbigay-pugay sa bagong-silang na Hesus. Ang mga belen ay nagsisilbing paalala sa simple at maralitang simulain ng ating Tagapagligtas. At ang mga anghel na may hawak na trumpeta ang nag-anunsyo ng Kanyang pagdating.

Ang puno naman po, noong sinaunang panahon, ay yari sa evergreen tree, na hindi kumukupas ang pagka-luntian, kahit sa gitna ng niyebe. Nagsilbi po itong simbolo sa mga unang Kristiyano: matatapos din ang taglamig; mananaig ang init ng buhay at pagmamahal; palaging mayroong pag-asa.

Hindi naman po siguro lingid sa inyong kaalaman ang maraming pagsubok na dinaraan ng ating bansa. Ngunit hindi po ako natitinag dahil alam kong nasa likod ko kayong lahat dito sa Office of the President—Tama ho ba?

Dito lang ho tayo sa kanan siguro mag-au-authorize ng productivity incentive.

Pinirmahan ko na ho kanina. Pero kami ho yata ni ES hindi kasama doon, at saka si Secretary Deles.—kayong mga front-liners ng pagseserbisyo natin sa publiko. Nagpapasalamat po ako dahil hindi tayo nalilihis sa tuwid na landas, at alam ko pong malaking bahagi nito ang pagbabagong ipinapatupad ninyong lahat, mula sa tuktok hanggang sa baba ng burukrasya.

At ngayon nga pong sinindihan na natin ang ating Christmas tree at mga Christmas lights dito sa Malacañang, ipinapahayag na rin po natin sa bayan ang isa pang simbolo, isa pang tradisyon. Ito po ang tradisyon



ng taos-pusong pagbibigay sa kapwa na ipinamalas sa atin ni Hesus. Ito po ang simbolo ng liwanag na kaya nating ibigay para sa bayan. Ang indibiduwal po nating mga gawain—ang sari-sarili nating pagbubukas-palad, pagmamalasakit sa kapwa, tapat na serbisyo, at pagkilos tungo sa interes ng ating mga kababayan—lahat po ng ito, kung susumahin, ay sapat upang talaga namang isulong ang ating minamahal na Pilipinas.

Gaya nga po nitong mga ilaw na sinindihan natin ngayon: Maaari pong ang bawat maliit na bumbilya ay hindi kayang tumanglaw ng daan kung mag-isa siya, ngunit kung magsasama-sama at mag-aambagan, makabubuo ito ng isang dakila at dambuhalang liwanag na hindi kayang paandapin ng kahit anong kadiliman.

Huling paalala lang po: mag-iingat po tayo sa cholesterol sa darating na mga linggo, at galingan po natin sa paghahanda ng mga presentation sa kani-kaniya nating mga Christmas party.

Magandang gabi, salamat sa pakikinig, at maligayang Pasko po sa ating lahat.



**TALUMPATI NI
KAGALANG-GALANG BENIGNO S. AQUINO III
PANGULO NG PILIPINAS
SA 1ST NATIONAL CRIMINAL JUSTICE SUMMIT**

[Inihayag noong ika-5 ng Disyembre 2011 sa Centennial Hall, Manila Hotel]

Magandang umaga ho. Maupo ho tayong lahat.

Ako na ho pala agad. Sana ho hindi ako late.

Senate President Juan Ponce Enrile; Speaker Sonny Belmonte; honorable members of the House of Representatives present; Chief Justice Renato Corona and the honorable members of the Supreme Court, Court of Appeals, and Sandiganbayan; excellencies of the diplomatic corps; Secretary Leila de Lima; Secretary Jesse Robredo; Secretary Eduardo de Mesa; Secretary Cesar Garcia; Chairman Francis Tolentino; Presiding Justice Villaluz of the Sandiganbayan; men and women of the Philippine National Police, led by Director General Nicanor Bartolome; civil society; non-government organizations; fellow workers in government; honored guests; ladies and gentlemen:

Ang pagtitipon natin ngayong umaga ay isang pagkakataon para higit na masuri ang lakas at kahinaan ng ating kasalukuyang criminal justice



system, at makalikom ng mga makabago at napapanahong inisyatibang pangkatarungan. Masasabi nating napapanahon ito: dahil sa mga araw-araw na headline sa diyaryo at telebisyon, nasasaksihan din ngayon ng buong bansa kung gaano kasalimuot ang trabaho ng mga clerk of court, abogado, at huwes. Walang duda sa halaga ng inyong trabaho: ang inyong mga desisyon at hakbang ay may makabuluhang implikasyon sa atin pong demokrasya. Dahil dito, mahalagang balikan natin ang nakasaad sa Artikulo 2, Seksyon 1 ng ating Saligang Batas: ang ganap na kapangyarihan ay nasa sambayanan, at ang lahat ng kapangyarihang pampamahalaan ay nagmumula sa kanila. Minabuti ko pong ipaalala ito sa inyo dahil minsan sa ating kasaysayan, tila nakalimutan natin ito. Noong panahon ng batas militar, hindi nakatuon ang katarungan para sa kapakanan ng taumbayan, kundi upang sundin ang mga kagustuhan ng iisang tao lamang, ang dating pangulong Ferdinand Marcos. Mismong pamilya ko po ay biktima nito: Iniharap sa court martial ang aking ama, subalit bago pa man magsimula ang paglilitis, malaon nang naitakda ang kahihinatnan niya. Sa isang hukumang binubuo ng mga mahistrado, abogado, tagalitis, at mga saksing itinalaga ng mismong nagsampa ng kaso—si Ginoong Marcos—ginawa ng diktadurya ang lahat ng kanilang makakaya upang baluktutin ang katarungan at ubusin ang karapatang pantao ng aking ama. Kahit wala siyang kasalanan, pitong taon at pitong buwan po siyang ipiniit at pinagdusa, habang pinagpiyestahan ng mga nasa kapangyarihan ang kaban ng bayan. Tinanggalan nila ng

piring ang katarungan, at naibaling nila ang timbangan ng hustisya ayon sa kanilang kagustuhan.



Ngayon, bilang inyong Pangulo, may sinumpaang akong tungkulin: ang pangangalagaan at ipagtatanggol ang Konstitusyon, ipatupad ang mga batas nito, maging makatarungan sa bawat tao, at italaga ang aking sarili sa paglilingkod sa bansa. At bahagi ng aking mandato ang tiyaking hindi na maulit ang mga kadilimang nangyari noong panahon ng Martial Law, at kung may gumawa man nito, ang siguruhing managot sila sa kanilang kasalanan.

Kaya naman simula't sapul pa lamang, naglatag na tayo ng mga hakbang upang bigyang linaw ang mga alegasyon ng korupsiyon noong nakaraang administrasyon: mula sa fertilizasyon scam, na nagpataba umano, hindi sa mga pananim, kundi sa mga bulsa ng ilang opisyal; hanggang sa ZTE deal, na humantong din sa pagkakakidnap di-umano sa saksing si Jun Lozada; mula sa alegasyon ng pandaraya ng 2004 at 2007 election, at marami pang ibang katiwalian na nais nating maunghat.

Sinimulan natin ito sa pagbuo ng Truth Commission, na dapat ay susuyod sa mga di-umano'y katiwalian lumaganap noong nakaraang administrasyon, at panagutin ang mga nasa likod nito. Wala itong ibang layon kundi iwasto ang mali sa lalong madaling panahon. Subalit alam naman natin ang nangyari: labag daw ito sa Konstitusyon ayon sa Korte Suprema. Unang hakbang pa lang natin, may barikada na agad.

Tungkulin ng COMELEC na tiyaking malinis at kapani-paniwala ang resulta



ng eleksyon. Kaya naman natural lang na humingi sila ng tulong sa DOJ para imbestigahan ang mga alegasyon ng pandaraya noong 2007. Pangkaraniwan na ang pagbuo ng ganitong mga panel, ngunit kinukuwestiyon ito ngayon sa Korte Suprema. Kinukuwestyon din nila ang legalidad ng warrant of arrest na ipinataw ng Pasay Regional Trial Court kay Ginang Arroyo.

Pansinin po ninyo: Nang naglabas ng TRO ang Korte Suprema, may kaakibat itong mga kondisyon. Subalit hindi nagtagal, sila mismo ang umaming hindi naman pala kailangang tuparin ang mga alituntuning ito. Aba, naglagay ka pa ng patakaran; wala ka naman palang balak na masunod ito. Lahat na ng proseso ay sinusunod natin, ngunit sa kabila nito, tayo pa raw ngayon ang naghahanap ng away. Sino ba naman ang hindi magdududa sa tunay nilang hangarin?

Hindi ito ang unang beses na gumawa ang Korte Suprema ng mga desisyong napakahirap unawain. Ayon sa Article 7, Section 15 ng Saligang Batas, “Ang isang Pangulo ay hindi dapat gumawa ng mga paghirang sa loob ng dalawang buwan bago sumapit ang susunod na halalang pampanguluhan at hanggang sa matapos ang kanyang taning ng panunungkulan, maliban na lamang sa mga pansamantalang paghirang sa mga katungkulang ehekutibo.” Ngunit alam naman po nating pinilit ni Ginang Arroyo na magtalaga pa rin ng Chief Justice. Hinirang siya, hindi dalawang buwan bago ang halalan, kundi isang linggo matapos ang eleksyon. Base sa batas at sa dati nilang pasya, sumang-ayon ang Korte Suprema na bawal magtalaga ng pwesto dalawang buwan bago sumapit



ang susunod na eleksyon, maliban na lamang kung ito ay pansamantalang posisyon sa ehekutibo. Ngunit bumaliktad sila nang italaga ni Ginang Arroyo, ang ating kagalang-galang na Chief Justice Renato Corona: isang pwestong hindi saklaw ng ehekutibo, kundi sa hudikatura. Ang tanong ngayon: lumabag ba ang Korte Suprema sa pagbabaliktad ng dating pag-unawa ng ating Saligang Batas?

Isang halimbawa pa po ng desisyon nilang mahirap intindihin ay tungkol sa paggawa ng mga distrito sa Kongreso: Sa Article 6, Section 5 ng Saligang Batas, kinakailangang mas higit sa dalawandaan at limampung libo ang populasyon ng bawat distrito. Ang problema: may mga hindi nakakaabot sa bilang na ito, tulad na lamang ng isang distrito sa Camarines Sur na may mahigit isandaan pitumpu't anim na libo lamang ang populasyon. Kaya noong nasa Senado pa tayo, bilang Chairman ng Committee on Local Government, kinuwestyon natin ang pagbuo ng distritong ito, subalit naibasura lamang ito ng Korte Suprema. Ang tanong ngayon: kung hindi na nakasalalay sa populasyon ang paglikha ng distrito, ano ang magiging basehan ng mga mambabatas kapag may panukalang redistricting? Ibig bang sabihin, may nakalatag tayong batayan kapag lungsod ang binubuo, pero kapag lalawigan o distrito sa lalawigan, wala na? Nakikiramay po ako sa bagong Chairman ng Senate Committee on Local Government na si Senador Bongbong Marcos: Goodluck po sa pagresolba ng problemang ito; sinubukan ko pong resolbahin noong panahon ko.

Iginagalang po natin ang pagkakapantay sa kapangyarihan ng hudikatura




at ng ehekutibong sangay ng gobyerno. Wala po tayong balak na tapakan ang karapatan nila, o bastusin ang kredibilidad ng sinuman. Pero kailangan nating balikan ang mga batayang prinsipyo ng ating demokrasya. Kami pong mga nanumpa sa tungkulin ay iisa lamang ang pinagkakautangan ng loob: kayong mga Boss namin, ang sambayanang Pilipino. Narito kami para maglingkod sa ating bansa; at para may manilbihan nang buong katapatan at sigasig sa mga Pilipino.

Ngayon, kung may isang lingkod-bayan na tumatanaw ng utang ng loob, hindi sa taumbayan na siyang dapat na bukal ng aming kapangyarihan, kundi sa isang padron na isiniksik siya sa puwesto, maaasahan po kaya natin siyang intindihin ang interes ng Pilipino?

Hindi po ako nagtapos ng abogasya. Gayumpaman, lumaki tayong may malinaw na pananaw kung alin ang tama, at kung alin ang mali; kung alin ang makatao, at kung alin ang tiwali. Naninindigan pa rin akong ang katarungan ay hindi manibelang basta-basta naililiko sa kung saan nais sumadsad ng mga mahistrado. Hindi ito laruan ng mga abogado't hukom na binabaliktad at pinapasirko ayon sa kanilang kagustuhan.

Balikan po natin ang nabanggit ko kanina: ang kapangyarihan ng Korte Suprema, ng Pangulo, at ng Kongreso ay nagmumula sa nag-iisa nilang Boss: ang taumbayan. Samakatwid, ang interes lamang ng taumbayan ang dapat naming panigan at ipaglaban. Nanumpa akong pangangalagaan at ipagtatanggol ang Konstitusyon, ipatupad ang mga batas nito, maging makatarungan sa bawat

tao, at italaga ang aking sarili sa paglilingkod sa bansa. Wala akong balak na lumabag sa aking sinumpaang tungkulin. Wala akong balak na biguin ang taumbayan. 

Obligasyon ko, at obligasyon nating lahat na manatiling tumahak sa iisang direksyon, sa ilalim ng nagkakaisa nating adhika: ang paglingkuran at pangalagaan ang interes ng sambayanan. Sa lahat ng nakikibalikat sa atin sa tuwid na daan, manalig kayo: Hangga't nasa tama tayo, wala tayong laban na aatrasan. Hanggang nasa likod natin ang taumbayan, magtatagumpay tayo. Huwag natin silang bibiguin.

Magandang araw po. Maraming salamat po.



**SPEECH OF
HIS EXCELLENCY BENIGNO S. AQUINO III
PRESIDENT OF THE PHILIPPINES
AT THE ARANGKADA PHILIPPINES FORUM**

[Delivered at Marriott Hotel, Pasay City on January 26, 2012]

Secretary Greg Domingo, Secretary Butch Abad, members of the Diplomatic Corps present, Mr. Rhicke Jennings, Mr. John Daniel Casey, Mr. Julian Payne, Mr. Hubert D’Aboville, Mr. Nobuya Ichiki, Mr. Edward Eun-Gap Chang, PEZA Director General Lilia de Lima, honorable members of the Joint Foreign Chambers of the Philippines, friends from the business sector, fellow workers in government, honored guests, ladies and gentlemen:
Good afternoon.

First of all, a belated Happy Chinese New Year to all of you. As you know, we declared last Monday a national holiday in solidarity with the sizable Filipino-Chinese community in the country. We welcomed the year of the Water Dragon, which some believe to be a period where boldness is rewarded; a year where big, innovative projects will also meet with success. Also, they say that black and yellow are two of the lucky colors for this year.

Both are staples of my wardrobe, and while I am not a superstitious person per se, I am sure you will agree with me when I say that we all want the best luck for 2012.



The forecasts have a common message: This is going to be a challenging year for the global economy, particularly in the West. Countries such as France and Italy have experienced ratings downgrades; the fate of Greece remains uncertain; and even though the U.S. economy is beginning to show signs of recovery, optimism remains cautious and many analysts will warn that it's too soon for anyone to cheer.

All of these have had an impact especially on Philippine exports and, of course, the remittances of our Overseas Filipino Workers. On the other hand, however, it opens doors for countries that have displayed relative stability. Capital has been looking eastward; investments have already begun to gravitate towards emerging markets, and the Philippines is among those countries who are increasingly being mentioned in this conversation. HSBC, for example, has released a study showing that, if current trends hold, our country will be the 16th largest economy in the world by mid-century. At which point, as a very senior citizen of this country, I hope to be benefitting from an expanded social safety net.

We, of course, want to realize this potential sooner rather than later, and are aware that much more needs to be done in order to achieve our goals. The Joint Foreign Chambers of the Philippines (JFCP), acting in solidarity




with our agenda of national transformation, has graciously conducted a study on how to accelerate investments and economic growth and create jobs in the country.

The Arangkada study mentioned seven promising sectors. Some in the audience may recall that these same seven sectors were part of my platform during the 2010 election campaign. They represent the global competitive advantage of the Philippines. They are primary areas of growth that can create millions of jobs for our economy and potentially change the tragic paradigm of poverty afflicting too many of our citizens.

And while some, such as the Business Process Outsourcing sector, are areas that have been showing constant progress, three of them are of particular focus to my administration this year because they tend to promote inclusive growth. These are the sectors of tourism, infrastructure, and agriculture.

I have often characterized the tourism sector as a low-lying fruit, which, with some creativity, can be promptly picked, for the benefit of our people. Filipinos have never lacked for creativity, and that is now on full display through the recently launched “It’s more fun in the Philippines” campaign spearheaded by Tourism Secretary Mon Jimenez.

But even before the campaign was launched, initial steps taken by this administration in tourism have already borne fruit. Total visitor arrivals in the country in 2011 reached 3.917 million—11.2 percent higher than the

3.520 million posted in 2010 and, of course, almost 25 percent than the common three million that we inherited. This surpasses our target visitor arrivals for the year by 4.6 percent—it's the first in Philippine tourism. 

This initial success can in part be attributed to our decision to liberalize the aviation policies of this country. Foreign airlines such as All Nippon Airways and Air Asia are now offering flights in and out of the country. Tiger Asia, after a hiatus, has likewise resumed its operations here. Not to be outdone, local carriers are also aggressively expanding overseas. In particular, Cebu Pacific will begin offering direct flights from Manila to Hanoi in March, and pretty soon, to the Middle East. Our airport in Clark will probably see over a million passengers this year as it develops into a low-cost carrier hub for Filipino and foreign airlines, and we are exploring ways to open up other secondary gateways in other regions so that people can travel directly from abroad to these destinations. Last December, for example, the NEDA Board approved the project of DOTC Secretary Mar Roxas to upgrade the Puerto Princesa airport in Palawan—an upgrade critical in sustaining the influx of visitors to Palawan. These, along with the refurbishing of NAIA Terminal 1 and the completion and full utilization of Terminal 3, will bring us closer to our goal of tripling tourist arrivals to ten million visitors by 2016.

These airports are just a few of the infrastructure initiatives that my government is undertaking. We are, among other things, modernizing our



national highway system through public sector spending. The Manila North Road is currently undergoing upgrading and widening, while the SCTEX eastern extension to Nueva Ecija will be funded through the two-step loan of DBP, financed by the Japanese Official Development Assistance.

We recognize the advantages of rail and are working to extend LRT-1 south and LRT-2 east, even as the Bicol Express Train begins its revitalized commercial operations. We want to see the MRT-7 project on Commonwealth Avenue begin construction this year. With only four and a half years left in my administration—to be precise: four years and five months—I am sure Secretary Mar is as eager as I am to move these projects onward.

I am aware of concerns about infrastructure underspending at the start of my administration. I would have to say, however, that even as we spent much time and effort putting in place a system of expenditures and procurement that would curb graft, the DPWH under Secretary Babes Singson still completed a total of 10,254 road, bridge, flood control, and other infrastructure projects, and disbursed a total of 105 billion pesos for the full year of 2011. And with more prudent and transparent processes, the pesos spent for all of these projects went where they should—and not to line the pockets of the corrupt. Now that the necessary project integrity checks and systems are in place, I am happy to report that as of January 13 of this year, around two-thirds of the P205.8-billion budget for the infrastructure program has been released. This means 137.4 billion pesos that will redound

to employment for those who work in construction, increased mobility for goods and services across the nation, and more livelihood opportunities for those in our respective local communities.



There were also many encouraging signs from the agriculture sector in the first year and a half of my administration, and I am confident that Secretary Alcala will give us an even better report card this year—especially as the Department of Agriculture’s budget increased by 51.3 percent, to 53.3 billion pesos. Despite setbacks due to calamities, rice self-sufficiency by 2013 remains a plausible goal—as opposed to the impossible dream it was just a couple of years ago.

The basic strategy is to sustain the increase in productivity and improve our competitiveness; to enhance economic incentives and enabling mechanisms for our farmers; and to manage the demand and diversification of our staples. Irrigation, community seed-banking, and the construction of farm-to-market roads are all part of the package. These will allow us not only a stronger rice farming industry, but also an opportunity to tap into other growth possibilities such as coconut, poultry and livestock, fisheries, and biofuels. For example, there has been an increased global demand for coconut water. Realizing this, our Department of Agriculture has begun to provide technical assistance to farmers on ways to extract coco water to sell to the growing number of buyers. They are also conducting research and development on how to efficiently and safely extend the product’s shelf life.



These efforts have contributed to the phenomenal increase in coco water production: from 484,000 liters in 2009, to 1.8 million liters in 2010, and to 7.5 million liters in just January to July of 2011. What was previously treated as waste can now become an income-generating commodity for our coconut farming sector.

The driving principle behind my government has always been equitable progress and inclusive growth, and we believe that the success of these three sectors—tourism, infrastructure, and agriculture—redound to the benefit of the common Filipino people. They offer immediate opportunities to those on the margins: those who live in poverty; who are in the rural areas; who, by a systemic neglect of their dignity, have been disallowed more active participation in the national economy. These are the same people who are being targeted by our investments in social services, such as those in education, health, and community development. Once they reap the profits of our efforts and become skilled, healthy, empowered individuals, they will be the ones to spur the entire economy forward—consumers who will allow businesses to thrive; experts who will fuel the growth of BPO companies; award winners in our creative industries; not only production-line workers, but also engineers and managers.

And therein lies the principles that inform our decisions and priorities. We speak of “arangkada,” of moving twice as fast towards the achievement of my country’s potential, and as I have reported, we are redoubling our efforts

to that end. But the hallmark of a good economy is not merely accelerated growth, but also sustained growth. Growth can only be sustained through a stable environment—one where there is a just system that makes for predictable consequences and outcomes, and one where the gap between rich and poor can be easily bridged by the opportunities afforded to the citizenry.



What we now know from what is happening around the world is that inclusive growth breeds stability. It is a shield against unrest; it allows people to buy into the system, because they see that hard work pays off, and that their government is doing its very best to make sure that indeed, no one gets left behind.

The race to progress is both a sprint and a marathon, in that we have to improve our economy as fast as possible, while at the same time optimizing conditions so that growth might be sustained. We cannot be left behind by competitors in the global arena, especially now that opportunities are ours for the taking and investments are flowing towards the region. But we are also determined to not lose steam and stumble; we are keeping the long term in mind.

An equitable society is integral to a consistently progressive future, and 2012 will be a good year for the Philippines—not only because we expect the continued influx of foreign investments, or because our domestic market will become even more vibrant, or because shifting supply chains in Asia are opening new doors for our labor force. 2012 will be a good year because



more of our people will be given a chance to better their lot in life. It will be a good year because we will be one step closer to the vision of a Philippines where every citizen has the capacity and the opportunity to contribute to the task of nation-building.

Thank you. Good afternoon.



**TALUMPATI NI
KAGALANG-GALANG BENIGNO S. AQUINO III
PANGULO NG PILIPINAS
SA IKA-16 NA PAMBANSANG FORUM NG
PHILIPPINE PRESS INSTITUTE**

[Inihayag sa Traders Hotel, Lungsod ng Pasay noong ika-23 ng Abril 2012]

Magandang hapon po. Maupo po tayong lahat.

Secretary Sonny Coloma; Manong Jake Macasaet; Mr. Vergel Santos; Mr. Ruevivar Reyes; Mr. Ariel Sebellino; Ms. Elnora Cueto; Attorney Jess Dureza; Mr. Rogelio Salazar; Mr. Al Pedroche; Sandy Prieto; Mr. Herman Basbano, at palagay ko may magagalit ho sa akin na hindi nailista dito, pasensya na po kayo; publishers, editors, and members of the Philippine Press Institute; journalism educators and students; fellow workers in government; honored guests; ladies and gentlemen, and with due apologies to the foreigners present—I really feel awkward to talk in English when I’m addressing the Philippine Press Institute.

So with due apologies, may I converse in our language?

Nasa alaala ko pa po ang kuwento ng mga Pilipinong alimango. Siguro



po narinig na ito ng ilan sa inyo, lalo na po iyong mga lumampas nang limang dekada na po rito sa mundo. Ayon po sa kuwento, narinig ko po sa aking ama, sa loob daw po ng isang bar, umiinom ang isang Amerikano. Pumasok ang isang mangingisdang Pilipino na may dalang timba na puno ng alimango. Ibinaba niya ito, at ang sabi po ng Amerikano: “Buddy, your crabs are about to escape.” Tiningnan lang po ng Pilipino. Ang sagot ng Pilipino, “Don’t bother and don’t fret; they’re Filipino crabs. Before they get out, they’ll be pulled back in.” Walang raw pong makakaangat, kasi lahat sila naghahatakan pababa. Habang pinipilit ng ilang kababayan nating makaahon, siya namang sipag ng ilan na hilain siyang pababa.

Bata pa po ako noong una kong narinig ang kuwentong iyan. Ano na po ba ang nagbago mula noon, at ano na ang mga nanatili? Ang mga estudyante kaya ngayon, pinagbabasa pa rin ng diyaryo sa klase? Kami po dati, grade school pa lang—grade 4 kung hindi ako nagkakamali—ay inatasan na magbasa ng mga pahayagan araw-araw. At mayroon pong biglaang recitation; mayroon pa hong test. Current events raw po sa Araling Panlipunan. Dati talagang tinututukan at pinapasubaybayan ang mga pangyayari sa lipunan. Diyaryo po ang basehan namin ng kaalaman; bihirang-bihira po kaming makakita ng maling spelling, maling grammar, at mas lalo pong bihira ang maling datos o detalye. Malinaw po ang pagkakaiba ng op-ed, at ng balitang mga totoong kaganapan lang ang nilalaman, tulad po ng mga opinion po ni Manong Jake na tinatalakay po iyong mga maiinit na paksa na sinasagot po

ang mga isyu at hindi ho sumasagot ng sagot ng ibang tanong.



Dumating nga po ang Batas Militar, at mistulang naging human tape recorder ang lahat; binusalan po ng diktaturya ang malayang pahayagan. Naibalik po ang kalayaan noong 1986. Angkop din po sigurong itanong kung napanatili din natin ang mga haliging sandigan ng inyong institusyon: kredibilidad at integridad, patas na pagtitimbang sa situwasyon, at katapatan sa mga datos at detalye.

Nasaan na po ba tayo ngayon? Nandiyan pa po kaya ang prinsipyo ng “get it first, but get it right,” o napalitan na ito ng “get it first, siguruhin na bebenta ang istorya, at kung hindi tama ang impormasyon, mag-sorry ka na lang.”

Bibigyan ko kayo ng ilang halimbawa: Kamakailan lamang po, alam po nating lahat bumisita ang Emir ng Qatar sa ating bansa. Mayroon pong isang artikulo, ibinalita po, at sa pamagat pa lamang, nakalagay po “Qatar’s Emir cuts short state visit.” Ulitin ko po, “Qatar’s Emir cuts short state visit.” Tila ba nagtatanim na ng duda. At kapag naman binasa mo ang artikulo, para bang ang mensahe ay “hindi nagkita ang Pangulo at ang Emir, pero matagumpay ang kanilang bilateral meeting.” Medyo magulo ho yata iyon, ano? Hindi sila nagtagpo, nagkaroon ng kasunduan at nagkapirmahan nitong mga kasunduang mga ito at maraming natalakay ng kanilang mga anino siguro. Ang nakakapagtaka pa, ibinalita rin naman nila ang mga pinirmahang kasunduan, at may mga litrato at video pa noong nag-cover



silá sa pagpupulong na ito—o sa dalawang pagpupulong sa pagdating ng Emir at sa pag-alis ni Emir—pero parang sinadya na palabuín ang balita. Kayo nga po ang tanungin ko: Anong silbi na pagdudahin ang publiko kung malinaw naman pala na may nangyaring pagpupulong?

Painom lang ho sandali ng tubig. Baka may mga umiinit ho ang pakiramdam diyan.

‘Yung may mga Twitter accounts po sa inyo, baka nabalitaan din na may nakakita daw po sa atin nakikipag-date sa Greenhills. Malinaw na naman po na hindi ito totoo—ngunit muli, nagawa na ang pagtanim ng duda bago pa ang paglilinaw, pagtatama, at pagsiguro sa katotohanan ng balita. Nakakalungkot po na natabunan nito ang mabuting balita na sana’y nakapagpaangat ng loob ng mga Pilipino. Kasi nga po, noon mismong mga panahon na iyon, mula alas-diyes ng umaga hanggang alas-kuwatro ng hapon ay ka-miting ko ang NEDA board upang magsuri at mag-apruba ng mga proyekto. Labindalawang proyekto po—kabilang na ang pagkukumpuni sa Baler-Casiguran road na laging—hindi, mali po ito, ano—paggagawa ‘nung Baler-Casiguran road kapalit ng ating dinadaan ngayon na parating nasasara tuwing umuulan. One hundred thirty-three billion pesos po ang suma total ng pera ng kaban ng bayan na mapupunta sa mga proyektong makakapagpaginhawa sa buhay ng kapwa natin Pilipino. Ulitin ko po, 133 billion pesos na kailangan ko pong panagutan sa taong bayan kung tama o hindi tama ang pagkagugol. Kaya po inabot kami ng alas-diyes hanggang

alas-kuwatro ng hapon dahil ito po ‘yung huling proseso sa mga prosesong bumabalot sa NEDA.



Pero ano ba ang umugong sa media? Na nakipag-date daw ako. May nagkusa man lang po bang kumuha ng panig namin bago ito inere? Ang network pong nagbalita nito, may reporter na bahagi ng Malacañang Press Corps. Sana na-text man lang nila ang kanilang reporter at pinatingnan at inutusang dumungaw sa bintana para tingnan kung umalis ba ang aking convoy. Kung hindi naman po, sa kabilang bintana, puwede namang tignan kung nandoon ang mga sasakyan ng mga secretary ng ating gabinete. Mukhang mas ganado silang bumanat muna, at noong nalaman nilang nakuryente sila, saka na lang sila humingi ng pasensya. May patutsada pang siguro raw ay magaan ang trabaho noong araw na iyon kaya kaya kong mag-date.

Kayo po lumagay sa sitwasyon ko. Napakahirap ho ba n’ong may reporter kang embedded, nandoon supposed to be, tatanungin mo lang, “Nandiyan ba o wala?” Hindi na pwedeng, o hindi na kailangang tanungin—basta “ere na natin ito.” Nasaan na kaya iyong kunin ang magkabilang panig?

Natawa na nga lang po ako nang mabasa ko ang dalawang banyagang pahayagan; tila po ba sila pa ang mas tumatanaw sa interes natin. Sa Newsweek po, may column na pinupuri ang paninindigan natin para sa ating teritoryo laban sa China. Kayo na po ang magbasa ng caption, dahil baka mabansagan akong bastos kapag ginamit ko ho ang napaka-graphic



nilang paglalarawan sa tapang ng Pilipino. Sa Time magazine naman po, isang litrato — Ito po iyong cover. Sa loob po, ang title: “Hitting the Brick Wall.” Isang litrato ng Pilipinas ang lumabas. Ang caption, “The laggard of Asia is recovering the dynamism it had in the 1960s.”

Uulitin ko po, hindi mga Pilipino ang nagsulat nito. Kalabisan po bang isipin na ang Pilipino rin ay dapat kumakalinga at tumatanaw sa interes ng Pilipinas? Isa pa pong halimbawa: Tayo lang yata ang kaisa-isang bansa sa mundo na nagbabalandra ng mga negatibong travel advisory sa sariling mga pahayagan ng mga banyagang pamahalaan. Ang paglabas ng ganitong mga babala ay nakasalalay sa persepsyon ng kanilang ambahador na naninirahan dito sa Pilipinas; isa sa pinanggagalingan ng kaniyang opinyon ay ang mga balitang nakakalap niya mula sa diyaryo at telebisyon. Pero dahil nga sa negatibismo sa pagbibigay-balita, at sa walang puknat na pagwawagayway sa ating travel advisories, o mga travel advisories na laban sa atin, kahit pa wala namang direktang banta sa Pilipinas, palaging kinukwestyon ng ibang mga bansa kung ligtas nga ba silang magtungo sa atin.

Isipin lang po natin ang epekto nito. May kakilala po akong sana’y dadalaw sa ating bansa. Pero siya mismo nagdalawang-isip na umuwi, dahil wala na raw siyang nabasa at nakita sa mga channels na kumo-cover sa ating bayan kundi karahasan at krimen. Paano pa po kaya ang mga banyagang turista, na tinatayang gagastos, bawat isa, ng isanlibong dolyar

sa bawat pagbisita niya sa Pilipinas, na manganganak naman ng trabaho at kabuhayan sa ating mga kababayan?



Alam po n'yo, tsineck [check] po ng ating Communications Office, isang diyaryo lang sinuri nila—crime stories raw po in one month, 130 plus. Parang apat na istorya yata 'yon kada araw—tama ho ba 'yong math ko? Siyempre, 'pag iyon lang ang nababasa n'yo, aba, talaga yatang magulong magulo diyan.

Mantakin po ninyo: Noong Pebrero, mahigit 411,000 ang turistang dumalaw sa ating bansa. Unang beses pong nangyari sa kasaysayan na umabot tayo sa 400,000 na turista. Kung iko-compute po natin, kung manatili sa ganyang bilang ang bisita kada buwan, papalo po ng mahigit 4.8 million tourists ang dadalaw ngayong taon. At ang sabi po ng mga dalubhasa, karamihan ng turista natin dumarating sa second half of the year. So iyong 411,000 ngayon baka maliit na po iyan. Halos kalahati na po iyan ng target nating sampung million na turista bago ako bumaba sa puwesto sa 2016. Isipin na lang po natin kung gaano natin kabilis maaabot ang target na iyan kung mas mangingibabaw ang balensadong balita tungkol sa Pilipinas, kaysa uunahin ang negatibismo?

Naaalala rin po ninyo siguro kung paano hinakot ng mga report ukol sa carnapping ang mga headline noong nakaraang taon. Nito pong isang linggo, na-convict si Raymond Dominguez na pinuno ng carnapping syndicate. Nadesisyunan ang kaso sa loob ng isang taon at apat na buwan; ang hatol:



labimpito hanggang tatlung taon ng pagkakakulong. Ayon din po sa istadistika ng ating kapulisan, bumaba ng 59.4 percent ang insidente ng carnapping sa taong 2011.

Punto ko lang ho dito, noong may na-carnap, kasama ‘tong Dominguez, talaga naman pong pagkahaba-habang nasa headline. Noong nagtagumpay ang katarungan, sinakdal at nasintensyahan sa loob lamang ng isang taon— ang average natin po kasi ay six years. Medyo naipasok naman sa front page sa ilalim. Pero malaking bagay na po ‘yon dahil iyong iba po ‘di na nabanggit, iyong iba nasa gitna. Pero kung may pangit, balensado natin, nagtagumpay ang katarungan. Hindi naman ho siguro kasalanan siguro iyon.

May nagsabi po bang, “ang galing ng mga pulis natin; ang galing ng mga prosecutor natin?” Nagpapasalamat nga po ako at nabitbit na sa ating mga pahayagan ang kaso ni Dominguez; ‘yun nga lang, ulitin ko lang po, ‘yung krimen niya noong nakaraang taon, inilathala above the fold. Itong conviction niya, below the fold. Buti naman within the paper pa.

Alalahanin po natin, magkatambal po ang ating mga tungkulin: Kami, bilang nasa gobyerno, at kayo, bilang tagapaghatid ng katotohanan. Ang pagtupad sa tungkuling natutuhan na po nating hilingin sa gobyerno ay siya rin sanang pagtupad sa tungkuling puwede nating asahan mula sa lahat: katapatan sa katotohanan, pantay na pagsusuri, at pagtutok sa kung ano ang makabubuti sa taumbayan.

Hindi ko naman po hinihiling na mag-imbento kayo ng kuwentong-



kutsero upang pabanguhin ang gobyerno. Pero kung ibabalanse po natin, at iisipin na ang bawat salita ay nakakaapekto sa buhay ng kapwa natin Pilipino, tiyak ko po na mas madali nating maaabot ang kolektibo nating mithiin para sa bayan.

Naniniwala po akong iisa ang bangkang sinasakyan ng bawat Pilipino, at lahat ng Pilipino ay may tungkuling makisagwan upang maabot natin ang ating mga pangarap. ‘Di po ba’t kung buo ang suporta ng bawat Pilipino sa Panatag Shoal ay panatag din nating maititimon ang ating bansa sa harap ng anumang daluyong na maaari pang dumating?

Diretsahan po akong nagsasalita sa pagtitipong ito dahil umaasa rin ako sa diretsahang pakikiisa ninyo upang matugunan ang isyung ito. Nakita na po natin ang mabuting maidudulot ng pakikipagtulungan. Hindi po ba napakaganda ng paghahandang nangyayari nang lumabas ang mga babala ukol sa tsunami, dahil katuwang ng gobyerno ang media sa pagpapaalam sa madla ng dapat gawin upang makaiwas sa pinsala? Hindi po ba napakabuti ng naidulot na pag-angat ng morale ng taumbayan dahil sa mga PCIJ report ukol sa tapat at malinis na mga proyekto ng DPWH, o ng mga ulat tungkol sa pag-angat ng ekonomiya ng ating bansa?

Kung magpupunla po tayo ng pagdududa, paghihirap ang dulot nito. Ngunit kung pag-asa ang ating itanim, kasaganahan naman ang ating aanihin. Sa inyong pagpupursigi na maabot ang pinakamataas na antas ng propesyunalismo, integridad, at kredibilidad sa larangan ng pamamahayag,



naniniwala akong maiaangat ang uri at antas ng ating demokrasya kung sa gitna ng nagtutunggaling boses at opinyon, may mahubog tayong isang Pilipinas na may mas matibay na lipunan, mas nagkakaisang tinig, at mas positibong sambayanan.

Ulitin ko po, palagay ko sana pag-isipan po natin ang ating mga nabitawang mga salita ngayon. Palagay ko ho hindi krimen; balansehin natin ang nasasabi natin sa taumbayan.

Magandang hapon po. Maraming salamat sa lahat.



**TALUMPATI NI KAGALANG-GALANG
BENIGNO S. AQUINO III
PANGULO NG PILIPINAS
SA PAGLULUNSAK NG K TO 12
BASIC EDUCATION PROGRAM**

*[Inihayag sa Rizal Hall, Malacañan Palace, Manila noong
ika-24 ng Abril 2012]*

Good afternoon. Thank you. Please sit down.

Secretary Armin Luistro; Senator Ed Angara; Congressman Sonny Angara; Congresswoman Kimi Cojuangco; Congressman Mel Sarmiento; Congressman Going Mercado; Congressman Mariano Piamonte; Secretary Dinky Soliman; Secretary Sonny Coloma; Secretary Joel Villanueva; Usec. Yolanda Quijano; Commissioner Nenalyn Defensor; former Congresswoman Riza Hontiveros-Baraquel; kindergarten, elementary, and high school students, and their respective teachers; friends from the business sector; friends from the international community and partner agencies; fellow workers in government; honored guests; mga minamahal ko pong kababayan:

Magandang hapon po sa inyong lahat.



Can I apologize for being about thirty minutes late. We were discussing the Philippine Investment Plan to cover the years from 2011 to 2016, and these are the details of exactly where we'll bring in or put in about five or over five trillion pesos. Since I will have to explain where each and every centavo will go to, I was asking them the pertinent questions and it dragged on and on. Actually, I will have to go back to that meeting right after this very momentous occasion.

And may I apologize to our international friends—as usual I'll be delivering the speech in our national language. I apologize that you will have to read the hardcopy afterwards.

Siguro, maganda ho para mailagay natin ang ating sarili sa paksa nitong araw na ito, magkuwento muna ako.

Mayroon po akong isang tiyo na typical na male. Mahilig hong manood ng sineng aksyon, giyera, et cetera. Nagkataon po na nagkaroon siya ng Home Theatre System—ito po'y panahon ng aking ina bilang Pangulo—at ikinabit sa bahay. Iyong Home Theatre System po niya ay nakakabit rin doon sa kanilang garden dahil may nakita siya noong magbiyahe sa Amerika na tinatawag na garden speakers na mumurahin.

Ngayon, ang punto po nito, konektado sa Home Theatre System niya. At kadalasan, dahil noong siya po ay bata, hindi pa uso iyong Home Theatre, tunay na theatre po 'yung pinupuntahan niya, at saka cliff hanger—iyon bang papanoorin n'yo 'yung isang episode nitong linggong ito, bumalik kayo



after two weeks para sa next episode. So ‘yung Home Theatre po ay hindi niya ganap na alam para paandarin. Anak niya ang inaasahan para i-on at i-setup ‘yung kanyang papanoorin. Nagkataon po Sabado siya manonood at medyo gabi na po yata; nag-umpisa siya ng mga alas-11 ng gabi. Wala po ‘yung mga anak niya, gumigimik noong panahon na iyon. So buti na lang, alam naman po niya ‘yung “On” at saka ‘yung “Play.” E di naisaksak na po iyong sine ng giyera. Sa hindi inaasahang pagkakataon, hindi po niya alam na nakakonekta pala ‘yung mga speaker doon po sa garden. At siyempre, para maganda ‘yung sine, malakas. So nang nag-umpisa na hong nagsabugan, nagbarilan—panahon noon ng nanay ko, di may mga coup silang inaasahan—nagbukasan po lahat ng mga ilaw ng kanilang mga kapitbahay dahil akala may kudeta na namang nangyayari. Tsambang dumating ‘yung kanyang anak at sinabi, “Dad, ‘yung buong kapitbahay akala nagkakagulo na dito!” Tapos, doon lang niya nalaman. Pinatay na niya. Hindi ko malaman ngayon kung natapos niya ‘yung sine sa kahihyan sa iskandalong ginawa niyang iyon.

Siguro maganda, dagdagan ko pa ho ng kuwento:

Ako naman po, ang inabutan ko ng bata—ngayon po, kung may kailangan tayong kausapin na nasa Cebu, bunutin mo ‘yung cellphone mo, alam mo iyong number niya—segundo, kausap mo na. Tama ho ba? Noong bata ho ako, ibo-book n’yo iyong long distance. So, ang kailangan mo lang alam noon, ida-dial mo ‘yung number ng long distance operator, bibigay mo



‘yung number ng sinong gusto mong kausap, tapos tatawagan ka—place mo sa umaga—sa hapon, bibigay sa iyo ang kausap mo.

I think, I read somewhere, it was said that at the start, I believe, of the 20th century; the amount of knowledge that a person was expected to have could be contained in a Sunday edition of the New York Times. However, today, even with just entertainment, when you buy a Home Theatre System; you have to be able to set it up: positioning the speakers, putting in the parameters of the delay, understanding what HDMI means, and so on and so forth—and even getting your remote controls to “talk” to each other. I’m narrating this because I have a cabinet secretary whose old Home Theatre conked out and he decided to buy himself a new one and up to now he has yet to watch a single film ‘cause he’s still setting it up. That brings me to the topic at hand.

Ito po siguro ang punto ng atin pong kuwento: sa panahon po ngayong tinatawag na “knowledge” o “information age,” mas malawak na ang kaalaman na inaasahan sa karaniwang tao upang makapamuhay. Totoo pong dati, pag-dial mo nga ng telepono sa umaga para tumawag ng long distance, buwenas na kung makakausap mo ang gusto mong kausapin sa hapon. At noong panahon na iyon, masaya na po sila dahil noong araw po eh susulat ka, at ‘pag dumating ang sulat mo sa loob ng isang dekada sa kabilang dulo ng mundo, ikaw ay nagpapasalamat sa Diyos na nangyari iyon. Ngayon, mayroon na pong Skype. Tama ba, Skype? Kakaunti ho iyong tinatawagan



ko sa abroad eh. Pero para makapag-Skype ka, kailangan alam mo kung ano ang pipindutin sa computer at paano mo ikokonekta ang telepono at iyong computer at makapasok sa internet. Dati nga po, linggo ang aabutin sa library para makakalap ng kaalaman. ‘Pag nagre-research kayo—literal—talagang iisa-isahin mo. At may kaunting dasal na natsambahan mo iyong libro na dadaanan mo kung ilang daang pahina na nandoon ang impormasyon na kailangan mo. Tama po ba? Ngayon po, Google search. May Google na. Pero may silbi lang po ito kung marunong ka ring gumamit ng keyboard at mag-log-on sa mga tamang website. At sana may kaalaman ka rin tangan para hindi ka binobola ng mga kalokohan na website.

Simula po sa araw na ito, mabibigyan na natin ang kabataan ng mas magandang pagkakataon upang matuto at makasagap ng kaalaman. Nagtitipon po tayo upang ilunsad ang isang programang magbabago sa sistemang pang-edukasyon ng bansa: ang K to 12 Basic Education Program.

‘Di po ba’t maikukumpara ang ten-year basic education program sa force-feeding? Bibigyan ka ng sampung taon upang isubo, nguyain, at ipasok sa iyong sistema ang mga leksyon. Wala pong pagkakataon ang kabataang namnamin ang kaalaman. Subo lang nang subo; subo lang nang subo. Ang resulta: hindi napoproseso nang mabuti ang impormasyon, hindi nabibigyan ng sapat na konteksto, hindi naipapaliwanag ang implikasyon sa kalakhang buhay ng Pilipino. Kaya nga minsan po, pasok sa isang tenga, labas sa kabila; ilang araw lang, nalimot na ang mga natutuhan.



Ang ipinangako po ng ating gobyerno: sa tuwid na daan, walang maiiwan. At sa pamamagitan po ng ating transpormasyon sa isang de-kalidad na edukasyon, inaabot natin ang kaunlarang para sa lahat—mahirap ka man o mayaman. Upang mailabas ang natatanging husay ng mag-aaral, bibigyan natin ng sapat na panahong matutuhan ng kabataan ang mga konsepto't kakayahan, ang mga tamang kilos at kaugalian.

Minsan nga pong sinabi sa akin ng aking ama: “Once you have imbibed the knowledge, it is yours for life regardless of what happens to you in the future.” At totoo po: anumang karunungan ang ating matututuhan, kipkip na natin ito habambuhay. Sabi nga sa akin noong araw, “Sikat ka noong araw o sikat ka ngayon; bukas, laos ka na. Baka ngayo’y mayaman ka, bukas mahirap ka na.” Pero ‘pag natuto ka na, sa’yo na ‘yan habang buhay. Wala nang maaaring magnakaw nito sa atin. Ito po ang ating magiging kasangkapan sa pagharap sa mundo at pagdedesisyon at pakikilahok sa kalakhang lipunan, sa pagbabahagi ng ating sarili sa Diyos at sa kapwa tao.

Mantakin po ninyo: tayo na lamang—unique sa buong Asya— ang isa sa tatatlong bansa na lamang sa buong mundo ang may ten-year basic education cycle. Sa Asya sikat po tayo; tayong mag-isa. Sa buong mundo tatlo tayo. Iyong dalawa nasa Africa. Paano nga naman ba makikipagsabayan ang Pilipino, kung lugi na agad tayo sa bilang ng taon ng pag-aaral at sa lalim ng pagsasanay? Sa simula pa lang ay dehado na tayo. Ang gusto po natin, magkaroon ng matibay na pundasyon sa edukasyon ang mga susunod na

henerasyon ng Pilipino.



Medyo ‘yung tingin ho sa akin ng ating choir na napakagaling kaninang kumanta—tuloy hindi kami napakanta—parang, “Maganda ba ‘yan, dagdag kaming dalawang taon?” Simple lang naman ho iyan: Kung pare-pareho kayong test na kukunin sa ating mga kalaban, sila may plus two years na talagang pinag-aralan. Kumbaga, katulad nitong speech na ‘to, babasahin ko ho, sinabi sa ‘kin ng teacher ko, “You have one minute to read it.” O ‘di siyempre ganyan. Iyong kalaban ko ho na ite-test doon binigyan ng two minutes. Siguro naman iyong retention at comprehension mas mahusay si two minutes kaysa si one minute. O di ‘pag ganoong hindi parehas ang laban, talo ako kaagad. Siya may trabaho. Ako’y maghahanap ng ibang papasukan, at hindi tayo makapayag doon.

Naninindigan pa rin po tayo sa ipinangako nating pagbabago sa edukasyon: ang gawin itong sentral na estratehiya sa pamumuhunan sa pinakamahalaga nating yaman—ang mamamayang Pilipino. Sa K to 12, tiwala tayong mabibigyang-lakas si Juan dela Cruz upang mapaunlad—hindi lamang ang kanyang sarili at pamilya—kundi maging ang buong bansa.

Sa araw pong ito, humahakbang tayo pasulong sa pagkakamit ng pagbabago sa ating sistemang pang-edukasyon. Sa kabila nito, malinaw na malayo pa ang ating lalakbayin. Mulat po tayo na dahil sa transition phase, maaaring magkaroon ng mga antala, o sakripisyong kailangang pagdaanan ang mga mag-aaral at paaralan. Wala man pong perpektong solusyon sa



lahat ng bagay, ang garantiya pong ibinibigay natin ay isang mas matibay na sistemang pang-edukasyon na pangmatagalan, at nakatuon sa kinabukasan ng ating mamamayan.

Kasabay po nito, patuloy pa nating pinupunan ang ilang mga kakulangan sa sektor ng edukasyon—mula sa pagpapatayo o pagkukumpuni ng mga silid-aralan at mga kagamitan sa eskwela, hanggang sa mga pagsasanay sa mga guro at pagbili ng mga libro. ‘Yung libro nga ho pala dito, hinahabol po natin na ‘yung ating reading materials ay magiging tablet based. Doon po sa henerasyon ko, hindi po tabletas ‘to, PC tablet ang pinag-uusapan para klaro lang ho. Dahil alam ho n’yo, ‘pag ho saka-sakaling may nahanap na error diyan; uutusan lang po n’ong kanyang server papalitan ‘yung impormasyon diyan. Hindi na po natin ire-recall ‘yung mga librong sangkaterba. At ginagawan na rin ho ng paraan na naka-lock in sa system para wala hong magnanakaw dito. Dulo po, mas madali na ho sa estudyante na kailangan rin naman talagang IT knowledgeable kung gagamitin natin ito. Hinihintay na lang natin, Bro. Armin, ‘yung pagbaba nang kaunti ng presyo at malapit na po sa target natin. Isasakatuparan natin ito sa pamamagitan ng inilaan nating 238.8 bilyong pisong budget para sa Department of Education ngayong 2012. Tumaas po nang tatlumpong bilyong piso ang naturan badyet dahil mataas na rin po last year at next year ho siguro patataasin pa ni Brother Armin.

Problema lang ho nandito si Joel at saka si Ms. Defensor ng CHED. Baka sila rin ho humirit ng pagtaas. Huwag naman po ninyong kunin lahat sa akin.



Siguro po matagal na nating napatunayan: hindi po lista sa hangin ang mga programa natin; ang binitawan nating salita, pagsusumikapan natin upang maghatid ng resulta. Kapag may ipinuhan ang pamahalaan, may balik itong magandang bunga para sa sambayanan.

Muli po akong nagpapasalamat sa bawat ahensiyang nakipagtulungan sa atin sa tuwid na daan upang marating ang araw na ito. Sa bumubuo ng DepEd, CHED, at TESDA, kasama na ang bawat indibidwal at grupong nakipagbayanihan upang mapagtagumpayan ito.

Sa atin naman pong mga kababayan: patuloy nawa kayong magtiwala at makiisa sa mga inisyatiba ng ating pong pamahalaan. Asahan naman po ninyo: patuloy ang gobyerno sa paglalatatag ng pagbabago para sa isang mas maliwanag na kinabukasan sa sambayanang Pilipino.

Ako po'y hanggang dito na lang. Babalikan ko po ang iniwanan kong meeting. Magpapasalamat po ako sa inyong lahat at umpisa na ang pagbabago nating talagang pangmatagalan.

Magandang hapon po.




**SPEECH OF
HIS EXCELLENCY BENIGNO S. AQUINO III
PRESIDENT OF THE PHILIPPINES
DURING THE ASIAN DEVELOPMENT BANK
45TH ANNUAL MEETING
OF THE BOARD OF GOVERNORS**

*[Delivered at the Philippine International Convention Center, Pasay City on
May 4, 2012]*

Vice President Jojo Binay, Speaker Sonny Belmonte, Mr. Haruhiko Kuroda, President of the ADB; Secretary Cesar Purisima, Governor Amando Tetangco Jr. of the Bangko Sentral, excellencies and members of the diplomatic corps, other members of the Cabinet present, ADB Governors, delegates and participants of the 45th Annual Meeting of the ADB Board of Governors, fellow workers in government, honored guests, ladies and gentlemen:

Really, a very pleasant morning.

In 2009, as my countrymen began calling on me to seek the presidency, I found myself facing a dilemma. On one hand, I knew that the problems

of the nation were very grave indeed; on the other hand, I knew that I could not turn my back on the chance to do my part to solve all these problems. 

I answered the clamor of my people. We rolled up our sleeves to start work and clean house, thinking that I had a reasonable grasp of the problems I had inherited. But none of us could have imagined how deeply eroded the foundations of government had become, in the nine and a half years of my predecessor's administration. Rice, imported at inflated cost by the government, was rotting away in rented warehouses. Stewards of Government Owned and Controlled Corporations advanced their interest at the expense of the people. Bidding for public works had been orchestrated to favor certain contractors, again, at the expense of the people. Endemic corruption had sapped the system of its vitality; public funds ceased to be used for the public good, and found themselves in private hands, whom we are now holding accountable.

The message, for nine and a half years, was: nice guys finish last. To finish first, you had to lack conscience, exhibit a certain degree of shamelessness, and be an expert at giving handshakes with one hand, while picking pockets with the other. The playing field was skewed towards those who had connections or those who could afford to bribe their way into contracts or permits. Politics permeated everything, even poverty-alleviation programs: slots on the conditional cash transfer




program were handed out in exchange for votes.

Is it any wonder that domestic investments had plunged, and foreign investors were reluctant to come in? With too few jobs being generated, our people were trapped in a downward spiral: no education, no work, no chance to improve their lot in life.

It would not be far from the truth to say that, during the early days of our administration, we all eagerly looked forward to weekends, for a short respite from the shock of discovering the extent of the problems that were bequeathed to us. But we refused to compound the apathy of the past with defeatism in the present. Our blueprint was clear: to encourage investment and jumpstart the economy; and for the benefits of growth to be all-inclusive. We wanted to generate jobs; we wanted to ensure our people were healthy enough and had enough skills to fill all of these jobs. We wanted long-term solutions that would not leave any of our people behind. And, first and foremost, we wanted a system that our people could buy into: a system where everyone willingly fell in line, because no one—no matter how rich or well-connected they might be—was allowed to cut to the front of the line.

We went about our work. One of our first moves was to institutionalize a zero-based budget approach, where expenditures are rationalized and are not mindlessly carried over to the next year, regardless of whether they worked or not. We went after tax evaders aggressively, and we

still do. With the help of our allies in Congress, we passed a law that put standards of governance in place so that Government Owned and Controlled Corporations became more efficient and rational. And we showed our resolve that no public official, regardless of his or her position, will be beyond the reach of justice and accountability. 

All of these efforts have allowed us to reclaim our national honor; they have boosted confidence in the country, restored our citizenry's morale, and are reaping dividends on the economic front. Investors and Filipinos alike see what is happening: Here is a country determined to turn the corner by instituting genuine, wide-ranging, meaningful reform, and acting on its belief that good governance is the bedrock of equitable progress. We have had six positive rating actions from the credit-ratings agencies since we took over government a little less than two years ago—a stark contrast to the single upgrade and six downgrades in the nine years of the previous administration. We have experienced all-time highs in our stock market, in fact, 27 times in our 22 months in office.

Two years ago, who would have thought that our peso-denominated bonds would have a demand, let alone be over-subscribed? Who would have thought that onerous incentives would not have to be offered to make proponents actively compete for our infrastructure projects? Who would have thought that, at this point, we would be less than a year away from being a net exporter of rice, obviously, weather permitting?



As can be seen from our experience, weeding out corruption allows for a more fertile economic landscape: one that not only brings investors in, but also allows the real work of governance to impact the greatest number of our people. Enforcing strict adherence to public bidding rules have allowed our Department of Public Works and Highways to save 6.14 billion pesos from our 2011 budget; now that the leaks have been plugged, we can go about our business knowing that our taxpayers' hard-earned money indeed goes to projects that will benefit them. As of April 15 of this year, the DPWH has bid out 92 percent of the 2,139 projects for the year; of these, 95 percent have already been given notices to proceed. In fact, 403 have already been completed, with the rest either ongoing or about to begin construction.

Another example: Now that the targeting system for our social welfare programs has been insulated from political considerations, we are confident that the more than three million households in our Conditional Cash Transfer program are actually the neediest families, and not merely the best-connected; now we know that we are actually sponsoring 5.2 million of our poorest families through our Philhealth program—our national health insurance program.

We have been blessed with an abundance of resources and with a strategic location as a gateway between Asia and the Pacific. But our greatest resource has always been our people who have constantly shined

given the right environment. In any industry, in almost any corner of the Earth, you will see a Filipino working hard and earning praise from his or her employers. Our people have always been our greatest competitive advantage, and our efforts are focused on investing in them.



We are making sure that opportunity, wealth, and power are distributed equitably among our citizenry. This is the key to ensuring that growth is sustained: equal opportunities breed social and political stability, which act as a safeguard against disruptions on the road to progress. We have seen, in recent years, how the opposite is a real danger that governments must address; we have seen formerly stable economies rocked by unrest because a small elite reaped the benefits of growth, while the rest of the population was left with little means to pay their mortgages or finance their children's educations. For growth to be meaningful, it has to be inclusive.

It is with this principle in mind that we have allocated unprecedented sums to alleviate extreme poverty, and are concentrating on providing more opportunities for employment. We have identified three sectors that will have the most impact on inclusive growth: agriculture has experienced a 51.3-percent increase in its budget this year, for example. We are also going all-out in our "It's more fun in the Philippines" tourism campaign, along with a more liberalized air policy to increase access to the country's secondary gateways. And, aside from the aforementioned strides in



infrastructure development, we are also set to roll out ten Public-Private Partnership projects this year, which will include schools and extensions to our train systems.

Good governance does encourage inclusive growth; being steadfast in our principles, leading by example, and sending a clear signal that corruption will not be tolerated gives us a certain measure of confidence that the 568.6 billion pesos we allocated to social services, which is about 31 percent of our entire budget, will go where it's supposed to. Transparency, accountability, and prudent spending also create fiscal space for social and infrastructure investments. This discipline has allowed us to channel resources to investments in our people. The budget we inherited in 2010 allocated, for example, 175 billion pesos to basic education. It now has a budget of 238.8 billion peso—a 36.5 percent jump after two consecutive years of budget increases. Our budget for health also increased by 48.5 percent over two years, up to 43.5 billion pesos from 29.3 billion in 2010. The government's Conditional Cash Transfer program experienced an almost fourfold increase over the past two years, from ten billion pesos in 2010, catering to about 800,000 families, to 39.4 billion pesos this year for over three million families. All of these we were able to do without raising taxes.

These are amounts that have been generously augmented by those who share our vision of an equitably progressive Philippines. The Asian

Development Bank's Official Development Assistance (ODA) to the Philippines amounts to 761.97 million dollars. These include 643.85 million dollars to projects concerning social protection and support; agrarian reform; rural infrastructure enhancement; credit for better health care; and irrigation in the Southern Philippines. You have helped out in our Public-Private Partnership Program, in our efforts to reform the justice system; and our energy-efficient electric tricycle project. We are getting to where we want to be faster because of your assistance. This meeting of your board of governors, in fact, reaffirms the newfound confidence that the international community has exhibited towards our nation.



For this, you have the gratitude of our people, and a commitment from my administration. Gone are the days when the funds you funnel to our country will end up like water leaking through a broken pail. You will continue to see results; you will continue to see a Philippines that is finally living up to its potential. We are prepared to follow through on our commitments, and you are by all means welcome to see if we're living up to our word.

Change has set in the Philippines, and we are open for business. It began with a people granting us the trust and opportunity to re-establish a government that truly puts them front and center. It continues with a people empowered and finally aware of their vast potential; a people buying into a system where actions have consequences, and hard work



reaps its rewards; a people willing to cast aside the negativity, eager to harness optimism into more opportunities. It can only end with a people reaping the benefits of a system where growth is both inclusive and sustained, where progress is felt by all, and where every citizen lives the life of dignity that he truly deserves.

Again, on behalf of our people, we welcome all of you. We thank you, and may you have a very good day.



**SPEECH OF
HIS EXCELLENCY BENIGNO S. AQUINO III
PRESIDENT OF THE PHILIPPINES
DURING THE COMMEMORATION
OF THE FALL OF CORREGIDOR**

[Delivered in Corregidor Island, Cavite, on May 6, 2012]

Vice President Jejomar Binay, Ms. Leslie Basset, Lieutenant Colonel Artemio Matibag, Ms. Leslie Ann Murray, members of the Cabinet, General Dellosa, Chief of Staff, our service commanders, our guests, fellow workers in government, ladies and gentlemen, mga minamahal ko pong kababayan:

Magandang umaga po sa inyong lahat.

This is my first time in Corregidor; and I remember a story my Uncle Tony told me, of how, as a young soldier he braved the shark-infested seas, and swam here from Bataan, to report on the conditions prevailing at the time. That marvelous feat, of course, is only one of many great stories that involve this island.

All of us here know that Corregidor is also popularly known as The Rock. And today, we remember its final agony. We remember the Fall of Corregidor seventy years ago.



More than the Fall, we commemorate our soldiers' acts of bravery and their unconditional sacrifice for country. We remember their solid, principled stand for freedom; the impossible battle they faced; our soldiers fighting together as brothers in arms, many of them making the ultimate sacrifice for their countrymen. We remember our commanders: who bore the heavy burden of leading men into bloodshed, and even death, knowing that the fate of entire peoples rested in their hands.

Today, we pay tribute: not to the strength of arms, but to the strength of spirit—because battles are won not merely through bombs and bullets, but also, and probably more importantly, through the hearts of patriots burning with love for country.

Seventy years ago, shipwrecks littered the seas around this rock. Opposing soldiers were approaching from as far as the eye can see. Despite this, the Filipino soldiers stationed in Corregidor stood their ground. As I was reviewing the names of our naval heroes, looking for a proper name for our second Hamilton Class Cutter, I read of a man named Ramon Alcaraz, who was commanding one of our three motor torpedo boats, known as Q-boats. Q-112 Abra, manned by Alcaraz and his crew, took down three of the nine Japanese “Zero” fighters attacking his boat, before being captured. In captivity, Alcaraz became head of the Prisoner of War camp in Malolos, making sure that his fellow POWs were kept hopeful and alive.



Commodore Alcaraz was only one among many skilled men in uniform who have served our country. Many continue to follow in his footsteps; and we are determined to reward their patriotism with equal dedication. For certain, many more Commodore Alcarazes will rise from the ranks of our military. We consider it our duty to ensure that their strength of spirit will be matched by boats, by weapons, and by sufficient training. This is the truest tribute we can offer to those who have laid down their lives: a nation capable of protecting itself; a nation that can say no sacrifice will be wasted.

This Pacific War Memorial is consecrated to the memory of the Filipinos and the Americans who fought in the Second World War. It is a symbol of our gratitude, set in stone and steel. The bravery, the unity, and the sacrifice our soldiers sowed then have borne the fruit of a true democracy. Today, we are reminded that partnerships, and even brotherhoods, are formed not only in moments of triumph, but in times of adversity.

In this Pacific War Memorial, the Eternal Flame of Freedom lights the pages of history, and marks every sacrifice made in this island. May it guide us along the straight and righteous path we are now treading. May it burn bright in the hearts of every generation still to come.

God bless our heroes. Many thanks, and good day to one and all.



TALUMPATI NI

KAGALANG-GALANG BENIGNO S. AQUINO III PANGULO NG PILIPINAS SA PAGHATOL KAY RENATO CORONA

[Inihayag sa Malacañan Palace, Manila noong ika-30 ng Mayo 2012]

Kahapon po naging saksi tayo sa isang napakagandang patunay na umiiral ang ganap na demokrasya sa ating bansa. Dalawampung senador ang bumoto upang matanggal bilang Punong Mahistrado ng Korte Suprema si Ginoong Renato C. Corona.

Mulat tayo sa kung saan nag-ugat ang lahat nang ito. Sa matagal na panahon, namayani ang agam-agam na ang piring ng Hustisya ay nakatangal para sa mayayaman at makapangyarihan. ‘Di po ba nakita nating may basehan ang agam-agam na ito, ‘di lang po dito sa atin. Pati na ang World Bank—ising dayuhang institusyon—ay nagkuwestyon dahil miski ang aid na galing sa kanila para iayos ang ating hudikatura ay hindi napunta sa dapat nitong patunguhan.

Nangarap tayong baguhin ito. Naghangad tayo ng isang sistemang pangkatarungan na may malinaw at tunay na kahulugan ng tama at mali.

Naghangad tayong ibalanse ang timbangan: kung saan ang inosente ay papasok sa hukuman nang panatag ang loob na siya'y mapapawalang-sala, at kung ikaw naman ay maysala, maghanda ka na dahil tiyak na mananagot ka.



Marapat pong balikan ang konteksto ng impeachment ni Ginoong Corona. Alam na po natin ang malalim na pinagsamahan nila ni Ginang Arroyo. Simula pa lang kinuwestyon na natin ang kanyang midnight appointment dahil sa pananaw na labag ito sa Saligang Batas. Sa kabila nito, noong nagkita kami ang tanging hiniling ko sa kanya, iparehas sana niya ang laban. Ang sagot pa nga niya sa akin, huwag daw akong mag-alala, dahil lahat ng magiging desisyon ay aayon sa batas. Sa paglaon po, naging malinaw sa atin na imbis na siya mismong dapat nagbibigay-linaw sa batas, ang siyang nagpapalabo nito.

Sa EO 1 pa lang, hinarang na agad. Nakita naman po ninyo ang mga nadiskubre nating kalokohan pag-upo pa lamang sa puwesto; hanggang ngayon, pinagdudusahan ito ng mga Pilipino. Ang iniuutos sa atin, lahat ng administrasyon bago po sa atin isali sa imbestigasyon para raw ho parehas. Kailan pa po tayo matatapos ang pagsusuri kung ganoon, at kailan tayo makakakilos? Kaya nga't sistematiko ang ninais nating tugon sa mga problemang ito, upang matigil na ang pagkasangkapan sa mga butas sa batas, at iwasan ang paglala ng mga sugat sa sistema. Pero pinigilan nila tayo. Imbes na makiisa, itinali pa ang mga kamay ng mga naghahangad na



gumawa ng tama. Parang siniguradong hindi na matatapos ang gusto nating ilatag na reporma.

Pati po EO 2 na sana'y umayos ng situwasyon ukol sa mga midnight appointee, nilagyan ng status quo ante order. Pag-aaralan daw nila, pero natapos na po ang term ng nagsampa ng kaso ng tulad niyang mga kapwa-midnight appointee, wala pong nangyari, wala pong pagdidinig na nangyari.

Nilunok po natin lahat nang ito, dahil hindi natin pakay makipag-away; solusyon ang ating hinahanap. Ngunit mali nga po sigurong umasa kami ng patas na laban mula kay Ginoong Corona.

Hindi nagtagal, napatunayan na nga ang mga agam-agam: pagdating kay Ginang Arroyo, handa si Ginoong Corona na ikiling ang timbangan ng hustisya. Naglabas ng isang Temporary Restraining Order (TRO) ang Korte Suprema; muntik nang magtagumpay si Ginoong Corona na bigyan ng pagkakataon si Ginang Arroyo na hindi harapin ang mga alegasyon tungkol sa electoral fraud noong 2007. Mantakin po ninyo: Mula sa Las Vegas, bumalik pa dito sa bansa si Ginoong Corona para lamang pangunahan ang paglalabas ng TRO. Pinaaga nang Biyernes ang kadalasan ay Martes na en banc session. Walang oral arguments, hindi nabigyan ng sampung araw ang bawat panig para magpaliwanag. Siguro po kung nasunod ito, baka natiyak kung totooang maysakit nga si Ginang Arroyo. Nagbigay ng mga kundisyon ang Korte Suprema, ngunit kahit hindi ito nasunod ng mga Arroyo, ipinatuloy pa rin ni Ginoong Corona ang paghahain ng TRO.



Obligasyon po ng Ehekutibo na imbestigahan at sampahan ng kaukulang kaso si Ginang Arroyo. Subalit pinahirap, kundi man ginawang imposible ang pagsasampa natin ng kaso bago maubos ang taning ng prescriptive period doon po sa electoral fraud case.

Kung natuloysilang umalis, ang malamang na ginawa nila ay nagbakasyon lang habang maubos ang prescriptive period ng kasong isinampa sa kanila, at babalik sa panahon kung kailan hindi na sila puwedeng sampahan ng kaso. Mukhang hanggang nasa puwesto si Ginoong Corona—gaano man kalakas ang kaso, gaano man katibay ang ebidensya—ay hindi masasakdal ang kanyang padrino. Ito na nga po ang naging huli at sukdulan.

Naharap po tayo sa sangandaan: hahayaan ba nating manatili ang ganitong sistema kung saan nadadaan sa palusot ang katarungan, at naeengganyo ang mga kawatan na ituloy ang baluktot na pamamaraan, lalo na kung may-kapit sila sa kapangyarihan?

Halos buong bayan po ay sumubaybay sa paglilitis ni Ginoong Corona, at maliwanag na sa atin ang matibay na basehan ng impeachment. Muli, walang personalan sa laban na ito. Sariling mga pasya po ni Ginoong Corona ang nagbunsod sa paglilitis na ito. Siya ang pumiling hindi magdeklara ng katotohanan sa kanyang SALN. Siya ang gumamit ng kanyang pamilya para magpalusot sa kanyang salapi at ari-arian. Siya mismo ang nagkaladkad ng pangalan ng kanyang mga mahal sa buhay upang pagtakpan ang sariling mga kasalanan. Batid nating lahat: Si



Ginoong Corona ang kumatawan sa maruming bahagi ng ating hudikatura.

Ang pinakamalaking handog ng paglilitis na ito: Muli po nating napatunayan na posible palang makamit ang pagbabago. Posible palang magkaroon ng justice, at hindi puro “just-tiis” ang litanya sa ating bansa. Napatunayan nating mangingibabaw ang katotohanan, laban sa pagkukubli; mananaig ang tapat, laban sa tiwali; at magtatagumpay ang tama, laban sa mali. Higit sa lahat, napatunayan nating hindi pala ako nagiisa sa pagpasan ng adhikaing maisaayos ang ating sistema.

Nagpapasalamat po tayo sa buong Senate Impeachment Court, lalo na po kay Senate President Juan Ponce Enrile: kung ang bawat mahistrado po ay sing-talas ninyong mag-isip, at gaya ninyo ay walang kinikilingan, siguro po ay hindi na natin dinaanan ang kabanatang ito.

Sa ating prosecution team, sa pangunguna ni Congressman Niel Tupas, na hindi natinag sa kabila ng pagmamaliit at paninindak, nagpapasalamat din ako. Kay Congressman Rudy Farinas na nilinaw ang pilit pinalalabo ng depensa, salamat din. Sa mga private prosecutor na itinaya ang kanilang kabuhayan, at nilabanan ang pinakamataas na mahistrado, nagpapasalamat ako. Kay Speaker Sonny Belmonte, na minabuting tumindig bilang tinig at pinunong ganap ng institusyong nagpadala ng Articles of Impeachment sa Senado, salamat din po. Pati rin po sa defense panel ni Ginoong Corona, nagpapasalamat din ako. Sadya man o hindi, nakiambag kayo sa paglabas ng katotohanan. Nagpapasalamat po ako higit sa lahat sa taumbayan; kayo



pa rin po ang aming lakas, at habang patuloy ninyong ipinamamalas ang suporta sa ating agenda ng mabuting pamamahala, hindi po tayo mabibigo. Gaya ng pagtatanggal ng balakid na nakaharang sa ating tuwid na daan, kinailangan nating magtulong-tulong at mag-ambagan upang idiin ang nag-iisa nating mensahe: Sino ka man, gaano man kataas ang iyong katungkulan, kung nagkasala ka sa taumbayan, mananagot ka.

Ngayong matagumpay nating nabunot ang isang tinik sa pinakamataas na puwesto ng ating hudikatura, tapos na po ba ang laban? Kung totoo po ang paratang na pinersonal natin si Ginoong Corona, masasabing tapos na nga.

Pero hindi po natin siya pinipersonal; ang hangad natin ay ayusin ang sistema, kaya't hanggang mayroon pa ring mga nakaambang tanggalin ang piring ng katarungan, tuloy pa rin ang laban.

Pagtutuonan po natin ng pansin ang paghahanap ng may integridad, may sariling pasya, mahusay, at tapat na magtitimon sa atin pong hudikatura. Mayroon po tayong siyamnapung araw para pag-aralan ito; hindi po natin mamadaliin ang pagpili, dahil ayaw nating magkamali at bumalik na naman sa dating situwasyon.

Sa mga minamahal kong kababayan: muli, maraming salamat sa inyong pagtutok at pagsuporta sa ating agenda ng reporma. Nakita po natin: kung walang katarungang umiiral, hindi matatapos ang sigalot. Kinailangan nating pagdaanan ang prosesong ito, subalit ito ay unang hakbang para matiyak na



ang mga naghahari-harian, na para bang sila ang batas, ay mananagot din. Patas po ang laban; ang hangad natin ay puwedeng magkatotoo, basta't handa tayong tumaya, maninindigan, at ipaglaban ang tama.

Nakikita po ninyo kung paano tayo nananatiling tapat sa mandatong kaloob ninyo: Pinapatatag po natin ang sistema; ipinakikitang tunay na nakapiring ang Hustisya. Nagbubunsad na ito ng isang lipunang kung ano ang ipinunla ay siyang aanihin: Ang mabuti ay magbubunga ng mabuti, at ang kasalanan ay tiyak na pananagutan.

Muli, maraming salamat. Mabuhay ang sambayanang Pilipino.

Magandang gabi po.



**TALUMPATI NG
KAGALANG-GALANG BENIGNO S. AQUINO III
PANGULO NG PILIPINAS
SA ANIBERSARYO NG PROKLAMASYON NG
KALAYAAN NG PILIPINAS**

*[Inihayag sa Simbahan ng Barasoain, Malolos, Bulacan
noong ika-12 ng Hunyo, 2012]*

Magandang umaga po.

Executive Secretary Paquito Ochoa; excellencies of the diplomatic corps; Secretary Albert del Rosario; Secretary Voltaire Gazmin; Secretary Dinky Soliman; Secretary Rene Almendras; Secretary Edwin Lacierda; Secretary Ricky Carandang; Secretary Joel Villanueva; Chairman Francis Tolentino; Chair Maria Serena Diokno; Governor Willy Sy-Alvarado; Mayor Christian Natividad; Representative Marvic Sy-Alvarado; Representative Pedro Pancho; Representative Linabelle Villarica; Executive Judge Maria Theresa Arcega; General Jesse Dellosa, Chief of Staff; Service Commanders, General Manuel Bautista of the Philippine Army, Vice Admiral Alexander Pama FOIC, Lieutenant Lauro dela Cruz of the Philippine Air Force, Police Director



General Nicanor Bartolome, Vice Admiral Edmund Tan of the Coast Guard; fellow workers in government; honored guests; mga minamahal ko pong kababayan:

Talagang napakaganda ng umagang ito; magandang umaga sa inyong lahat.

Noon pong nakaraang taon, nagtipon tayo sa Kawit, Cavite, sa balkonahe ni Heneral Emilio Aguinaldo kung saan unang iwinagayway ang ating bandila. Doon, unang kumumpas ang martsang Lupang Hinirang, sabay sa pintig ng puso ng mga rebolusyunaryong Pilipinong, sa wakas, ay kalag na sa tanikala ng mga dayuhan. Doon, unang pinasinayaan ang karapatang makapamuhay nang malaya at nagsasarili ang bansang Pilipinas.

Ngayong umaga, ginugunita natin dito sa simbahan ng Barasoain—ang duyan ng ating Saligang Batas—ang ika-isandaan at labing-apat na taon ng proklamasyon ng kalayaan. Dito nagtipon ang mga kinatawan ng iba’t ibang probinsya upang magkasundo kung paano aarugain at payayabungin ang ipinaglaban nilang kalayaan. Dito itinatag ng Kongreso ang Unang Republika ng Pilipinas, gayundin ang pagpapatibay at pagpapatunay sa Konstitusyon ng Malolos, ang unang Republikanong Konstitusyon sa kabuuang Asya. Dito, napagpasyahan nilang panghawakan ang kinabukasan ng ating bansa, at patunayan sa mundong ang Pilipinas ay para sa Pilipino.

Noon pa man, mulat na ang ating mga ninuno sa prinsipyong bumubuhay sa ating demokrasya: ang ganap na kapangyarihan ay nagmumula at angkin



ng sambayanang Pilipino, kaya't sa kapakanan ng Pilipino rin ito dapat nakatuon. Pumili sila ng mga kinatawan, hindi para maghari at pagsilbihan, kundi para mamuno at itimon ang bansa tungo sa tamang direksyon, at paglingkuran ang karaniwang mamamayan.

Nang nagpunta sa Malolos ang pitumpung kinatawan mula sa iba't ibang probinsya, pangunahing bitbit nila ay ang mga adhikain ng sarili nilang mga lalawigan, at ang pangarap ng nag-iisang bayan. Inuna nila ito kaysa sa personal nilang interes. Nakaatang sa kanilang balikat ang obligasyon na isulat ang mga alituntunin na sinang-ayunan ng taumbayan, upang magsilbing gabay kung paano sila mamumuhay at makikitungo nang tama, patas, at makatarungan sa isa't isa.

Hindi nila tayo binigo. Matagumpay nilang ipinunla ang isang saligan na bukal ng katarungan, magtatanggol at magtataguyod ng kabutihan, at sisiguro sa pantay na karapatan para sa lahat.

Nang nagsisimula pa lang tayo bilang kinatawan ng Tarlac, naging sandigan ko na ang Saligang Batas. Lagi kong binabasa, pinag-aaralan at sinusuri ang mga probisyon nito. Bukod sa napapaloob dito ang mga batayan na dapat kong sundin bilang Pilipino, ginagabayan din ako nito kung paano ko magagawa nang mas mahusay ang obligasyon ko bilang lingkod-bayan.

Hindi ko maiwasang madismaya minsan, dahil matapos ang pinagdaanang ratipikasyon ng ating Saligang Batas noong 1935 at 1987, hindi pa rin nauubos ang mga walang pakundangan pa ring naghahanap



ng butas upang gamitin ito sa pansarili nilang kapakanan. May mga opisyal na harap-harapan kung lumabag sa batas, at harap-harapan ding tinatakasan ang pananagutan. Ang Konstitusyon na dapat ay natatakbuhan ng karaniwang tao ay nagiging laruan na lamang ng mga naghahari-harian. Kung umasta sila, animo’y hawak nila ang piring ng katarungan, para bang lisensyado silang palitan, bawasan, ibahin at baliktarin ang Konstitusyon.

Naging saksi ang buong bansa nang nilitis si Ginoong Corona, ang dating Punong Mahistrado. Inabot ng limang buwan ang prosesong ito. Gayumpaman, pinatingkad nito ang diwa ng ating demokrasya. Karapatan ng mga Pilipinong malaman ang katotohanan at maramdamang buhay ang demokratikong sistema sa bansa. Muli rin nitong idiniin sa ating mga lingkod-bayan na ang kapangyarihang ipinahiram sa kanila ni Juan dela Cruz ay may kaakibat na responsibilidad at pananagutan.

Kung tutuusin, naging talamak ang korupsiyon, hindi lamang dahil dumami ang naging sakim sa kapangyarihan, kundi dahil dumami rin ang bilang ng mga manhid at nagwalang-kibo. Naging pundido ang parola ng demokrasya dahil walang nagkukusang alagaan at panatilihin ang alab nito.

Ngayon pong nakabuwelo na ang ating bayan sa tuwid na landas, hindi natin hahayaan pang maligaw tayo sa dilim ng nakaraan. Gaya ng nakasaad sa Saligang Batas, sa taumbayan nag-uugat ang lakas ng ating bayan. Kaya’t makatarungan lamang na sila rin ang makikinabang sa bunga



ng ating mga pagsisikap. Kaya naman bawat repormang itinutulak natin—mula sa trabahong naihandog natin sa ating kababayan, hanggang sa pagtataguyod ng katarungang panlahat; mula sa pagkukumpuni ng sistemang panlipunan, hanggang sa matuwid na paggugol ng ating pananalapi—ay dapat sumasalamin sa prinsipyong pinagtibay sa loob mismo ng simbahang ito noong 1898.

Sa susunod na taon, ipagdiriwang natin ang proklamasyon ng araw ng kalayaan sa Pinaglabanan. At ang plano po natin ay sunod na gunitain ito sa Visayas, at maging sa Mindanao. Bakit taun-taon tayong lumilipat sa iba't ibang makasaysayang lugar? Upang iparamdam na ang ating kasarinlan ay hindi lamang nangyari sa Kawit, o dito sa Malolos, o sa Luzon lamang. Angkop lamang na maramdaman ng bawat Pilipino—mula sa mga pinakaliblib na bulubundukin, hanggang sa pinakamalalayong isla, kasama na rin ang mga kababayan nating nakikipagsapalaran sa ibayong dagat—na ang ipinagdiriwang tuwing ika-labindalawa ng Hunyo ay selebrasyong pambansa; na ang diwa nito ang araw-araw na nagpapaalab sa adhika nating maging malaya.

Tunay na demokrasya para sa lahat ng Pilipino: ito ang kaluluwa ng ating Konstitusyon; ito ang dugong dumadaloy sa puso ng ating malayang Estado. Tangan ang mandato ng Saligang Batas, hindi na natin hahayaang bukbukin, dungisan at gamitin ito ng kahit na sinuman para lamang manlamang sa kapwa at magpakasasa sa kapangyarihan.



Ito ang ipinapaalala sa atin ng Barasoain Church. Noong 1898, nagtipon ang ating mga ninuno dito sa Malolos upang itindig at patibayin ang ating Republika. Ito rin ang nangyari noong 1986 sa EDSA nang buwagin natin ang diktadurya. Ganito rin ang naganap sa halalan noong 2010 na nagbigay daan sa ating mga reporma. Patunay ang mga biyaya ng kasaysayan: makakamtan lamang ang tunay na kalayaan kung handa ang bawat isa sa ating magkakalyo ang talampakan, at diligan ng dugo't pawis ang ating lupang sinilangan. Taas-noo rin tayong maglakbay tungo sa isang Pilipinas na malaya, hindi lamang sa panggigipit ng mga dayuhan, kundi lalo na sa kurapsyon, gutom at kawalang-katarungan. Buwagin natin ang bartolina ng kadamutan at pagkakanya-kanya; kumalag tayo mula sa tanikala ng pagbabatuhang-sisi at pagwawalang-bahala. Ito ang kahulugan ng tunay na kalayaan.

Magandang araw po. Maraming salamat po sa lahat.



INDEX

- “It’s more fun in the Philippines”: 165, 196
 “Just-tiis”: 206
 Abu Sayyaf: 149
 ADB (Asian Development Bank): 191, 197
 Agriculture (Agrikultura): 165, 168-169, 196
 Al-Barka (in Basilan): 149
 Albert Del Rosario (Foreign Affairs Secretary): 209
 All-out justice: 150
 All-out war: 150
 APEC Summit: 34
 Arangkada Philippines Forum: 163, 165
 Armando Tetangco Jr. (Central Bank Governor): 31, 191
 Armed Encounter: 149
 AFP (Armed Forces of the Philippines / Sandatahang Lakas ng Pilipinas): 71-72, 52-53, 149,
 Armin Luistro (Education Secretary): 182
 Artemio Panganiban (former Chief Justice): 43
 Articles of Impeachment (Basehan ng Impeachment): 205-206
 Ateneo De Manila University: 84-87
 ARMM (Autonomous Region of Muslim Mindanao): 106-112,
 Baler-Casiguran road: 175
 Barasoain Church: 209-210, 213
 Basic Education (Edukasyon): 16, 60, 66, 86, 102, 182, 186-189
 see K to 12
 Benigno “Ninoy” Aquino, Jr.: 43-44, 48, 137
 Bill Synchronizing the Elections of the Autonomous Region in Muslim Mindanao with the National and Local Elections: 106-107, 111
 BIR (Bureau of Internal Revenue / Kawanihan ng Rentas Internas): 16
 Boss (the Filipino people): 20, 64-65, 70, 103, 121, 161
 BPO (Business Process Outsourcing): 90, 169
 BSP (Central Bank of the Philippines / Bangko Sentral ng Pilipinas): 31, 191
 Bureau of Customs: 16
 Cacao beans: 96
 Calamba (in Laguna): 99, 103
 CCT (Conditional Cash Transfer): 117, 125-128
 see Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps)
 Cesar Garcia (Secretary / National Security Adviser): 156
 Cesar Purisima (Finance Secretary): 191,
 CHED (Commission on Higher Education): 189-190
 Christmas Tree Lighting: 153
 Citizens Military Training: 85
 Classrooms (Silid-Aralan): 15, 82, 85, 128, 189
 Climate Change: 22, 24
 Club Filipino (in San Juan): 56
 Coffee beans (Kape): 43, 96
 COMELEC (Commission on Elections): 158
 Congress (Kongreso / Kamara de Representantes): 60, 86, 109, 114, 160-161, 193, 210
 Constitution (Saligang Batas / Konstitusyon): 38, 86, 138, 157, 159-160, 203, 210-213
 Corazon “Cory” Aquino (former Philippine President): 16
 Corregidor: 199-200
 DA (Department of Agriculture): 168
 Daylight: 33-34
 DBP (Development Bank of the Philippines): 167
 Democracy (Demokrasya): 13, 19, 21, 40, 44-46, 48, 50, 66-67, 107, 109, 138-



- 139, 141, 148, 157, 161, 181, 201-202, 210 212-213
- DENR (Department of Environment and Natural Resources): 96
- DepEd (Department of Education): 28, 128, 189-190
- DFA (Department of Foreign Affairs): 17
- Dictator (Diktador): 13, 45, 64, 86, 137-139, 148, 157, 214,
- Dictatorship (Diktadurya)
see Dictator
- Dina Abad (Congresswoman): 87
- Dinky Soliman (Social Welfare and Development Secretary): 123, 182, 209
- Doctors to the Barrios Program: 128
- DOH (Department of Health): 28, 128
- Dominguez brothers: 178-179
- Don Jaime Zobel De Ayala: 43
- DOST (Department of Science and Technology): 91, 131
- DOTC (Department of Transportation and Communication): 166
- DPWH (Department of Public Works and Highways): 167, 195
- DSWD (Department of Social Welfare and Development): 28, 125, 127-128,
- EDSA (Epifanio de los Santos Avenue): 46, 57, 63, 67, 138, 144, 214
- EDSA Revolution
see People Power Revolution
- Eduardo Angara (Senator): 35, 182
- Eduardo de Mesa (Secretary / Chief Presidential Legal Counsel): 156
- Edwin Lacierda (Secretary / Presidential Spokesperson): 209
- Efren Peñaflorida: 44
- El Filibusterismo: 103
- Electoral Fraud Case: 204-205
- Electoral Reform: 148
- Emergency Employment: 16
- Emilio Aguinaldo (former Philippine President): 210
- Environment (Kalikasan): 94-98
- Environmental Heroes Award: 97
- E.O. (Executive Order): 32, 81, 95, 102, 203-204,
- Faculty Development Fund: 41
- Fe Del Mundo, M.D. (National Scientist): 131-134
- Ferdinand Marcos (former Philippine President): 45, 63-64, 87, 138, 157, 160
- Fertilizer Scam: 17, 158
- Fidel V. Ramos (former Philippine President): 12
- Florencio “Butch” Abad (Budget and Management Secretary): 84, 87, 163,
- Fordham University: 135-136
- Foreign Investments: 31-32, 34, 80, 143, 164-165, 170, 197
- Fort del Pilar: 68-69, 72-73
- Franklin Drilon (Senator): 35, 40
- Freedom (Kalayaan): 46, 48-49, 101, 104, 107, 109, 174, 200-201, 209-210, 213-214
- GDP (Gross Domestic Product): 28
- General Appropriations Act: 118
- Gloria Macapagal-Arroyo (former Philippine President): 54, 107, 114-116, 159-160, 203-205
- GOCC (Government Owned and Controlled Corporations): 192-193
- Good Governance (Mabuting Pamamahala): 14, 18-19, 59, 65, 67, 97, 110, 121, 141, 194, 196, 207
- Gregory Domingo (Trade and Industry Secretary): 163
- Hilario Davide (former Chief Justice): 18, 35
- Human Rights Desk Operations Manual: 53
- IBM: 143-144
- Ibrahim Malat Sulayman (terrorist): 149
- Inclusive Growth: 141, 165, 169-170, 196
- Infrastructure (Imprastraktura): 16, 27-29,



- 79, 165-167, 169, 194, 196-197,
Investment Plan: 183
Iskolar ng Bayan: 36
Jejomar Binay (Vice-President of the
Philippines): 43, 71, 191, 199
Jesse Robredo (former Interior and Local
Government Secretary): 156
Joel Villanueva (Technical Education
Secretary): 182, 209
Joint Foreign Chambers of the Philippines:
163-164
Jose Rizal: 12, 43, 87, 99-105, 182
Joseph Estrada (former Philippine
President): 12
Juan Ponce Enrile (Senate President): 12,
109, 156, 206,
Julia Abad (Secretary / Presidential
Management Staff Chief): 87
K to 12 (Basic Education Program): 182,
186, 188
KALAHÍ-CIDSS (Kahirapan-
Comprehensive and Integrated
Delivery of Social Services): 127
Kawit (in Cavite): 210, 213
LAON-ALAB (Lakas, Tipon, Alagad ng
Bayan): 68-73
Leila de Lima (Justice Secretary): 18, 53,
156
Liberal Party (Partido Liberal): 56-57, 60-
61
Lilia de Lima (PEZA Director General):
163
LRT-1 South Extension: 167
LRT-2 East Extension: 167
Maguindanao Massacre: 46-47, 106, 113
Malacañan Palace (in Manila), 51, 106,
123, 149, 182, 202,
Malacañang Press Corps: 176
Malolos (in Bulacan): 200, 209-211, 213-
214
Manila Hotel (in Manila): 156
Manila North Road: 167
Mar Roxas (Interior and Local Government
Secretary / former Transportation
Secretary): 56, 166
Mario Montejo (Science and Technology
Secretary): 91-92, 131
Martial Law (Batas Militar): 44, 46, 49,
63, 66, 87, 157-158, 174
Marvic Leonen (Government Peace Panel
Chair): 35, 41
Midnight Appointee / Midnight
Appointments: 15, 203-204
MILF (Moro Islamic Liberation Front): 149
Millennium Development Goals: 24
Morong 43: 54
Mosquito Press: 45
MRT-7 Project: 167
NAPOCOR (National Power Corporation):
88
National Criminal Justice Summit: 156
National Greening Program: 94-97
National Library: 103
NDRRMC (National Disaster and Risk
Reduction Management Council): 89
NEDA (National Economic and
Development Authority): 31, 166,
175-176
NFA, National Food Authority: 115
NHA, National Housing Authority: 116
Nicanor Bartolome (Police Director
General): 156, 210
Noli Me Tangere: 103-104
Northrail Project: 40
ODA (Official Development Assistance):
167, 197
OFW (Overseas Filipino Workers): 17, 32,
164
OSG (Office of the Solicitor General): 89
OWWA (Overseas Workers Welfare
Administration): 17
PAGASA (Philippine Atmospheric,
Geophysical and Astronomical
Services Administration
Pandemics): 89
Pantawid Pamilyang Pilipino Program



- (4Ps): 123, 125
 Paquito Ochoa (Executive Secretary): 153, 209
 Pasay Regional Trial Court: 159
 PCSO (Philippine Charity Sweepstakes Office): 119-120
 Peace Process: 149-150
 People Power: 18, 26, 44-45, 63, 65, 67, 141, 144, 147
 Philhealth: 16, 28, 195
 Philippine Daily Inquirer: 43-46, 49-50
 PMA (Philippine Military Academy): 68-69, 71-72
 PNCC (Philippine National Construction Corporation): 119, 199
 PNP (Philippine National Police): 16, 47, 53, 64-66, 71, 116, 156, 179,
 POEA, Philippine Overseas Employment Administration: 17
 PPI (Philippine Press Institute): 172
 PPP (Public-Private Partnership Projects): 30-31, 79, 196
 Presidential Saber: 70
 Proceso Alcala (Agriculture Secretary): 17, 94, 118
 Progress (Kaunlaran): 23, 26, 32, 42, 51, 78-81, 83, 110, 129, 141, 146, 165, 169-170, 187, 194, 196-198
 Prospero Nograles (former House Speaker): 12
 PSALM (Power Sector Assets and Liabilities Management Corporation): 88
 Ramon Jimenez (Tourism Secretary): 43, 165
 Renato Corona (former Chief Justice): 202, 204-207
 Rene Almendras (Cabinet Secretary / former Energy Secretary): 209
 Rice (Bigas): 117-119, 168, 194
 Richard Gordon (former Senator): 35
 RN Heals Program: 128
 Rogelio “Babes” Singson (Public Works and Highway Secretary): 167
 Ronald Llamas (Secretary / Presidential Adviser for Political Affairs): 153
 SALN (Statement of Assets, Liabilities, and Net Worth): 205
 SCTEX Eastern Extension: 167
 SEA-K Program (Self-Employment Assistance-Kaunlaran): 127
 Senate (Senado): 12, 109, 160, 206
 Single Borrower’s Limit: 31
 Snap Election: 138
 Social Justice (Katarungang Panlipunan): 23, 60
 Social Spending: 144
 Sonny Belmonte (Speaker of the House): 109, 156, 172, 191, 206
 Sonny Coloma (Communications Operations Secretary): 172, 182
 Straight Path (Daang Matuwid): 29, 34, 114
 Supreme Court (Korte Suprema): 37, 41, 47, 156, 158-160, 202, 204
 Teresita Quintos-Deles (Secretary / Presidential Adviser on the Peace Process): 153-154
 Terrorism (Terorismo): 22
 TESDA (Technical Education and Skills Development Authority): 190
 Tourism (Turismo): 16, 31-32, 81, 165-166, 169, 196,
 T.R.O. (Temporary Restraining Order): 159, 204
 Truth Commission: 18, 158
 United Nations: 22
 Universal Declaration on Human Rights: 51
 Voltaire Gazmin (National Defense Secretary): 153, 209
 Wang-wang: 13, 20-21, 113
 ZTE-NBN Deal: 158

ABOUT THE PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS DEVELOPMENT AND STRATEGIC PLANNING OFFICE



The Presidential Communications Development and Strategic Planning Office (PCDSPO) was established as an “other executive office” under the Office of the President, created by Executive Order No. 4, which was signed by the President on July 30, 2010. The PCDSPO serves as the President’s chief message-crafting body.

The PCDSPO is mandated to provide strategic communication leadership and support to the Executive Branch, all agencies and instrumentalities of government; and to lead the strategic communication of government through the formulation and enforcement of a National Communications Policy, which ensures coherence of messages, as well as open and extended channels of communication between the government and the people.

ABOUT THE OFFICIAL GAZETTE

The Official Gazette is the official journal of the Republic of the Philippines. It has been in print since 1902 and is edited at the Office of the President by virtue of Commonwealth Act No. 638, as amended by the Administrative Code of 1987. On a weekly basis, it publishes Executive Issuances, Republic Acts, Judicial papers, and other government documents. During the Third Philippine Republic (1946–1972) it also published the President’s statements and a log of His Excellency’s activities.

In 2010, the Official Gazette went online, adopting the URL [www.gov.ph]. It went live on July 26, 2010, the day of President Benigno S. Aquino III’s first State of the Nation Address. It has since been updated regularly with speeches, reports, statements, press releases, and documents from the Office of the President and other departments. It has also revived the practice of logging the President’s official activities.

